# Ang Pag-asa Ng Kristiyano

*"...Si Cristo na sumasainyo, ang pag-asa sa kaluwalhatian"*

–Colosas 1:27

Norman Holmes

*"Ang Pag-asa ng Kristiyano"*

Copyright ©by Norman Holmes

1998, 2006

Used by Permission

All Rights Reserved

**Printed by:**

**ZION MINISTRIES**
**P.O. Box 161 Q-Plaza**
**1900 Cainta, Rizal,**
**Philippines**

To contact us:
Tel: (+63) 2 880-4558
Cell: (+63) 917-5382697, (+63) 998-5387054
Email: info@zionph.com
Website: www.zionph.com

# Table of Contents


## Unang Bahagi: Ang Kapahayagan ng ating Layunin bilang Kristiyano

ANG ESPIRITU NG KAPAHAYAGAN 4

ANG PAG-ASA NG KRISTIYANO 11

KAILAN MATUTUPAD ANG PAG-ASANG ITO? 18

ANG PANGITAIN NG SION 36

## Ikalawang Bahagi: Karunungan upang makamit ang Pag-asa ng Kaluwalhatian

ANG ESPIRITU NG KARUNUNGAN 46

TINAWAG, PINILI AT TAPAT 55

MGA KABAHAGI NG BANAL NA KALIKASAN 79

BALANSENG KARAKTER AT MINISTERYO 90

ESPIRITUWAL NA PAGKAHALO SA MINISTERYO 101

PAGPAPAUNLAD NG ESPIRITUWAL NA PAGKAUNAWA 115

ANG PAKIKIPAG-ISA SA KANYANG PAGHIHIRAP 126

MAMASDAN ANG PANGINOON 134

# *Unang Bahagi*

# ANG KAPAHAYAGAN NG ATING LAYUNIN BILANG KRISTIYANO

# Kabanata 1

## ANG ESPIRITU NG KAPAHAYAGAN

Upang maunawaan natin ang ating pag-asa at layunin bilang Kristiyano, kailangan natin ng kapahayagan mula sa Diyos. Ang taong di-espirituwal ay hindi kayang unawain ang maluwalhating plano ng Makapangyarihang Diyos sa pamamagitan lamang ng karunungan ng tao. Mababasa natin sa 1 Corinto 2:9-10*"Subalit tulad ng nasusulat, 'Hindi pa nakikita ng mata, o naririnig ng tainga, ni hindi pa sumagi sa isip ng tao ang mga bagay na inihanda ng Diyos para sa mga umiibig sa Kanya.' Ngunit ito'y inihayag na ng Diyos sa atin sa pamamagitan ng Espiritu"* Sa pamamagitan ng Banal na Espiritu lamang naihahayag ang mga plano ng Diyos.

Nililinaw rin sa atin ng Bibliya na ang Banal na Espiritu ay maraming pagpapahid o *anointings*upang maganap Niya ang Kanyang ministeryo. Ang partikular napagpahid na magpapakita sa atin ng pag-asa ng Kristiyano ay tinatawag na espiritu ng kapahayagan. Sa Efeso 1:17, ipinanalangin ni Apostol Pablo ang mga mananampalataya sa Efeso, *"Dumadalangin ako sa Diyos ng ating Panginoong Jesucristo, ang Ama ng kaluwalhatian, na ipagkaloob Niya sa inyo ang Espiritu ng karunungan at kapahayagan sa kaalaman sa Kaniya…upang malaman ninyo ang pag-asa ng Kanyang pagkatawag."* Natanggap na ng Iglesya ng Efeso ang Banal na Espiritu maraming taon na ang nakaraan (basahin sa Gawa 19:1-6),ngunit alam ni Apostol Pablo na kailangan nila nang higit pang maraming pagpapahid ng Banal na Espiritu upang makatulong sa kanilang ganap na paglagong espirituwal. Maaring tayo rin ay mga mananampalatayang puspos nang Banal na Espiritu sa loob ng maraming taon, ngunit kailangan nating manalangin para sa espiritu ng kapahayagan upang higit pa nating maunawaan ang pag-asa ng pagkatawag ng Panginoon sa ating buhay.

Ang ministeryo ng espiritu ng kapahayagan ay ang ihayag ang mga lihim at hiwaga ng Diyos.Sa Efeso3:3-6 sinabi ni Pablo, *"sa pamamagitan ng paghahayag, ipinaalam Niya sa akin ang hiwaga"*, upang *"ang mga Gentil ay magiging kasamang tagapagmana at kaisang katawan at kasamang kabahagi sa Kaniyang pangako na na kay Cristo"*. Ngayon, ang katotohanan na ang mga Gentil ay maaaring maligtas ay hindi na isang lihim. Ito ay karaniwang kaalamanna lamang sa ating kapanahunan, kung saanhalos ang Iglesya sa buong mundo ay binubuo ng mga Kristiyanong Gentil. Samantala, ang mga naunang mananampalatayang Hudyo ay nangangailangan pa ng kapahayagan mula sa Diyos (katulad ng nasa Gawa 10:9-16) bago nila maunawaan ang isang radikal na ideyang katulad nito. Sa parehong kaparaanan,

napakarami pang mga layunin ng Panginoon para sa ating hinaharap na hindi kayang maunawaan ng ating mga isipan malibang ipahayag sa atin ng Diyos ang mga ito sa pamamagitan ng espiritu ng kapahayagan.

## ANG PANGITAIN ANG NAG-UUDYOK SA ATIN

Sinasabi sa atin ng Kawikaan 29:18, "*Ang bansang walang patnubay ng Diyos ay puno ng kaguluhan*." Sa *King James*na pagsasalin, ito ay mababasa ng ganito - "*Kung saan walang pangitain, ang bayan ay sumasama*." Ang*The Message* na pagsaalin ay ganito naman ang sinasabi *"Kung ang mga tao ay hindi nakikita kung ano ang ginagawa ng Diyos, Sila'y nangadarapa sa kanilang mga sarili."* Ang kapahayagan ay nagbibigay sa atin ng pangitain, o ng layunin upang matamo ang isang bagay, ukol sa kung ano ang nais ng Panginoon na ganapin sa ating mga buhay. Kung walang makalangit na patnubay at layunin tayo ay magkukulang ng direksyon gayundin ng motibasyon sa ating kristiyanong pamumuhay.Tayo ay mawawalan ng pagpipigil na siyang magdadala sa atin sa pamumuhay na walang displina at walang pinatutunguhan. Bukod dito, kung ang mga tao ay kulang sa espirituwal na mga layuninmadalas na nakatuon na lamang sila sa natural na mga layunin ng kanilang mga buhay. Ito ay sa kadahilanang naglagay ang Diyos ng hangarin sa puso ng tao na magtagumpay at gumawa ng mga nakamamanghang mga bagay noong nilikha Niya ang tao na magkaroon ng kapangyarihang mamahala sa sanlibutan. (tingnan sa Genesis 1:26). Kaya kung wala tayong espirituwal na mga layuningdapat makamit, dito ang tao ay maaring nakatuon sa pagkamit ng makasanlibutang hangarin o di kaya ay namumuhay ng walang pinatutunguhan.

Ang mga tao sa buong mundo ay minimithi na maging tanyag na manlalaro, musikero, mang-aawit, o artista. Ang iba ay naglalayong maging matagumpayna negosyante o pulitiko. Ngunit, higit sa lahat ng mga ito,kailangan nating magkaroon ng pangitain sa walang hanggan at maluwalhating plano ng Diyos para sa ating buhay. Kung tayo ay magkakaroon ng makalangit na pangitain nang pagkatawag ng Panginoon, masusumpungan natin na ang pansariling layunin na gustong makamtan ng marami ay may kakaunting kabuluhan at panandalian lamang.Bilang halimbawa, tingnan natin ang pagkakaiba ng natural at espirituwal namga layunin na binanggit sa 1 Corinto 9:25, isinulat ni Pablo, "*Lahat ng manlalarong nagsasanay ay may disiplina sa lahat ng bagay upang magkamit ng isang gantimpalang panandalian lamang. Ngunit ang gantimpalang hinahangad natin ay panghabang panahon*."

Alam natin na maraming manlalaro ang nagbibigay ng maraming oras, lakas at pera upang manalo ng mga gantimpala. Isang *survey* ang ginanap sa isa sa mga Palarong Olimpiko nanaglalarawan kung gaanong

sakripisyo ang kayang gawin ng isang manlalaro. Ang magkakatunggali ay tinanong ng kung mayroong gamot na mag-gagarantiya sa kanila nggintong medalya, magiging interesado ba sila na inumin ito kahit na ang pangalawang epekto ng gamot ay mamamatay silasa loob nglimang taon. Nakakagulat ang resulta dahil ang karamihan sa manlalaro ay sumagot ng, “Oo!” Bagama’t ang mga medalya ng Palarong Olimpiko ay tubog lang sa ginto at nagkakahalaga ng halos animnaraang dolyares ($600), at ang kampeon ng Olimpik ay tatanggap lamang ng karangalan mula sa mundo, nakahanda pa rin silang ibigay ang kanilang buhayparasakatanyaganat tagumpay na lumilipas at magtatagal lamang ng ilang mga taon. Magkagayunman, ang bawat Kristiyano ay maaring maghanda para samas lalong higit at walang hanggang katumbas na kaluwalhatian!

Ito ay tumutulong na ipakita sa atin kung paanong ang pangitain o layunin ay umuudyok sa atin. Kung mas malaki ang layunin, lalong higit ang pagsasakripisyo na kayang tiisin ng isang tao upang makamit ang kanilang plano.  Ito ang dahilan kung bakit kailangan pa nating ng higit na kapahayagan mula sa Diyos. Ito ang mag-uudyok sa atin na tiisin ang mga paghahanda at batahin ang mga sakripisyo upang ating makamit ang pinakamataas na pagkatawag ng Diyos sa ating mga buhay. Kinakailangan nating maging katulad ng mangangalakal sa Talinghaga na nakatala sa Mateo 13:45-46. Noong nasumpungan ng mangangakal na ito ang perlas na mayroong malaking halaga, ipinagbili niya ang lahat ng kanyang ari-arian upang makuha niya ito. Sa katulad na paraan, kailangan din nating makahanap ng isang pambihira at mahalagang bagay sa kaharian ng Diyos kung saan natin ilalaan ang ating mga buhay at kayaman upang makamtam lamang ito.Si Martin Luther ay nasumpungan ang kayamanan ng pagiging matuwid sa pamamagitan ng pananampalataya, habang si John Wesley naman ay natuklasan ang kaginhawaan sa pamumuhay ng may kabanalan.Sila ay nagtiis ng matinding paghihirap upang ganapin ang kanilang mga ministeryo dahilan sa kadakilaang ipinakita sa kanila ng Diyos.

Sa ibayo pang mga taon ng ating kasalukuyung buhay at ministeryo, Ang Diyos ay mayroon ng higit na dakilang mga plano para sa atin. Sinabi ni Pablo, “*Para sa akin, ang mga pagtitiis natin sa kasalukuyan ay hindi maihahambing sa kaluwalhatiang mahahayag sa atin balang araw.”*Roma 8:18. Si Pablo ay maaaring nakasulyap ng isang maluwalhating pag-asa ng mga Kristiyano sa panahong darating,kung kaya’t ang lahat ngkanyang mga pagtitiiskatulad ng tatlong beses na mga paghagupit, tatlong beses dumanas ng paglubog ng barko, tumanggap ng isangdaan, siyam napu’tanim na mga palo (196), at maraming beses nang pagkakakulong (tingnan sa 2 Corinto 11:23-28)– ay itinuring niyang walang kabuluhan.

At sahuling sandali ng kanyang buhay, ipinahayag ni Apostol Pablo nang may katagumpayan, "*Pinagbuti ko ang aking pakikipaglaban, natapos ko na ang dapat kong takbuhin, at nanatili akong tapat sa pananampalataya. Makakamtan ko na ang koronang nakalaan sa mga matuwid. Sa Araw na iyon, ang Panginoon na siyang makatarungang Hukom, ang siyang magpuputong sa akin ng korona; hindi lamang sa akin, kundi sa lahat ng nananabik sa Kanyang pagbabalik.*"

2 Timoteo 4:7-8. Sinasabi sa atin ni Pablo na ang isa sa kanyang panghabang-buhay na gantimpala ay ang putong ng katuwiran, na higit na mas maluwalhati at mas mahalaga kaysa sa kumukupas na putong na dahon ng oliba na pinaghihirapan kunin ng mga manlalaro sa Palarong Olimpiko noong kapanahunan niya. Ngunit dito ay sinabi rin ni Pablo na kaya ding matamo ng bawat Kristiyano ang panghabangbuhay na gantimpala! Mayroong maluwalhating pagkakatawag na inaalok sa bawat anak ng Diyos.

## ANG PANGITAIN AY NAGBIBIGAY NG DIREKSYON

Ang pangitain o pagkatawag ay nagbibigay din sa atin ng direksyon. Hindi natin magagawa ang lahat ng ating pinapangarap na gawin sa ating mga buhay. Ang isang bata ay maaring mangarap na siya ay magingisang doktor, piloto, alkalde, o taga-pamuno sa hukbo. Ngunit kapag sinubukan niyang gawin ang lahat nang ito, marahil ay wala siyang matutupad kahit isa! Kailangan natin ng pangitain ng kung ano ang nais gawin ng Panginoon sa ating mga buhay upang doon natin maituon ang ating pansin at disiplinahin ang ating mga sarili patungo sa pagtupad nang tiyak na plano ng Diyos. Sa 2 Timoteo 2:3-4 sinasabi sa atin na ang mabuting sundalo ay hindi dapat isinasangkot ang kanyang buhay sa mga bagay na maaaring maging hadlang sa pagtupad niya sa kanyang tungkulin. Tulad ng isang mamamana na naglalayong matumbok ang sentro ng kanyangtudlaan, dapat rin nating maging layunin na marating "*ang hangganan ng takbuhin para sa gantimpala ng mataas na pagkatawag sa atin ng Diyos na na kay Cristo Jesus,*" Filipos 3:14. Ang hindi pag-abot nito ay kasalanan, dahil sa wikang Griyego, ang salitang 'hamartia' sa *kasalanan*, ay nangangahulugang hindi natin natumbok ang ating layunin!.Nawa ay tulungan tayo ng Panginoon na huwag magkasala at hindi maabot angkaluwalhatian ng Diyos,sa halip ay matumbok natin ang dahilan nang pagkalikha sa atin.

Kung tayo ay bibigyan ng Panginoon ng kapahayagan patungkol sa Kanyang mga plano para sa ating buhay sa darating na panahon, ito ay makakatulong sa atin na magkaroon ng motibasyon at pokus sa paghahanda ng ating mga sarili. At kung gaano kabilis at lubos ang ating paghahanda, nawa'y maging karapat-dapat tayo sa pagtupad sa ating dakilang pagkatawag.

Atin itong tingnan sapananaw ng isang hukbo. Bahagi ng plano ng Diyos ay ang Kanyang paghahanda sa espirituwal na hukbo na magdadala nang pagbabagong-buhay at kaligtasan sa lahat ng mga bansa. Maaring ipahayag sa atin na tayo ay tinawag na maging kabahagi ng hukbo, ngunit angtanong ay sa anong posisyon at gantimpala tayo magiging karapat-dapat para dito?

Sa isang hukbo mayroong prosesong dinadaanan ang isang kawal na ayon sa patakaran ng antas, mula sa karaniwang sundalopatungo sa ranggong korporal o kabo hangang sa pagiging sarhento. Maraming taon ang kinakailangan sa paghahanda atkakaunti lamang ang nakakarating sa pagiging koronel at heneral. Ngunit sa pagsisimula nang digmaan, madadagdagan ang mga bagong sundalona sasalisa hukbo. Itong mga sundalona kulang pa sa kasanayan ay magiging ordinaryong sundalo. Sa magkaparehong panahon, ang mga naghandang sundalo ay itataas ang ranggo upang mamuno sa mga bagong sundalo. Ang mga sundalong may sapat nangkaranasan sa pakikidigma ay maaaring itaas sa ranggo sa maiksing panahon. Noong *American Revolutionary War*, may isang araw na itinaas ni George Washington ang tatlong kapitan upang maging mga heneral!

Sa Awit 110:3 *"Ang bayan mo'y naghahandog ng kusa sa kaarawan ng iyong kapangyarihan."* Sa ibang pagsasalin, *"Sa araw ng iyong digmaan."* Ito ay nangungusap patungkol sa araw nang *revival*kung saan pipiliin ng maraming tao na sumunod sa Panginoon. Sila ay katulad ng mga bagong sundalo sa hukbo na kailangang magsimula bilang ordinaryong sundalo. Ngunit yaong mga may pangitain na umanib at nagsanayng mas maaga ay matatagpuan ang kanilang mga sarili na nakahandang maitaas sa ranggo. Ang mga namumuno sapag-aaral ng bibliya ay maaring maging mga pastor, at ang mga nagbabahagi nang kaligtasan ay maaring maging mga ebanghelista! Kaya naman ayaw nating hintayin na lamang ang araw ng kapangyarihan ng Diyos bago tayo 'sumali sa karamihan na tumugon na'. Kung tayo ay binigyan na ng Diyos nang pangitain sa kung ano ang mangyayari sa hinaharap, kailangang ilaan na natin ang ating mga sarili sa paghahanda para dito *ngayon.* Sa pagganap nito ay masisiguro natin ang karangalan sa pagtupad ng ating pagkatawag sa Panginoon, upang hindi lamang tayo namumunga nang tig-tatatlumpu o tig-aanimnapu bagkus sa Kanyang biyaya ay maging Kristiyano tayong namumunga nang tig-iisang daan.

## KAILANGANG MAGING KARAPAT-DAPAT TAYO SA KAPAHAYAGAN

Malinaw na inihayag ng Bibliya na hindi lahat ay magkakaroon ng kapahayagan sa maluwalhating plano ng Diyos. Sa Mateo 7:6 sinabi ni Jesus sa Kaniyang mga disipulo, "*Huwag ninyong ibigay sa mga aso ang mga bagay na banal, baka pagkatapos ay kayo pa ang balingan at sakmalin nila. Huwag ninyong ihagis sa baboy ang inyong mga perlas sapagkat yuyurakan lamang nila ang mga iyon."* Sinasabi sa atin ni Jesus na ang mga makasalanang tao ay hindi nararapat na pakitaan nang mga kahanga-hangang bagay ng Diyos, tulad nang hindi mo pagbibigay ng perlas sa mga baboy. Ang isang kawanng mga matatakaw nababoy ay lalapit sa isang tao na magbibigay sa kanila ng anumang bagay, umaasang mauna ang kanilang mga nguso sa pagkain na magpapasaya sa kanila. Kapag binigyan mo sila ng perlas, wala silang kakayahan maunawaan ang kahalagahan at gamit nito. Kakagatin lamang nila at malalamang ito ay matigas at walang lasa tulad ng bato, kaya't kanila itong iluluwa sa putikan at susugurin ka nila para hanapin ang pagkain na nais nila! Gayundin, hindiibig ng Diyos na ipahayag ang yaman ng Kanyang mga salita sa mga taong aalispusta at hindi tatanggap nito. Ang kapahayagan ng Kaniyang maluwalhating mga plano ay ipagkakatiwala lamang sa mga taong magpapahalaga at magsisikap na gamitinito sa anumang nakalaang layunin nito.

Naaayon rin dito, sinasabi ng Kawikaan 25:2, "*Kaluwalhatian ng Diyos na balutin ng hiwaga ang lahat ng bagay, at karangalan naman ng hari na ito'y saliksikin.*." Naluluwalhati ang Diyos na balutin ng hiwaga ang Kanyang mga panukala laban sa mga mangaalipusta at lalapastangan nito. Ngunit sino ang karapat-dapat nasumaliksik ng mga ito? Ang Kaniyang lihim ay para sa mga hari, para sa mga nagsipagtamo ng karunungan at ng responsibilidad. Sila ang mga magbibigay halaga at gagamit sa mga dakilang bagay na ipahahayag ng Diyos. Sa kanila ibibigay ang kakayahan na makapagsaliksik ng mga lihim na bagay ng Panginoon at makakamit ng higit pang kaluwalhatian. Gaya nang sinasabi ng ating Panginoon, "*Ito ay sapagkat walang anumang nakatago na hindi mahahayag. Wala ring anumang lihim na hindi malalaman at maliliwanagan. Mag-ingat nga kayo sa inyong pakikinig sapagkat sa sinumang mayroon, siya ay bibigyan pa. Sa sinumang wala, maging ang inaakala niyang sa kaniya ay kukunin pa sa kaniya,*" Lukas 8:17-18.

Makikita natin kung paano natutunan ni Solomon ang katotohonang ito sa Kawikaan 25:2 noong siya ay bagong hari pa lamang. Sa panahong iyon, sinubok ang kanyang pamumuno ng isang matinding suliranin, ito ay ang magbigay nang makatuwirang paghatol sa dalawang babae na parehong umaangkin na sila ang ina ng nag-iisang sanggol. Matapos ang kanyang mariing pagsaliksik at paghatol ng may katuwiran,

nagdala ito ng higit nakarangalan sa kanya, na siyang naging dahilan upang igalang ng iba pang mga bansa ang kanyang pamumuno.

Subalit ang kawikaang ito ay hindi lamang para sa mga hari at pinuno dito sa lupa. Ito ay upang himukin ang mga Kristiyano, dahil tayo ay tinawag rin na mangasiwa at maghari kasama ni Jesucristo. Kasama sa paghahanda para sa ating pamamahala ang pagsisikap na saliksikin ang mga hiwaga ng Diyos. Ang higit na kapahayagang ating matatanggap ay magdudulot din sa atin ng higit na kakayahang makapagpamuno. Kaya kung nais nating maging dakila sa kaharian ng Diyos, bahagi nang proseso ay matutunan nating saliksikin ang mga hiwagang Diyos sa pamamagitan ng espiritu ng kapahayagan.

# Kabanata 2

## ANG PAG-ASA NG KRISTIYANO

Sa Efeso 4:4, isinulat ni Apostol Pablo na mayroon tayong "*isang pag-asa ng ating pagkatawag."* Ang mga plano ng Diyos sa bawat mananampalataya ay patungosa iisang tunay na layunin, saiisangtiyak na hangarin. Hindi nagbagoang Diyos, at hindi kailan man magbabago ang Kanyang layuninsa paglikha Niya sa tao. Hindi ikinagulat ng Diyos ang pagkakasala ni Adan upang kaagad Siyang mag-isip nang ikalawang plano para dito! Hindi, mababasa natin sa aklat ng Efeso na tayo ay itinalaga at pinili na noon pa mang una Niyang likhain ang mundo (Efeso 1:11 at 1:4). Ang Diyos ay nagplano ng iisang pag-asa o layunin para sa bawat Kristiyano!

Iba't-ibang mga talata sa Bibliya ang makakatulong na ilarawan kung ano nga ba ang pag-asang ito ng Kristiyano. Sa Colosas 1:27 sinasabi sa atin na "*si Kristo na sumasainyo, ang pag-asa sa kaluwalhatian.*" Sa Roma 8:29 sinabing tayo "*ay itinalaga rin Niya nang una pa na maging kawangis ng Kaniyang Anak.*" Isinulat ni Pedro na tayo ay makakakabahagi "*makabahagi sa banal na kalikasan ng Diyos,*" 2 Pedro 1:4. Masiglang ipinahayag ni Apostol Juan sa 1 Juan 3:2, na "*tayo ay magiging katulad Niya,*" at sa Hebreo 2:10 ipinahayag sa atin na ang hangarin ng Diyos Ama aymagdala ng "*maraming mga anak sa kaluwahatian*." Kung ilalagay natinang lahat ng ito sa simplengpananalita, ang *pag-asa ng Kristiyano ay ang si Kristo na nasa atin ay unti-unting babaguhin tayo patungo sa pagigingganap na mga anak ng Diyos sa kaluwalhatian*!

Kailangan natin ang espiritu ng kapahayagan upang maunawaannatin kung gaano kadakila itong pag-asa ng kaluwalhatian, na tayo ay mababago ayon sa wangis ni Kristo. Ang ating pag-asa at layunin bilang Kristiyano ay higit pa sa pagiging ligtaslamang mula sa impiyerno at makaratingsa langit. Ang pagkakaroon ng matagumpay na ministeryo at ang maging handasa pamumuno sa milenyo ay mga magagandang bagay na maari din namang pagsikapang matamo ng isang Kristiyano, ngunit kailangan nating makita na may mas mataas na pagkatawag ang Diyos na higit pa sa mga bagay na ito!

| ANG PAG-ASA NG KRISTIYANO: | |
|---|---|
| Colosas 1:27 | Si Cristo na sumasainyo, ang pag-asa sa kaluwalhatian |
| Roma 8:29 | Maging kawangis ng Kaniyang Anak |
| II Pedro 1:4 | Makabahagi sa banal na kalikasan ng Diyos |
| I Juan 3:2 | Tayo ay magiging katulad Niya |
| Hebreo 2:10 | Magdala ng maraming anak sa kaluwahatian |

Hindi binago ng Diyos ang Kanyang mga plano para sa tao mula noong una pa man Niyang sinabi, "*Lalangin Natin ang tao sa Ating larawan, ayon sa Ating wangis*" sa Genesis 1:26. Totoo na ang pagkahulog ng tao sa kasalanan ay nagdulot sa bawat isa atin ng makasalanang kalikasan ni Adan. Subalit, sa pamamagitan nang pagkatubos ni Kristo sa ating mga kasalanan maari na tayong maligtas at mabago mula sa "kaluwalhatian tungo sa kaluwalhatian" hanggang sa maging kawangis tayo ni Kristo, 2 Corinto 3:18.

## ISANG PERSONAL NA PATOTOO

Malinaw pa sa aking alaala noong ako ay bata pang Kristiyano,at sinimulan nang buksan ng Diyos ang aking espirituwal na pang-unawa sa kadakilaan nang pagkatawag Niya sa aking buhay.Isang umaga, ako ay naglalakad sa isang tahimik na lansangan, sinasamba at iniibig ng buong puso ang aking Ama sa Langit, biglang natagpuan ko ang aking sarili na ako ay kinuha at dinala sa langit,nakatagong kasama ni Kristo sa kanlungan ng Diyos Ama. Doon ay aking pinagmamasdanang kaluwalhatian na binigay ng Ama kay Kristo bago pa man nilikha ang mundo – isang kaluwalhatian na pumupuno sa kalangitan. Ngunit ang Kanyang pansinhabang Siya ay naihahayag sa kaluwalhatiang ito ay hindi nakatuon sa langit, kundi Siya ay nakatingin pababa. Sa pamamagitan ni Kristo, Siya ay tumitingin pababa, lampas sa mga bituin at kalawakan – pababa sa ating planeta, at higit na nakatinging pababa sa isang tao na naglalakad sa lansangan at sumasamba sa kanyang Amang nasa Langit. Habang ako ay nakatago kasama ni Kristo sa Diyos,narinig ko ang Dakilang Kaluwahatiang tinigng Ama habang Siya ay nakatingin sa taong ito at Kanyang ipinahayag ng maypagmamahal at paghanga bilang isang ama, "*Ito ang pinakamamahal Kong Anak na lubos Kong kinalulugdan*." (Ang ilang mga talata sa Bibliya na nakatulong sa akin upang maipaliwanag ang pangitaing ito ay ang Juan 17:24, 2 Corinto 12:2-4, Juan 1:18; Juan 17:5 & 22, Mateo 17:1-5, at 2 Pedro 1:17-18.)

Matapos ang karanasang ito, aking napagtanto na sinabi sa akin ng Diyos Ama ang parehong mga salita na Kanyang sinabi kay Hesu-Kristo. Sa Mateo 4:17 sa panahong si Kristo ay binabautismuhan sa tubig, at muli sa Mateo 17:5 sa Bundok ng Pagbabagong-Anyo (*Mt. of Transfiguration*), sinabi ng Ama, "*Ito ang pinakamamahal Kong Anak na lubos Kong kinalulugdan*." Bilang isang bagong Kristiyano na lumalakad sa Panginoon ng may apat na buwan pa lamang, nahirapan ang aking isipang unawain kungpapaanong nasabi sa akin ng Diyos Ama ang mga salitang Kanya lamang nabanggit kay Kristo sa Biblia. Habang ang aking likas na kaisipan ay nahihirapang makaunawa ng mga bagay na ito, ang akin namang espiritu ay masiglang sumang-ayon at niyakap ang alaala ng kaluwalhatiang aking nakitaat at ang pag-ibig ng Ama na aking naranasan habang sinasabi Niya ang mga katagang iyon. Lumipas pa ang maraming buwan bago ko lubusang naunawaan ang lawak ng kapahayagang ito na ipinakita sa akin sa napakaikling sandali.

Noong panahon na natanggap ko ang pangitaing ito, ako ay isang kabataang bago pa lamang nakasumpong ng kaligtasan, isang dating rakistang musikero at rebelde sa lipunan. Ngayon, sa loob ng halos tatlumpung taon na nakalipas, akoay isa ng misyonerona nanagsasanay ng maraming mga Pastor, at nagsusulat ng mga aklat na binabasa sa iba't ibang panig ng mundo. Ano nga ba ang radikal na nakapagbago salandas ng aking buhay? Katulad nang pagdaloy ng isang malakas na kuryenteng hahatak *(magnetize)*ng metal na nasa kanyang paligidat sa isang saglit lamang, walang hanggan itong tututro sa hilaga, gayundin naman itong aking karanasan na "*Si Cristo na nasa inyo ang pag-asa ng kaluwaltian*" ang nagpanatili kailanman sa aking espiritu na tunguhin ang layunin para sa gantimpala ng mataas na pagkatawag ng Panginoon sa aking buhay.

Sa maraming kaparaanan ang Panginoon ay kayang ipahayag sa bawat mananampalataya kung ano anghinaharap na pag-asa ng Kristiyano. Maaring ito ay sa pamamagitan nang mga panaginip at mga pangitain, habang nagbabasa ng Bibliya, o sa pakikinig nang pangangaral. Sa paanong paraan pa man itodumating, kailangang matutunan natingmanalangingaya ni Apostol Pablo para sa mga mananampalataya sa Efeso, *"Dumadalangin ako sa Diyos ng ating Panginoong Hesucristo, ang Ama ng kaluwalhatian, na ipagkaloob Niya sa inyo ang espiritu ng karunungan at kapahayagan…upang malaman ninyo kung ano ang pag-asa saKaniyang pagtawag at kung ano ang yaman ng kaluwalhatian ng kaniyang pamana sa mga banal."*

## ANG WALANG HANGGANG PLANO NG DIYOS

Ang pag-asang ito (na tayo ay mababago ayon sa wangis ni Kristo at magiging mga anak Niya sa kaluwalhatian) ay nananatili pa rin na plano ng Diyos Ama. Inihayag Niya ang panukalang ito noong sinabi Niya sa paglikha ng tao sa Genesis 1:26, *"At sinabi ng Diyos, Lalangin natin ang tao sa Ating larawan, ayon sa Ating wangis."* Upang kumpirmahin ang katotohanang ito, inihayag sa talaan ng lahi ni Kristo sa Lukas 3:38 na si Adan ay *"anak ng Diyos"*

Kung hindi nagkasala sina Adan at Eba, sila at ang susunod nilang salinlahi ay mananatiling mga anak ng Diyos, katulad sa Kanyang wangis, tulad ng kung paano unang nilikha ang tao. Ngunit matapos mahulog sa kasalanan, sina Adan at Eba ay pinagbawalang kumain sa puno ng buhay at pinalayas sa Hardin ng Eden. Itong pagkakawalaysa Diyos at ng makasalanang kalikasan ni Adan ay parehong naipasa sa lahat ng mga salinlahi. (basahin sa Roma 5:12-19 at Mga Awit 51:5).

Sa Juan 8:41-44 mababasa natin kung paano sinawayng Panginoong Hesus ang mga relihiyosong Hudyo sa kanilang maling paniniwala na ang Diyos ang kanilang ama. Sinabi ni Kristo sa kanila, "*Kayo ay sa inyong ama, ang diyablo*" dahil "*ginagawa ninyo ang mga gawa ng inyong ama.*" Ang kasalanan ang naglalagay sa tao sa ilalim ng kapangyarihan ni Satanas, at dahil dito, ang isang taong makasalanan ay mapapabilang saespirituwal na pamilya ng diyablo. Ang maling pagkakaintindi sa katotohanang ito ang siyang dahilan kung bakit napakarami pa rinang mayroong lihis na paniniwala na sila ay bahagi ng pamilya ng Diyos. Maraming mga bulaang relihiyon at mga kulto ang naghahayag na silang lahat ay "*mga anak ng Diyos*" sapagkat sa pasimula ang Diyos ang manlilikha at Ama ng sangkatauhan. Maliban na lamang na kilalanin nila ang kahihinatnanng mga kasalanan, at magbalik-loob sa Panginoon sa pamamagitan ng kaligtasan ni Hesu-Kristo, ang salita ng Diyos para sa kanila ay mananatiling, "*kayo ay sa inyong ama, ang diyablo.*"

Ngunitatin nang nabanggit na ang pagkahulog ng tao sa kasalanan ay hindi ikinabigla ng Diyos paramapilitan Siyang gumawa ng panibagong plano. Bago pa nilikha ang mundo, ang Diyos sa Kanyang kaalaman sa simula pa lamang ng lahat ng bagay ay nagpasya na kung paanongang Kanyang plano sa tao ay maaring maganap. Alam na Niyana ang tao noong Kanyang likhain ay hindi mananatiling tapat na Kanyang mga anak; sa halip ay mamatayespirituwal dahilan sa mga pagsalangsang at mga kasalanan, Efeso 2:1. Alam ng Diyos na kailangang mamatay ni Kristo upang maging kabayaran sa ating mga kasalanan. Tinawag si Kristo bilang, "*ang Korderong pinatay mula ng itatag ang sanlibutan,*" Pahayag

13:8. Dahil sa kaalaman ng Diyos sa simula pa lamang ng mangyayari sa buong mundo, ang pag-aalay ni Kristo ng Kanyang sarili ay itinuring ngkailangan at napagpasyahan na bago pa lamang nilikha ang tao! Mababasa din natin na mula pa sa paglikha ng mundo, ang Ama ay nagpasya na na tayo ay tubusin sa ganang Kanya, Efeso 1:4-6, "*Bago pa likhain ang sanlibutan, pinili na niya tayo upang maging kanya sa pamamagitan ng ating pakikipag-isa kay Cristo, upang tayo'y maging banal at walang kapintasan sa harap niya. Dahil sa pag-ibig ng Diyos, tayo'y kanyang pinili upang maging anak niya sa pamamagitan ni Jesu-Cristo. Iyan ang kanyang layunin at kalooban. Purihin natin siya dahil sa kanyang kahanga-hangang pagkalinga sa atin sa pamamagitan ng kanyang minamahal na Anak!*"

Kaya nga't sa buong kasaysayan, patuloy ang Diyos sa pagtubos at pagpapanumbalik sa mga nananampalataya sa Mesias, ang ating Panginoong Hesus. Inulit ni Apostol Pablo mula sa Propetang Hosea kung paano na mula sa mga Hentil at sa mga Hudyo, "*At mangyayari, na sa dakong pinagsabihan sa kanila, kayo'y hindi ko bayan, Ay diyan sila tatawaging mga anak ng Dios na buhay.*" Roma 9:26. Ang mga nanampalataya sa Panginoong Hesu-Kristo ngayon ay bumalik na sa orihinal na plano ng Diyos, na sila ay karapat-dapat na tawaging mga anak ng Diyos.

Ito ang pag-asa ng Kristiyano na maari na nating lakaran ngayon. Ang Salita ng Diyos ay inihahayag sa bawat Kristiyanong ipinanganak na muli, "*Tingnan ninyo kung gaano kalaki ang pag-ibig sa atin ng Ama! Tinatawag tayong mga anak ng Diyos…Minamahal, mga anak na tayo ng Diyos ngayon, ngunit hindi pa nahahayag ang magiging kalagayan natin. Ngunit alam nating sa pagdating ni Cristo, tayo'y magiging katulad niya, sapagkat makikita natin kung sino talaga siya. Kaya't ang sinumang may ganitong pag-asa kay Cristo ay nagsisikap na maging malinis tulad niyang malinis."* 1 Juan 3:1-3. Habang tayong mga anak Niya ayhindi pa maituturing na ganap, binigyantayo ng pag-asamula sa banal na kasulatan, na tayo ay maaaring magpatuloy na mabago hanggang tayo ay maging katulad ng ating Panginoong Hesu-Kristo.

Ang walang hanggang plano ng Diyos – na maghanda ng isang malaking pamilya ng Kanyang mga anak - ay magiging lubos sa panahong darating matapos ang paghahari ni Kristo sa milenyo dito sa mundo. Sa pasimula ng bagong langit at bagong mundo, sinabi ng Diyos sa Pahayag 21:7, *"Ang magtatagumpay ay magmamana ng lahat ng bagay. Ako ay kaniyang magiging Diyos at siya ay magiging anak ko."* Sa panahong ito, ang bawat Mananampalataya ay makakapasok at magkakamit ng kabuuan ng kanilang mana at magiging mga anak ng Diyos, para sa kapurihan ng Kaniyang biyaya sa pagtubos!

## SI HESU-KRISTO AY MANANATILING NAKATATAAS SA LAHAT

Habang ang bawat isa sa atin ay nagagalak sa maluwalhating pag-asang ito, kailangan din nating pag-aralang mabuti ang katotohanan kung paano tayo magiging mga anak ng Diyos. Napakahalaga na maunawaan natin kung paano mabalanse ang kadakilaan ng ating Panginoong Hesu-Kristo, *ang tanging* Anak ng Diyos, sa kahanga-hangang pagkatawag sa bawat mananampalataya na magiging *mga anak* ng Diyos.Sa katunayan, ang ilang mga Kristiyano ay hindi naging balanse ditokung saan itinuturing nila ang kanilang mga sarili na 'maliliit na diyos' at kapantay ni Kristo.Ang ganitong uri ng makademonyong kapalaluan at pagkadaya ay naging sanhi para sa iba na magkaroon ng labis na reaksyon at mabilang sa panig ng kawalan ng balanse. Sila ay tumalikod at nagsabing, "Kayo ay nangangaral ng maling pananampalataya, walang magiging 'mga anak ng Diyos!' Isa lamang ang Anak ng Diyos! Itinataas ninyo ang inyong mga sariling lamanat nagkakasala sa pagsamba sa mga diyus-diyosan!" Kailangan nating maunawaan ang balanse ng kung paanongang maluwalhating plano ng Diyos para sa Kanyang mga anak (*Si Cristo na nasa inyo, angpag-asa sa kaluwalhatian*) ay hindi sa anumang paraanmakapagpapabagosa natatangi at kataas-taasang kaluwalhatian ng Panginoong Hesu-Kristo. Ang ating Panginoong Hesu-Kristo ay laging mananatiling pinakamataas at pinakatangisa lahat ng Kanyang mga kapatid.

Ang unang dahilan kung saan si Hesu-Kristo ay higit na dakila sa lahat ng Kanyang mga kapatid ay ang namuhay si Hesu-Kristo ng walang kasalanan, habang tayong lahat ay nagmana ng makasalanang kalikasan ni Adan.Magmula sa panahon na siya ay ipinagbuntis si Kristo ay hindi nagkasala, kung kaya't ang Anghel Gabriel saLucas 1:35 ay tinawag Siyang "*Ang Banal ay ipapanganak,"* Habang sa 2 Corinto 5:21 tinawag si Kristo na *"Siya na walang kasalanan".*Ang kaibahan naman sa Kaniyang walang dungis na buhay, ang bawat isang tao ay nagmana ng makasalanang katauhan ni Adan na ating ninuno. Sinulat ni David sa Awit 51:5, *"Ako'y masama na buhat nang isilang, makasalanan na nang ako'y iluwal".* Sa Roma 5:12 *"Ang kasalanan ay pumasok sa sanlibutan sa pamamagitan ng isang tao, at ang kamatayan ay pumasok sa pamamagitan ng kasalanan."*

Ang ikalawangdahilan kung bakit si Hesu-Kristo ay palaging mananatiling nakatataas sa lahat ay tumutukoy sa kung paano Siya naging Anak ng Diyos. Ang banal na kasulatan ay nagsasabi sa atin na si Hesu-Kristo ay Anak ng Diyos mula noong ipinaglilihi pa lamang, sa mga sandaling nagsimula ang Kanyang buhay sa mundo sa loob ng sinapupunan ni Maria. (tingnan sa Juan 1:14 & Lucas 1:35). Sa kabilang banda, tayo ay hindi ipinaglihi o ipinanganak bilang mga anak ng Diyos dahil tayo ay nagmana ng makasalalang kalikasan ni Adan. Ito ay hindi nagsimula sa paglilihi o sa ating unang kapanganakan,

kung hindi sa ating ikalawang espirituwal na kapanganakan na tayo at maaring maipanganak na mag-uli upang maging mga anak ng Diyos. Sa mga sandaling ito tayo ay inampon upang maging mga anak ng Diyos (tingnan sa Efeso 1:5 at Roma 8:15). Ito ang dahilan kung bakit si Hesus ay tinawag na *"bugtong na Anak ng Diyos"*- tayo ay hindi nag-iisa noong tayo ay ipinagbubuntis pa lamang, sa halip tayo ay inampon sa isang pamilya. Ang inampon na bata ay maaring bigyan ng parehong pagmamahal at ng parehong pamana katulad ng anak sa laman ng mga magulang, subalit meron pa ring walang hanggang kaibahan sa pagitan ng ampon at natural na anak- at gayundin ang pagkakaiba sa pagitan ng natural na bugtong na Anak ng Diyos, at tayo bilang ampon na mga anak ng Diyos.

Ang ikatlong dahilan kung saan si Hesu-Kristo ay mananatiling pinakamataas sa lahat ng Kanyang kapatid ay ipinakita sa atin sa Roma 8:29. Dito ay mababasa natin na si Hesu-Kristo ang *"panganay sa maraming magkakapatid.*" Magpakailanman Siya aymananatili bilang Panganay na Kapatid ng lahat ng mga anak ng Diyos. Sa kabilang banda, tayo naman ang Kanyang mga nakababatang mga kapatid.

Ang isa pang dahilan kung bakit si Hesu-Kristo ang mananatiling pinakadakila sa lahat ng Kanyang kapatid ay tungkol naman sa Kanyang orihinal na tahanan. Ayon sa Juan 3:13, 6:38, 13:3 at sa iba pang mga talata sa Bibliya, si Hesu-Kristo ay bumaba mula sa langit patungo dito sa lupa, upang pagkatapos ay pumaroon muli sa langit. Samantala, ang sangkatauhan ay nagmula sa lupa at babalik muli sa lupa – bagaman sa pamamagitan ni Kristo maari tayong magkaroon ng pag-asang makamtan ang isang makalangit na pamana (tingnan sa Genesis 3:19, 1 Corinto 15:49).

Kaya't sa napakaraming kadahilanan, mananatili ang pagkakaiba sa pagitan ni Hesu-Kristo at ng mga anak ng Diyos. Siya ay Diyos na naging tao, samantalang tayo ay mga tao lamang na nakikibahagi sa banal na kalikasan ng Diyos dahil sa Kanyang biyaya at habag. Gayunpaman, ang ating pagkatawag na maging mga anak ng Diyos sa kaluwalhatian ay mananatiling Kanyang biyaya at habag higit pa sa pinakamataas nating mga pangarap!

# Kabanata 3

# KAILAN MATUTUPAD ANG PAG-ASANG ITO?

Sa Efeso 1:17-18 ating nabasa kung paano natin kailangan ang espiritu ng kapahayagan upang malaman natin "*Ang pag-asa ng Kaniyang pagtawag*." Ang pangakong *"Si Kristo nanasa inyo"* ay tinawag din sa Colosas 1:27 na *"Pag-asa ng kaluwalhatian"* dahil ito ay may panghinaharap, kondisyonal na katuparan. Gagawin ng Diyos ang Kanyang bahagi upang ito ay mangyari, ngunit binigyan din tayo ng ating sariling bahagi nagaganapin kung tayo ay papasok at kamtinang pag-asang ito. Habang ating higit nainuunawa ang proseso kung paanong ito ay magaganap, tayo ay maaaring maging kamanggagawa ni Kristo na hindi bibiguino hahadlangan ang biyaya ng Diyos upang ito ay maganap.

## ANG PASIMULA AT PAGLAGO

Ang pag-asa ng Kristiyano ay nagsisimulang matupad sa ating buhay noong tayo ay naligtaso ipinanganak na muli. SiKristo ay pumasoksa ating puso sa pamamagitan ng Kanyang Banal na Espiritu, ngunit hindi Niya kaagad ipinahayag ang kabuuan ng Kanyang kapangyarihan upang tayo'ymabago at maging sakdal, ganap at maluwalhating mga anak ng Diyos. Kung ang Diyos ay dumating sa Kanyang buong kaluwalhatian at kapangyarihan para ipakita sa isang bagong Kristiyano ang lahat ng kanyang mga kasalanan at kamalian na kailangang mabago kaagad sa kanyang buhay, ito ay magiging parang katulad ng pagsabog ng isang napakalakas na bomba sa kanyang paanan at aasahan mong mauunawaan niya ang nangyari! Sa halip, ang Panginoon ay dumarating sa ating mga buhay nang marahan at may kababaang loob, katulad ng Kanyang pagdating dito sa mundo bilang isang muntingsanggol na ipinanganak sa Bethlehem. Marahan at matiyagang sinimulan ng Panginoon ang proseso kung saan tayo ay mabago *"mula sa kaluwalhatian tungo sa kaluwalhatian"* patungo sa pagiging kawangis ni Kristo, 2 Corinto 3:18. Inaanyayahan Niya tayong pumasok ng may mapagbiyayang mga salita, "*Pasanin ninyo ang aking pamatok at mag-aral kayo sa akin sapagkat ako ay maamo at mababang-loob. At masusumpungan ninyo ang kapahingahan ng inyong mga kaluluwa. Ito ay sapagkat madaling dalhin ang aking pamatok at magaan ang aking pasan,"* Mateo 11:29-30.

Noong tayo ay naligtas, sinasabi saatin sa Efeso 1:13 na tayo ay tinatakan ng Banal na Espiritu. Ang *Amplified Bible* ay nagsasabi sa sumunod na talata na: "*Yaong [Espiritu] ang garantiya ng ating mana*

*[ang unang bunga, ang pangako, ang unang tikim, ang paunang bayad sa ating pamana], sa pag-asam ng kabuuan ng pagtubos at ng ating pag kamit [kumpleto] ng pagmamay-ari dito para sa kapurihan sa Kanyang kaluwalhatian*." Dito ay mababasa natinna ang unang pagkilos ng Banal na Espiritu sa buhay ng isang bagong Kristiyano ay isang paunang-bayad lamangsa kung ano pa ang nais Niyang tuparin. Ito ay katulad ng isang tao nanagbayadng paunang bayad sa kotse o bahay. Nakuha nila ang legal na pagmamay-ari sa kung anong binili nila, ngunit ito ay maliit na bahagi lamang sa kung ano pa ang kailangan nilang bayaran upang maging lubusang ganap na pag-aari ito. Gayon din naman, noong tayo ay ipinanganak namuli, ang pag-ibig, kagalakan at kapayapaan na ating nararanasan sa ating panibagong buhay ay maliit na bahagi lamang sa kung ano pa ang nais gawin ni Kristo sa pamamagitan ng Kanyang Espiritu!

Ang proseso kung saan tayo ay lumalakad sa pag-asang ito ay nagpapatuloy habang ang ating buhay-Kristiyano ay lumalago at nagiging ganap. Pag-aaralan natin ang detalyekung paano tayo kikilos at makikipagtulungan sa prosesong ito sa Ikalawang Bahagi ng aklat na ito. Sa ngayon, nais muna nating bigyang-diin na kailangan nating makilahok ng aktibo sa nais ganapin ng Diyos sa ating mga buhay. Noong sinabi ni Apostol Juan na "*tayo ay magiging katulad Niya,"* sa sumunod na talatarin naman ay kanyang sinabi na: "*Sinumang nagtataglay ng ganitong pag-asa sa Kaniya ay dumadalisay sa kaniyang sarili, gaya naman Niyang dalisay."* Tayo ay kailangan na aktibong makiisa sa ginagawang pagkilos ng Diyos sa ating buhay, at dalisayin ang ating mga sarili, upang tayo ay maging karapat-dapat para sa mataas at banal na pagkatawag. Kung ating ipagpasawalang-bahala at hahamakin lamang ang mga panlangit napamana, maaari tayong itanggi gaya ng kung paano nawala ni Esau ang kanyang karapatan bilang panganay, Heb. 12:15-17. Tulad ng sinabi ng ating Panginoong Hesus, tanging ang mga Kristiyano lamang na nananahan kay Kristo at namumunga ang siyang mananatili – ang iba ay itatakwil at aalisin, Juan 15:1-6. Isang tao ang may maling akala na ang bagong mananampalataya ay puspos na ng kabuuan ng Banal na Espiritu at hindi na nito kinakailangan pang lumago sa mga gagawin ng Diyos sa kanilang buhay ay matutulad sa isang tao na sinasabing ang isang bata ay hindi na kailangan pang kumain at lumaki!

## ANG MGA BANAL NGAYON SA LANGIT AY NAKAPASOK NA SA BAHAGI NG KATUPARANG ITO

Itong proseso ng ating paglagong espirituwal natayo ay maging kawangis ni Kristo ay magpapatuloy sa ating buhay dito sa lupa hanggang sa tayo ay pumaroon sa langit. Ang bawat banal na nasa piling na ng Panginoon ngayon ay nakarating na sa mas malapit na katuparan ng kanilang pagkatawag, ngunit ito man ay hindi sapat sa kabuuan ng proseso.

Sa Hebreo 12:23 mababasa natin na ang mga banal ngayon sa langit ay tinatawag na "*mga espiritu ng mga matuwid na pinaging-ganap*." Sa kanilang espirituwal na katangian, sila ay ginawang dalisay at sakdal. Gaya ng sinabi sa atin sa 1 Juan 3:2, "*kapag mahahayag Siya, tayo ay magiging katulad Niya sapagkat makikita natin Siya kung ano ang anyo Niya*." Kaya ang bawat banalna tinubos, sa sandaling sila ay makarating na sa langit at makita si Hesus, sila ay mababagoupang maging katulad Niya, banal at dalisay.

Gayunpaman, ang mga banal nanasa langit na ay hindi pa rin lubos na katulad ng ating Panginoong Hesus sa isang mahalagang aspeto. Sila ay hindi pa rin nabibigyan ng mga katawang may maluwalhating pagkabuhay na muli, gaya ng kung anong mayroon ngayon ang Panginoong Hesus. Ang kanilang mga katawan ay nakahimlay sa kanilang mga puntod, naghihintay ng huling pagtunog ng trumpeta at nang muling pagkabuhay (basahin sa 1 Corinto 15:52 at1 Tesalonica 4:16). Kaya nga habang ang mga banal sa langit ay nagigingdalisay at sakdal na mga espiritu, sila ay naghihintay pa rin sa kanilang mga katawang binuhayna muli. Ating pag-aaralan kung paanong ang mga huling hakbang nito ay mahalaga na siyang maghahanda sa lahat ng mga tinubos upang magingganap na mga anak ng Diyos ayon sa wangis ni Kristo.

## ANG ILANG MGA KRISTIYANO AY MAKAKAPASOK SA MAS MALAWAKANG KAGANAPAN BAGO PA ANG IKALAWANG PAGBABALIK NI KRISTO

Sa mga mabubuhay pa sa pagtatapos ng Panahon ng Iglesia, may isang kapahayagan na napaka-halagang maunawaan. Mayroong mas higit pang kaganapan ang pag-asa ng Kristiyano na magiging kapakinabangan sa huling mga araw. Habang ang Diyosay kumikilos ayon sa Kanyang mga plano, kinakailangan nating makitaang Kanyang ginagawa at makiisa. Nais nating makapasok samga bago at pambihirang pagtatagumpay na Kanyang ipagkakaloobsa mga mananampalataya, upang makatulong sa paghahanda ng daraanan ng Panginoon at maging karapat-dapat na mamuno at maghari kasama ni Kristo sa Kanyang kaharian.

Mababasa natin sa Roma 8:19-22,"*Ito ay sapagkat ang matamang pag-asam ng nilikha ay naghihintay sa paghahayag sa mga anak ng Diyos. Ang nilikha ay ipinasakop sa paggawa ng mga bagay na walang kabuluhan. Hindi nang kusang loob, subalit sa pamamagitan niya na nagpasakop nito sa pag-asa. Upang ang nilikha din naman ay mapalaya mula sa pagkaalipin ng kabulukan patungo sa maluwalhating*

*kalayaan ng mga anak ng Diyos. Ito ay sapagkat alam natin na hanggang ngayon ang buong nilikha ay sama-samang dumadaing at naghihirap tulad ng babaeng nanganganak*."

Dito ay sinasabini Apostol Pablo sa atin na ang sangnilikha ay naghihintay at nagdaramdam ngmay kahirapan (*kagaya ng isang manganganak*) para sa pagkahayag ng mga anak ng Diyos. Ang daigdig ay napasailalim sa sumpa ng kasalanan noong nagkasala si Adan at si Eba sa Hardin ng Eden (Tingnan sa Genesis 3:17), ngunit maypag-asa itong maging malaya mula sa pagkaalipin. Kailan nga ba ito mangyayari? Ang Salita ng Diyos ay hindi nagsasabing mangyayari ito kung si Kristo, ang *Anak* ng Diyos ay maihayag, sa halip kung ang *mga anak* ng Diyos ay maihayag! Tulad nang pagdala ni Adan at Eba ng sumpa dito sa mundo, ganito rin naman kung ang mga mananagumpay na mga anak ni Adan at Eba ay maihayagbilang mga anak ng Diyosna ang sumpang ito ay masisira!

Samantala, sinasabi sa Roma 8:22 na ang mundo ay dumadaing gaya ng isang manganganak na dumaranas ng matinding kirot sa paghihintay ng maluwalhating "pagsilang" ng mga anak ng Diyos. Isang artikulo ang aking nabasasa *Time Magazine* maraming taon na ang nakalipas nanakatulong sa pagpapaliwanag nito. Sinabi sa artikulo na may isang grupo ng mga siyentipiko ang nag-aral patungkol sa dumadaming aktibidad ng lindol sa buong mundo sa modernong kasaysayan. Ang mga siyentipiko ay nakakuha ng mga datosna nagpapakita ng lakas at dalas ng pagkakaroon ng lindol sa buong mundo. Noong sila ay gumawa ng tsart, sinabi nila na ito ay kamukha ng tsart ng isang babaeng manganganak, kung saan bumibilis at tumitindi ang paghihirap habang nalalapit na ang pagsilang ng sanggol! Marahil wala sa mga siyentipikong ito ang nakakaalamna ang katotohanang itoay mula sa Bibliya, gayunpaman, ito ay nagbibigay ng isa pang katunayan na ang oras ng kapahayagan o "kapanganakan" ng mga anak ng Diyos ay nalalapit na.

Nagpatuloy sapagpapahayag si Pablo na hindi lamang ang mundo, ngunit pati ang mga Kristiyano ay makararanas din ng paghihirap na gaya ng pagdaramdam ng isang manganganak. *"Hindi lang iyan, maging tayo na may unang-bungang Espiritu ay dumadaing din.Tayo sa ating sarili ay dumadaing sa ating kalooban na naghihintay ng pag-ampon…"*Roma 8:23. Ang Banal na Espiritu na nasa atin ay nananabik sa kaganapan ng ating katubusan,at itong matinding pananabik ay maaring maging tunay na pasanin sa oras ng pananalangin, katulad ng isang babaeng dumaranas ng paghihirap sa panganganak. May mga panahon sa aking paglakad sa Panginoon na naranasan ko ang ganitong uri ng panalangin. Marami pang sinabi si Pablo tungkol dito sa mga sumusunod na talata sa Roma 8:26, ang Banal na Espiritu ay namamagitan para sa atin na "*may pagdaing na hindi kayang ipahayag ng salita*." Itong pasanin sa panalangin ay maaring ilagay ng may kabigatan sa ating mga puso, na tanging pag-iyak, pagdaing at

matinding pagdaramdam ang makapaghahayag nito. Gayunpaman, ang layunin ng espirituwal na pagdaramdam tulad ng isang panganganak ay upanghubugin sa atin ang likas na katangian ni Kristo. Gaya nga ng sinabi ni Pablo sa mga mananampalataya sa Galatia, "*muli akong naghihirap tulad ng sa panganganak hanggang si Cristo ay mahubog sa inyo.*" Itong panalanging tulad ng pagdaramdam ng isang panganganak ay maari rin para sa ibang tao kung saan ang Banal na Espiritu ay kumikilos, Galatia 4:19

## NARARANASAN NA NG MGA MANANAGUMPAY ANG MGA MANGYAYARI PA LAMANG SA PANAHONG DARATINGBAGO PA PUMASOK ANG IBA

Hindi na dapat tayo mamamangha pa kung ang ilang mga Kristiyano sa huling mga araw ay mababago ayon sa wangis ni Kristo sa mas higit na dakila at mabilis na paraan kaysa sa iba. Ginagantimpalaan lagi ng Diyos ang mga masigasig na nakikipagtagpo at sumusunod sa Kanya! Bilang kinahinatnan nito, madalas mayroong mga mananampalataya na nagsumikap na katagpuin ang Diyos at nakatanggap ng espirituwal na karanasan na hindi pa maaaring para sa ibang mga mananampalataya hanggang sa susunod pang dispensasyon o panahon.

Makikita natin ito sa buhay ni Enoch. Siya ay isang tao na natutong lumakad kasama ang Diyos, at ito ang naging dahilan upang siya ay maging karapat-dapat na makapasok sa ilang mgaespirituwal na karanasan, higit na nakalalamang kaysa sa ibang mga mananampalataya sa kanyang kapanahunan. Gen. 5:24. Siya ay nakatanggap ng kapahayagan tungkol sa Ikalawang Pagbabalik ni Kristo (basahin sa Judas 14-15) at siya ay inilipat patungo sa kalangitan at hindi na nasumpungan, Heb 11:5. Ngayon lang, habang nalalapit na ang Ikalawang Pagbabalik ni Kristo, na ang iglesiya sa buong mundo ay umaasa na maranasan ang nangyari kay Enoch mayilang libong taon na ang nakalipas!

Si David ay isa rin sa mga taong nakapasok sa mga pagpapala ng panahong daratingbago pa ito maranasan ng ibang mga mananampalataya. Siya ay nabuhay sa Panahon ng Kautusan, kung saan ang mga Israelita ay lumalapit sa Panginoon sa pamamagitan ng paghahandog na iniutosng Diyos kay Moises. Gayunpaman, si David ay isang lalaking malapit sa puso ng Diyos na nakakita ng hinaharap sa kabila ng mga ritwal sa Lumang Tipan. Nakapasok si David sa karanasan ng pagsamba at ng mga pagpapalang dispensasyon ng Bagong Tipan sa Panahon ng Iglesya. Isinulat niya ang Mga Awit 40:6, *"Hain at handog ay hindi mo kinaluluguran; ang aking pakinig ay iyong binuksan: handog na susunugin, at handog tungkol sa kasalanan ay hindi mo hiningi."* Noong winikani David ang propesiyang ito, marahil ay marami sa

kanyang mga saserdote at Levita ang natakot na baka ang kanilang hari ay nahulogsa maling paniniwala! Itinuro ng mga saserdoto sa lahat ng tao ang kahalagahan ng pag-aalay ng mga hayop at mga handog sa Tabernakulo ni Moises. Noong tila hindi binigyang pansin ito ni David sa halip ay nagtatag siya ng bagong kaparaanan ng pagsamba sa pamamagitan ng pag-aawitan at musika sa Tabernakulo ni David, ito ay sa kadahilanang dinala siya ng Diyos higit pa sa normal na mga espirituwal niyang nararanasan sa kanyang kapanahunan. Ang naranasan ni David sa Diyos ay ang magiging halimbawa sa mga susunod na panahon para sa Iglesiya ng Bagong Tipan, kagaya ng pagkilala ng mgalider ng naunang Iglesia sa Mga Gawa 15:15-17. Nabuhay si David sa kalayaan at kagalakan ng Panahon ng Biyaya na may isang libong taon na bago pa ito ipinaranas ni Kristo sa mga mananampalataya ng Diyos!

Ang isa pang halimbawa ng prinsipyong ito ay ang Sirofenician na babae ng Mateo 15:21-28. Noong siya ay humingi ng tulong sa Panginoong Hesus, ang sinagot ni Kristo sa kanya ay, "*Sinugo lamang ako para sa mga naliligaw na tupa sa sambahayan ng Israel*." Alam natin na pagkatapos pa lamang ng sakripisyo ni Hesus sa krus na ang biyaya ng Mabuting Balita ay magpapasimulang lumaganap sa mga bansang Gentil (tingnansa Mateo 10:5-6, Mateo 28:19, at Marcos 16:15-18). Ngunit ang babaeng Sirofenician ay nagpatuloy at nakatanggap ng tulong*bago*pa man dinito inialok sa mga bansang Gentil, at ito ay dahil sa kanyang pananampalataya at kababaang loob.

Si Apostol Pablo ay isa rin sa mga taong nabuhay na nauna sa kanyang kapanahunan. Sa 2 Corinto 12:2,4 makikita natin kung paano siya inagaw (*o raptured)* hanggang sa ikatlong mga langit. Doon sa Paraiso, si Pablo ay "*nakarinig ng mga salitang hindi mabibigkas. Hindi ito ipinahihintulot na sabihinsa tao.*" Nakatanggap si Pablo ng mga kapahayagan na hindi pinahintulutan ng Diyos na kanyang sabihin! Bilang isang ganap na espirituwal na tao, siPabloay nakarinig at nakaranas ng mga bagay na karamihan sa mga kristiyano ay hindi pa kayang unawain. Kahit si Apostol Pedro ay nagsabi tungkol sa mga isinulat ni Pablo, *"Ilan sa mga ito ay mahirap unawain,"* 2 Pedro 3:15-16. Dahil sa ating limitadong kakayahan na makaunawa ng katotohanan at kapahayagan, kinailangang maging maingat si Pablo sa kanyang mga isusulat para sa Iglesiya, dahil ang ilang mga kapahayagan ay hindi magiging madaling maunawaan dito sa kasalukuyang panahon.

Sa Hebreo 6:5 sinabi sa atin na ang ilang mga banal ay "*Nakatikim… ng mga kapangyarihan ng darating na kapanahunan*." Ito ang naranasan nina Enoch, David, Pablo at ng iba pa kung saan sila ay nagkaroon ng mga hindi pangkaraniwang katagumpayan sa espirituwal at nakapasok sa mga pagpapala at karanasang nauna sa kanilang kapanahunan. Gayon man ang Salita ng Diyos ay nagpapahiwatig na ang paunang

pagpasok o *"advance pressing in"* na karanasang ito ay mangyayari muli sa huling mga araw! Gayunpaman, kung sino man ang makakapasok sa mga pagpapalang ito ay hindi maaaring magmalaki na sila ay "natatangi" o "espesyal". Ito ay sapamamagitan lamang ng biyaya at habag ng Diyos na ang bawat isa sa atin ay makatatakbo ng isang magandang takbuhing Kristiyano at upang maging karapat-dapat sa mga gantimpala ng Diyos.

Sa pamamagitan ng espiritu ng kapahayagan, makikita natin ng lalong higit na malinaw kung ano ang inihahain ng ating Panginoon sa Kanyang bayan sa huling mga araw. Sakung ano pa mangmga talata sa Bibliya o mga karanasan na pipiliin ng Panginoon upang Siya ay makapangusap sa atin, kailangang magkaroon tayo ng mas malinaw na pangitain at makita ang takbuhin na inihanda sa harap natin. Kung magkagayon, magagawa nating tumalima sa pangaral ni Pablo sa Filipos 3:12-14, *"Hindi sa natamo ko na, o ako ay naging ganap na. Inangkin ako niCristo Jesus para sa isang layunin at nagsusumikap ako upang aking maangkin ang layuning iyon. Mga kapatid, hindi ko ibinibilang na naangkin ko na ngunit isang bagay ang ginagawa ko. Nililimot ko na ang mga bagay na nasa likuran ko at pinagsisikapang maabot ang mga bagay na nasa harap ko. Pinagsisikapan kong maabot ang hangganan ng takbuhin para sa gantimpala ng mataas na pagkatawag sa akin ng Diyos na na kay Cristo Jesus."*

## ANG LAHAT NG KRISTIYANO AY MAGIGING GANAP NA MGA ANAK NG DIYOS SA MULING PAGKABUHAY

Ang Panginoon ay unti-unting kumikilos patungo sa katuparan ng Kanyang pangunahing layunin para sa tao. Sa ating pag-aaral ng banal na Kasulatan malinaw nating makikita kung kailan matatapos ang planong ito at tayong lahat ay magiging ganap na mga anak ng Diyos. Sinabi ng ating Panginoong Hesus na ito ay mangyayari sa muling pagkabuhay. Sa Lucas 20:35-36 sinabi Niya, *"Ngunit sa kanila na itinuring na karapat-dapat na magtamo ng kapanahunang darating at ng muling pagkabuhay mula sa mga patay ay hindi nag-aasawa ni ikinakasal. Ito ay sapagkat hindi na sila mamamatay kailanman dahil sila ay magiging katulad ng mga anghel. Sa pagiging mga anak ng muling pagkabuhay, sila ay mga anak ng Diyos."*

Pinatunayan rin ni Apostol Pablo ang katotohanang ito sa Roma 8:23. Matapos isulat kung paanong ang buong nilalang ay naghihintay ng pagkahayag ng mga anak ng Diyos sa mga talata 19-21, siya ay

nagpatuloy sa pagsasabing, "*Hindi lang iyan, maging tayo na may unang-bunga ng Espiritu ay dumadaing din. Tayo sa ating sarili ay dumadaing sa ating kalooban na naghihintay ng pag-ampon na walang iba kundi ang katubusan ng ating katawan.*" Kaya nga sa mga talatang ito ay nililinaw ni Pablona ang lubusang panahon ngpag-amponat ang paghahayag ng mga anak ng Diyos ay mangyayari sa muling pagkabuhay. Sapanahongito, ang mga tinubos at mga banal na binuhay na muli ay magiging katulad ni Kristo, hindi lamang sa espiritu kundi patina rin sa pisikal.

Ito ang dahilan kung bakit ang mga banal na nasa langit na ngayon ay hindi pa rin ganap na katulad ng wangis ni Kristo. Gaya ng atin nang nabanggit, sila ay dinalisaynaat may espiritung sakdal. Magkagayon man, sila ay hindi pa rin sakdal sa kanilang lupang katawan. Ngunit kapag ang mga tinubos ay binigyan nang walang kamatayan at maluwalhating katawan, saka pa lamang tayo magiging lubos na katulad ng ating Panginoon, at ating Panganay na Kapatid. Ang ating katawang lupa ay mababago upang maging katulad ng sa Kanya!

## ANG MGA BANAL NA MULING NABUHAY MAGLILIWANAG SA KALUWALHATIAN NG DIYOS

Sa 1 Corinto 15, itinuroni Apostol Pablo sa atin sa malawak na paraan ang tungkol sa kung ano ang magiging katulad ng mga banalpagkatapos ng muling pagkabuhay. Ngayon ay pag-aralan natin itong maluwalhating mana na naghihintay sa atin bilang bahagi ng pag-asa ng Kristiyano. Sa 1 Corinto 15:41-43 mababasa natin, "*Iba ang karilagan ng araw at iba ang karilagan ng buwan. Iba ang karilagan ng mga bituin dahil ang karilagan ng isang bituin ay iba kaysa sa isang bituin. Ganito rin nga ang pagkabuhay muli ng mga patay…Ito ay inililibing sa walang karangalan, ito ay ibinabangon sa kaluwalhatian. Ito ay inililibing sa kahinaan, ito ay ibinabangon sa kapangyarihan*."

Sa mga talatang ito mababasa natin kung paanong ang ating mortal na mga katawan ay itatanyag sa kaluwalhatian. Ito ang magiging katuparan ng "*si Kristo na sumasainyo, ang pag-asa sa kaluwalhatian*," sa Colosas 1:27. Saoras na ito ang lahat ng mga anak ng Diyos ay magliliwanag sa kaluwalhatian ng Diyos! Tulad ng winika ng ating Panginoong Hesus, "*Kung magkagayon ang mga matuwid ay magliliwanag katulad ng araw sa paghahari ng kanilang Ama.*" Mateo 13:43.

Kung paano tayo magkakaroon ng kaluwalhatian ng Diyos na nagliliwanag mula sa atin ay marahil maaari nating sulyapan kung paanong si Kristo at Moises ay dinaluyan ng kapahayagan ng kaluwalhatian ng Diyos. Sa Bundok ng Transpigurasyon, si Hesus ay nakita na "*nagliwanag ang kaniyang mukha na parang*

*araw. Pumuti ang kaniyang mga damit na gaya ng busilak ng liwanag*." At tungkol naman kay Moises, mababasa natin, "*At nangyari, nang bumaba si Moises sa bundok ng Sinai, …hindi nalalaman ni Moises na ang balat ng kaniyang mukha ay nagliliwanag dahil sa pakikipagusap niya sa Diyos. At nang makita ni Aaron at ng mga anak ni Israel si Moises, narito ang balat ng kaniyang mukha at nagliliwanag; at sila'y natakot na lumapit sa kaniya*." Exodo 34:29-30.

Habang ang mga banal na muling nabuhay ay makikibahagi sa kaluwalhatian ng Diyos, dapat din nating maintindihan na ang ilan sa mga anak ng Diyos ay magiging mas higit na maluwalhati kaysa sa iba. Tulad ng sinabi ni Pablo, "*Iba ang karilagan ng araw at iba ang karilagan ng buwan. Iba ang karilagan ng mga bituin dahil ang karilagan ng isang bituin ay iba kaysa sa isang bituin. Ganito rin nga ang pagkabuhay muli ng mga patay. Ito ay inililibing sa kabulukan, ito ay ibinabangon sa walang kabulukan,*" 1 Corinto 15:41-42. Dito ay ipinaliwanag ni Pablona kung ang araw at bituin sa kalawakan ay may iba't ibang kaluwalhatian, gayun din ang mga banal na muling nabuhay ay magliliwanag sa iba't ibang antas ng kaluwalhatian.

Mangyari pa, ang Panginoong Hesus ang pinakamaluwalhati sa mga anak ng Diyos. Pinapakita ito sa aklat ng Pahayag, kung saan sinulat ni Juan na si Kristo ang magiging ilaw ng bagong Jerusalem. Sumulat siyapatungkol samakalangit na lungsod, "*Ang lungsod ay hindi nangailangan ng araw o buwan upang magliwanag dito sapagkat ang kaluwalhatian ng Diyos ang nagbigay-liwanag dito. Ang Kordero ay ang ilawan nito,*" Pahayag 21:23.

Sinabi rin kay Daniel kung paanong ang mga banal na nabuhay muli ay magliliwanag sa iba't ibang antas ng kaluwalhatian ng Diyos. Sinabi ng anghel sa kanya, "*At marami sa kanila na nangatutulog sa alabok ng lupa ay mangagigising, ang iba'y sa walang hanggang buhay, at ang iba'y sa kahihiyan at sa walang hanggang pagkapahamak. At silang pantas ay sisilang na parang ningning ng langit; at silang mangagbabalik ng marami sa katuwiran ay parang mga bituin magpakailan man*," Daniel 12:2-3.

Upang mas lalo nating maunawaan kung paano magkakaroon ng iba't ibang antas ng kaluwalhatian ang mga tinubos ng Panginoon, maaari nating matututunan ito mula sa isang pangitain na naitala ng lingkod ng Diyos may ilang daang-taon na ang nakalipas. Si John Bunyan ay isang Ingles na mangangaral na naging tanyag sa kanyang aklat na *Pilgrim's Progress*, kung saan ang aklat na ito ay naisalin sa napakaraming mga wika higit sa ibang mga aklat maliban sa Bibliya. Ang isa pang aklat na kanyang isinulat ay ang *"Visions of Heaven and Hell."* Dito ay naitala niya ang kwento ng tunay na pangyayari

kung paanong dinala siya ng isang anghel upang makita ang langit at impiyerno. Habang siya ay nasa langit, nagkaroon siya ng pakikipag-usap sa isa sa mga banal na naroon:

*Aking napansin, "Noong ako ay dinala rito, nakita ko sagitna ng mga banal ang iba ay nahayag nang mas higit na nagniningning kaysa sa iba. Mayroon bang iba't ibang antas ng kaluwalhatian sa mga pinagpala?"*

*Sumagot siya, "Ang kaligayahan at kaluwalhatian na tinatamasa ng mga pinagpala ay resulta ng kanilang pakikipag-isa at pag-ibig sa magpakailanmang pinagpalang Diyos.Habang mas lalo natin Siyang nakikita, mas lalo natin Siyang iniibig, at ang pag-ibig na ito ang siyang magbabago ng ating kaluluwa patungo sa pagiging tulad ng Kanyang kalikasanat ang bunga nito ay ang ating kaluwalhatian. Ito ang nagbibigay kaibahan sa antas ng kaluwalhatian. At walang bulongbulungan kung makita ng isa na ang kaluwalhatian ng iba ay mas maningning kaysa sa kanya. Ang magpakailanmang pinagpalang Diyos ay tulad ng isang walang hangganang karagatan ng liwanag at buhay, ng kagalakan at kaligayahan, pinupuno nito ang bawat sisidlan hanggang sa ito'y umapaw. At kahit na ang mga sisidlan ay may iba't ibang laki, ang bawat isa ay pupunuan at wala ni isaman ang may karaingan. Ang aking sagot sa iyong katanungan kung magkagayon ay yaong mga may pinaka-malaking kakayahan ang mga pinaka-umiibig sa Diyos, samakatuwid sila ang mga pinaka-nababago ayon sa wangis Niya. Ito ang pinaka-mataas na kaluwalhatian na maaring maibigay ng langit. At huwag ding maging lingid ito saiyo, na kahit sa mga nag-aalab na mga anghel ng Diyos ay mayroon dingpagkakaiba ng pagkakasunod-sunod at iba't-ibang antas ng kaluwalhatian."*

Sinabi kay John Bunyan sa pangitaing ito na mayroong iba't ibang antas ng kaluwalhatian samga tinubos sa langit, ngunit wala ni isa man ang mayroong pananaghili o karaingan. Ang bawat isa ay napupuno ng kaluwalhatian ng Diyos hangga't kaya nilang tanggapin. Kaya sa ganitong diwa ang lahat ay pantay-pantay at nasisiyahan. Ngunit totoo rin na ang ilang mga kristiyano ay may higit na malaking sisidlan kaysa sa iba, na makapaglalaman at magliliwanag ng higit na dakilang kaluwalhatian ng Diyos! Ito ang pinaka-mahalagang dapat maunawaan, dahil habang narito tayo sa mundo ito ang nagpapalaki ng ating kapasidad para sa Diyos. Ngayon ang panahon na maaari nating matutunan kung paanong pagmasdan ang kaluwalhatian ng Panginoon, at "*matutulad sa gayong anyo mula sa kaluwalhatian tungo sa kaluwalhatian*" 2 Corinto 3:18. Ang mga lubhang nagugutomsa Panginoon, ang mga nagsisihanap at nakasusumpong sa Kanya sa mas malalim na kaparaanan, ay magkakaroon ng higit na malaking kapasidad upang mapuno ng saganang kaluwalhatian ng Diyos sa mga panahong darating. At habang nasa atin ang pangitaing ito, lalong nanaisin nating magpatuloy at gamitin ang bawat araw na ibinibigay sa atin sa buhay

na ito upang maghanda para sa maluwalhating pamana ng mga banal! Gaya ng sabi ni Pablo, "*Ito ay sapagkat itinuturing ko na ang mga paghihirap sa kasalukuyan ay hindi karapat-dapat ihalintulad sa kaluwalhatiang ihahayag na sa atin.*" Roma 8:18. Kung ating isaalang- alangkung gaano karaming mga hagupit, mga hampas, mga pagkabilanggo, mga pagkalunod at iba pang mga kahirapan ang matagumpay na napagtiisan ni Pablo (basahin sa 2 Corinto 11:23-28), makatitiyak tayong ang malinaw na pangitain ay makakatulong sa atin upang mapagtagumpayan ang matitinding mga kahirapan sa ating mga buhay.

## ANG MGA BANAL NA NABUHAY MULI AY MAGHAHARI KASAMA NI KRISTO

Ang isa pang bahagi ngpamana ng mga nabuhayna muli at niluwalhating mga anak ng Diyos ay ang mamamahala at maghaharing kasama Niya. Ito ang magiging kaganapan sa orihinal na instensyon ng Diyos sa tao noong nilikha Niya si Adan. Kagaya ng nakatala sa Genesis 1:26, mababasa natin, *"At sinabi ng Dios, Lalangin natin ang tao sa ating larawan, ayon sa ating wangis: at magkaroon sila ng kapangyarihan sa mga isda sa dagat, at sa mga ibon sa himpapawid, at sa mga hayop, at sa buong lupa, at sa bawa't umuusad, na nagsisiusad sa ibabaw ng lupa.*"

Makikita natin dito naang orihinal na pagkalikha ng Diyos sa tao ay ang pamahalaan nito ang buong daigdig. Ang mga kababaihan at kalalakihan ay parehong tinawag sa pamumunong ito, kung paanong winika ito ng Panginoon kay Adan at Eba noong inihayag Niya sa Genesis 1:28, *"...Sinabi niya, "Magpakarami kayo at punuin ninyo ng inyong mga anak ang buong daigdig, at kayo ang mamahala nito. Binibigyan ko kayo ng kapangyarihan… sa lahat ng mga hayop na nasa ibabaw ng lupa."*

Subalit, ang kapamahalaang ito ay nawala noong si Adan at Eba ay nagpasakop sa diyablo sa halip na magpasakop sa Diyos. Ngayon, sa pamamagitan ng kaligtasan ni Kristo, tayo ay napanumbalik at inihahanda upang tuparin ang plano ng Diyos sa sangkatauhan.

Upang mas lalo nating maunawaan ito mula sanatural na ilustrasyon, ating tingnan kung ano ang madalas na nangyayari sa pamilya ng isang mayaman o makapangyarihang tao. Kung siya marahil ayhari o kaya naman ay mayamang negosyante, nanaisin niyang ihanda ang kanyang mga anak para sa kanilang mamanahin kapag sila ay nasa wastong gulang na. Habang ang mga anakna ito ay lumalaki, sila ay unti-unting bibigyan ng kapangyarihan at kayamananhabang sila ay sinasanay at sinusubok ng kanilang ama.

Ang mga magiging marunong at masipag ay bibigyan ng higit namalaking bahagi ng pamana kaysa mga anak na pawang mga mangmang at tamad.

Sakatulad na kaparaanan, inihahanda na ngayon ng Diyos Ama ang Kanyang mga anak para sa mga panghinaharap na pamanang paghahari kasama Niya. Ngayon ang panahon kung saan tayo ay nag-aaral ng mga dapat natingmatutunan at naghahanda para sa ating posisyon sa Kanyang kaharian. Tulad ng sinabi sa atin sa Roma 5:17, "*sa kanila na tumanggap ng kasaganaan ng biyaya at ng kaloob ng katuwiran. Maghahari sila sa buhay sa pamamagitan ng isang iyon, si Jesucristo*". Sa ating kasalukuyang buhay, natututunan natin kung paano maging "*higit pa sa mapagtagumpay*," Roma 8:37.

Ang panahon kung saan ang mga banal ay magpapasimulang makapasok ng lubusan sa kanilang panghinaharap na posisyon at kapangyarihan ay magaganap sa unang pagkabuhayna muli. Kung paanong si Kristo ay maluwalhating babalik upang simulan ang Kanyang kaharian sa loob ng isang libong taon sa milenyo, mababasa natin sa Pahayag 20:6: *"Pinagpala at banal ang mga kabilang sa unang pagkabuhay muli. Ang ikalawang kamatayan ay walang kapamahalaan sa mga taong ito. Ngunit sila ay magiging mga saserdote ng Diyos at ni Cristo at sila ay maghaharing kasama niya sa loob ng isang libong taon."*

Sa ating pag-aaral patungkol sa pagkakasunod-sunod sa kaharian ng Milenyo, makikita natin sa Bibliya na ang iba't ibang mga anak ng Diyos ay mabibigyan ng iba't-ibang mga posisyon at mga antas ng kapangyarihan. Si Hesu Kristo, *ang* Anak ng Diyos, ay magiging Hari ng mga hari, Pahayag 19:16. Sa panahong ito ang mga kaharian at mga bansa sa buong mundo ay pamamahalaan ng ating Panginoong Hesu Kristo (basahin sa Pahayag 11:15, Zacarias 14:9).  Bagaman si Kristo ang magiging Hari ng *lahat* ng mga hari, ito ay nagsasabi rin sa atin na magkakaroon ng iba pang mga hari! Si Kristo ang mamamahala sa pandaigdig na kapitolyo ng Jerusalem (Zacarias 14:16 at Isaias 2:2-4), ngunit ang bawat bansa ay magkakaroon din ng mga lokal na mamamahala. Kung magkagayon, ang pangako ni Kristo sa Kanyang mga banal ay matutupad, *"Ang magtatagumpay at ang tutupad ng aking mga gawa hanggang sa wakas ay bibigyan ko ng kapamahalaan sa mga bansa. Mamamahala siya sa kanila bilang isang pastol sa pamamagitan ng isang bakal na tungkod."* Pahayag 2:26-27.

Malinaw na sinasabi sa atin ng Bibliya kung sino ang magiging hari ng Israel sa Milenyo. Tulad ng propesiya ni Jeremias patungkol sa panunumbalik ng Israel at ng Milenyo, ipinahayag niya, "*Kundi kanilang paglilingkuran ang Panginoong kanilang Dios, at si David na kanilang hari, na aking ibabangon sa kanila*." Jeremias 30:9.

Sinasabi sa atin ng Salita ng Diyos na ang ilan ay mamamahala sa antas ng pagiging mga gobernador ng mgalalawigan o probinsiya. Si Kristo mismo ang nagsabi na ang Kanyang labindalawalang apostol ay mamamahala sa labindalawang mga tribo, o sa mga labindalawang lalawigan ng Israel. Noong nagturo si Hesus tungkolsa panghinaharap na gantimplapara sa Kanyang mga lingkod, nagtanong si Pedro kung ano ang magiging gantimpala ng labindalawang apostol. Sumagot si Hesus sa Mateo 19:28, "*Sinabi ni Jesus sa kanila: Katotohanang sinasabi ko sa inyo: Sa pagbabago ng lahat ng mga bagay kapag umupo na ang Anak ng Tao sa trono ng kaniyang kaluwalhatian, kayong sumunod sa akin ay uupo rin sa labindalawang trono. Uupo kayo upang hukuman ang labindalawang lipi ng Israel.*"

Itinuro rin ni Kristo na ang ilan sa Kanyang mga lingkod ay mamamahala sa mga lunsod. Sa Lucas 19 sinabi Niya ang isang talinghaga tungkol sa kung paano Siya pupunta sa langit sa maikling panahon, at pagkatapos Siya ay babalik upang itatag ang kaharian ng Diyos sa buong mundo. Magmula sa talatang 11 mababasa natin, "*Habang pinakikinggan nila ang mga bagay na ito, idinagdag ni Jesus at sinabi ang isang talinghaga sapagkat malapit na siya sa Jerusalem at inakala nila na ang paghahari ng Diyos ay mahahayag na. Kaya nga, sinabi niya: May isang maharlikang lalaki. Pumunta siya sa malayong bayan upang tanggapin sa kaniyang sarili ang isang paghahari at siya ay babalik. Tinawag niya ang sampu sa kaniyang mga alipin at bawat isa ay binigyan ng isang mina. Sinabi niya sa kanila: Mangalakal kayo hanggang sa pagdating ko. Ngunit ang kaniyang mga mamamayan ay napopoot sa kaniya. At nagsugo sila sa kaniya ng isang kinatawan. Kanilang sinabi: Ayaw naming maghari sa amin ang lalaking ito. At nangyari, na sa kaniyang pagbalik, pagkatanggap niya ng paghahari, iniutos niyang tawagin ang mga aliping ito. Ipinatawag niya ang mga aliping binigyan niya ng salapi upang malaman niya kungano ang tinubo ng bawat isa sa pangangalakal. Dumating ang una at sinabi: Panginoon, ang iyong mina ay tumubo ng sampung mina. Sinabi niya sa kaniya: Magaling ang iyong ginawa, ikaw na mabuting alipin. Dahil naging matapat ka sa napakaliit, mamamahala ka sa sampung lungsod,*" Lucas 19:11-17.

Kaya sinasabi sa atin ng Kasulatan ang pangunahing mga antas ng kapangyarihan na maitatatag sa Milenyo upang mamahala sa buong mundo. Magkakaroon ng isang Hari ng mga hari, (ang Panginoong Hesus), ngunit gayundin naman aymay indibidwal din na mga hari na mamamahala sa bawat bansa. Habang ang bawat bansa ay muling paghahati-hatiin, magkakaroon ito ng mga gobernador na mamamahala sa bawatlalawigan o probinsiya. At samas lokal na antas, magkakaroon ng iba't-ibang mga Kristiyano na magiging mga alkalde sa mga lungsod o mga grupo ng mga lungsod.

Bagama'tsinabi na sa atin sa Bibliya kung sino ang pangunahing mga pinunong Israel sa Milenyo, hindi naman tiyakang inihayag ng Kasulatankung sino ang mamamahala sa iba pang bansa. Maaari nating ipalagay na ang pinakamahuhusay at pinakabanal na mga Kristiyano sa panahon ng kasaysayan ng mga bansang iyon ang pipiliin ng Panginoon. Marahil si Jose ang magiging hari ng Egipto sa milenyo, katulad ng kung paano niya matuwid na pinamahalaan sa bansang ito bilang kanilang dating punong ministro. Ang bansang *Iran* (dating kilala bilang *Persia*) maaaring pamumunuan ni Reyna Ester kung saan ang kanyang libingan ay nananatiling pinararangalan. Marahil si Daniel ay mabibigyan ng posisyon bilang internasyonalna maykapangyarihan sa Gitnang Silangan (*Middle East*), tulad ng kanyang pamanang natanggap sa mga bansang ito sa nagdaang mga panahon ng kanyang mahusay na pamamahala (basahin sa Daniel 12:13). Marahil ay marami sa ngayon ang maka-Diyos na mga Kristiyano ang magiging mga gobernador at mga alkalde. Isang maaaring dahilan kung bakit hindi sinasabi ng Kasulatan kung kanino ibibigay ang mga posisyon ng kapangyarihan sa mga bansa, ay sa kadahilanang maraming mga Kristiyanoangngayon ay nasa paligsahan pa sa kung sino ang magiging karapat-dapat para mga sa kahuli-hulihang mga posisyon! Sino ang magiging karapat-dapat na mamahala sa Milenyo, at ano ang magiging antas ng kanilang kapangyarihan? Ikaw kayaay magiging alkalde o gobernador, o isang hari? Ang mga nagtamo ng higit na mataas na pangitain at dadaan sa higit na malaking paghahanda ay maaring isa sa mga mapipili ng Panginoon para sa mga matataas na mga posisyon. At ang mga hindi masyadong naghanda ay maaring mabigyan din ng mas mababang mga posisyon, upang sanayin sila sa pagkakataas sa kanilang posisyon sa hinaharap. Ito ang nangyari kina Adan at Eba- sila at ang kanilang mga salinlahi at tinawag na pamahalaan ang buong mundo, ngunit ang panimulang posisyon ng kanilang kapangyarihan ay ang matutunan nilang pangalagaan ang hardin!

Gayunpaman, kailangan nating maunawaan naang mga katangian na hinahanap ng Diyos para sa mga mamumuno at mamamahala kasama ni Kristo ay may malaking kaibahan sa kung paano pumipili ang isang natural na tao. Katulad ng sinabi ng Panginoon kay propetang Samuel nang pinili niya ang batang si David bilang susunod na hari, *"Sapagkat ang tao ay tumitingin sa mukha, ngunit ang Panginoon ay tumitingin sa puso,"* 1 Samuel 16:7. Maraming tila importanteng Kristiyanong namumuno ngayon ang hindimagiging karapat-dapat upang mamuno sa darating na kaharian ni Kristo, tulad ng maraming hindi napapansin na mga Kristiyano ang mapipili.

Ipinakita ito sa akin ng Panginoon noong minsan ay nagkaroon ako ng pagkakataong makasama sa pananghalian ang isang tanyag na Kristiyanong lider. Nasabik ako, kagaya nang narinig ko ang mga kwento ng mga dakilang bagay na nangyayari sa kanyang ministeryo. Siya ay pumuntasa isang bansa

kung saan ilang salita lamang ang kaniyang alam sa wika ng bansang iyon, ngunit sa loob ng isang taon ay nakapagpatayo siya ng isang simbahan na may isang libong miyembro. At sa isang bansa naman ay nakapagpatayo rin siya ng simbahan na may isang libo at limang daang miyembro, at sa iba pang bansa ay sinimulan niyang magtayo ng isang malaking paaralang Pambibliya. Nais kong malaman ang lihim ng kanyang tagumpay, kaya naman habang kami ay kumakain ng tanghalian marami akong mga katanungan sa kanya. Ngunit, habang tumatagal ang aming usapan, ay mas lalo akong naguluhan. Siya ay mabuting tao, ngunit mukhang hindi naman siya malalim sa Diyos. Hindi siya puspos ng Banal na Espiritu, hindi rin siya nakapagpapagaling ngmga may sakit, at hindi nakagagawang mga ministeryo na nagpapakita ng kapangyarihan ng Diyos. Hindi ko makita kung paanong ang isang pangkaraniwang Kristiyano ay nagkaroon ng matagumpay na ministeryo, kaya naman habang kami ay kumakain, ako ay tahimik na nanalangin sa Diyos, "Panginoon, pakiusap po, ipakita mo sa akin ang lihim ng kanyang tagumpay." At kaagad pagkatapos kongmatahimik na nanalangin, ay iniba ng kapatid na ito ang paksa ng aming pag-uusap. Sinimulan niyang ikuwentosa akin ang tungkol sa kanyang mabuting ina. Sa kanilang bansa at kultura, hindi maaring magturo o magpahayag ng Salita ng Diyos ang mga babae sa pulpito. Ngunit sinabi niya sa akin na ang kaniyang ina ay may lingid na makapangyarihangministeryo, sa loob ng maraming dekada, siya ay nananalangin ng anim na oras kada araw, madalas ay ministeryo niya ang ipinapanalangin nito. At doon ay nangusap ang Banal na Espiritu sa aking puso, "Ito ang lihim ng tagumpay ng kanyang ministeryo – hindi sa kanyang puso na lumalapit sa Panginoon, kundimula sa kanyang ina na ang puso ay ayon sa Panginoon." At doon ko naunawaan kung sino ang magkakamit ng higit na gantimpala sa tagumpay ng kanyang ministeryo. Habang ang tanyag na pastorna ito ay walang alinlangangmakatatanggap ng karampatanggantimpala sa darating na kaharian ni Kristo, kung ang mga kahahantungan ng kanyang ministeryo ay gagantimpalaan ng isang trono o luklukan sa langit, sa gayon ang kanyang hindi kilalang ina ang uupo sa tronong iyon at hindi ang kanyang tanyag na anak! Ito ang nagpakita sa akin ng sinasabi ng ating Panginoon, *"Ngunit maraming nauuna na magiging huli, at maraming nahuhuli na mauuna,"* Mateo 19:30.

## ANG KAPANAHUNANG DARATING

Pagkatapos ng Milenyo, ang Pahayag 20:11-15 ay nagtalakung paano hahatulan ng Diyos ang buong sangkatauhan at sisirain ang kasalukuyang langit at lupa. SaKabanata 21 sinasabi naman sa atin kung paanong ang Panginoon ay lilikha ng bagong langit at lupa kung saan patuloy Niyang ipagkakatiwala ang mas dakilang kapangyarihan sa Kanyang mga tinubos. Ang Panginoon ay nagwikasa Pahayag 21:7 na,

"*Ang magtatagumpay ay magmamana ng lahat ng bagay. Ako ay kaniyang magiging Diyos at siya ay magiging anak ko.*" Kung ating mamanahin ang *lahat* ng bagay, ito ay nagpapahiwatig na ang kapangyarihan na ipagkakatiwala ng Diyos sa Kanyang mga anak ay madaragdagan sa mga panahong darating. Ito rin ang sinasabi saatin sa propesiya ni Isaias 9:7, kung saan ay nagpapahayag na ang kaharian ni Kristo ay magpapatuloy sa paglago. Habang ang kaharian niKristo ay lumalago sa lahat ng dako sa kapanahunang darating, gayundin ang potensyal na pagkakataas ng ating kapamahalaan at kapangyarihan! Ang mga pag-unlad sa pamumuno at kapangyarihan ay nangyayari sa alinmang lungsod o bansa na progresibong umuunlad sa loob ng maraming mga taon at siglo, at kung gaano pa ang makikita nating pag-unlad sa walang hanggang kaharian ng Diyos.

Ang pag-asang ito ay patuloy na napatutunayan sa ating pag-aaral ng mga dispensasyon o mga panahon na ginawa ng Panginoon batay sa tagal ng panahon ng ating kasalukuyang langit at lupa. Ang mga eskolar ng Bibliya ay madalas na nakikita ang kasaysayan ng sangkatauhan na nagpapatuloy sa tinatawag nilang 'pitong kapanahunan'habang kung saan ang Diyos ay kumikilos sa pagtupad ng Kanyang mga plano. Mula sa Hardin ng Eden (madalas ay tinatawag na Panahon ng Kawalang-Kasalanan) patungo sa panahon ng mga Hudyo (Panahon ng Kautusan) hanggang sa kasalukuyang panahon ng Iglesiya (Panahon ng Biyaya), ang Panginoon ay unti-unting kumikilos at patuloy na dinadala ang Kanyang bayan tungo sa higit na mataas na antas ng espirituwal na karanasan. Sa pagbabalik ni Kristo, ang Panahon ng Milenyo (o Panahon ng Paghahari) ay magsisimula. Ito ang huling dispensasyon o panahon sa ating kasalukuyang langit at lupa, tulad ng pinapakita sa Pahayag 20. At pagkatapospa lamang ng Milenyo, sa Pahayag 21:1 itinala ni Juan ang pasimula ng bagong langit at lupa.

Sa panahon ng pitong dispensasyon sa kasalukuyang langit at lupa, pinangunahan ng Panginoon ang Kanyang bayan sa pagpapatuloy sa mataas at dalisay na karanasang espirituwal. Ang sangkatauhan ay hindi lamang umunlad sa pamamagitan ng kasaysayan sa maraming mga likas na bahagi (katulad ng transportasyon, komunikasyon), medisina at paglagong pang-lungsod) gayunpaman ang Diyos ay nangunguna sa sangkatauhan tungo sa mas higit na espirituwal na pag-unlad. Makikita natin ang pambihirang paglagong espirituwal at pagbabago kahit kung ating man lamang isaalang-alang ang huling tatlong mga dispensasyon ng Panahon ng mga Hudyo, Panahon ng Iglesiya, at ang Panahon ng Milenyo.

Kung tayo ay mananampalataya sa Panahon ng mga Hudyo tayo ay maaringnaglilingkod sa Diyos sa pamamagitan ng maraming natural na mga ritwal tulad ng pagtutuli, handog na mga hayop at mga pagkaing ipinagbabawal sakautusan ni Moises. Ang presenya ng Diyos sa Kanyang bayan ay sinisimbolo

ng tabernakulo o templo ng Diyos. Ngayon sa kasalukuyang Panahon ng Iglesiya tayo aymas mayroong espirituwal na relasyonsa Diyos. Sa halip na natural na pagtutuli, hinahangad natin ang pag-alis ng balat ng ating puso. Ang paghahandog ng mga hayop ay napalitan na nang minsanang sakripisyoni Kristo, ang Kordero ng Diyos. Ang mga natural na ritwal ay malawakan nang napalitan ng espirituwal na mga katotohanan ang ating Kristiyanong pananampalataya. Ang templo ng Diyos ngayon ay angbayan ng Diyossa pamamagitan ng pananahan ng Kanyang presensiya.

Magkagayunman, isang mas mataas na antas ng espirituwal na karanasan ang lalong higit na ikagagalak sa Panahon ng Milenyo. Si Satanas ay igagapos, Pahayag 20:1. Ang mga banal na muling binuhay ay mamamahala sa mga bansa ng may katuwiran. Si Hesu Kristo ay kasama natin habang Siya ay namamahalasabuong mundo mula sa Jerusalem, Zacarias 14:3-9 & 16, Mic 4:1-4. Sinasabi sa atin ni Habakuk ang tungkol dito sa maluwalhating panahon noong kanyang ipinahayag, "*Sapagka't ang lupa ay mapupuno ng kaalaman ng kaluwalhatian ng Panginoon, gaya ng pagtakip ng tubig sa dagat*" Habakuk 2:14.

Madali nating makitakung paanong ang bawat bagong dispensasyon o panahon ay itinaas ang espirituwal na karanasanng bayan ng Diyos tungo sa lalong mataas na antas. Magkagayon man ay binibigyan tayo ng banal na Kasulatan ng higit pang sulyap sa progresibong plano ng Diyos sa walang hanggang darating. Sa Efeso 2:7 at sinabi sa atin na tayo ay tinubos, "*upang maipakita niya sa darating na mga kapanahunan ang nakakahigit na yaman ng kaniyang biyaya, sa kaniyang kabutihan sa atin sa pamamagitan ni Cristo Jesus.*" Mula sa orihinal na Griyego ang talatang ito ay malinaw na nagsasabing mayroon pang maraming mga panahon na darating para sa katuparan ng plano ng Diyos. At dahil mayroon nalamang isang panahongdarating na itatagal ng kasalukuyang langit at lupa, ang ibig sabihin nito ay marami pang panahong darating sa bagong langit at lupa! Hindi lamang higit na mataas ang mga plano ng Diyos para sa Kanyang mga tinubos sa bagong langit at lupa – kung saan walang kamatayan, kalungkutan, o sakit kapag ginawang bago ng Diyos ang lahat ng bagay – kundi sa bagong langit at lupa na iyan ay magpapatuloy ang progresibong mgahakbang mula sa mataas na antas patungo sa mas mataas na antas na plano ng Diyos para sa Kanyang mga anak, Pahayag 21:4-7.

Ngunit anong mataas na antas ng pag-unlad ang mangyayari sa mga sandali ng mga panahong darating sa bagong langit at lupa? Marahil ang ating kaisipan ay nakatuon pa lamang sa mga panlupang bagay at hindi pa handang makaunawaan ng pang walang hanggang progresibong plano ng Diyos.Dalawang daang taon ang nakalipas noong sinabi ng mga tao na sa darating na panahon ay may mgakalalakihang lilipad sa

himpapawid at pupunta sa buwan, iniisip ng lahat na ang mga taong ito ay mga hangal na nangangarap o mga baliw. Gaano pa kaya kalalong dakila at maluwalhati ang magiging kinabukasan ng mga tinubos na sangkatauhan sa kapanahunang darating- subalit nakahanda na nga ba tayong maunawaan ang kamangha-manghang mga plano ng Diyos?

Noong itinala ni Pablo sa 2 Corinto 12:2-4 ang tungkol sa karanasan niya kung saan siya ay inagaw tungo sa langit, sinabi niya na nakarinig siya "*ng mga salitang hindi mabibigkas. Hindi ito ipinahihintulot na sabihin sa tao.*" Ang Diyos ay may nakalaang mga bagay na lubhang makalangit at maluwalhati na imposible para sa atin na maunawaan, ni hindi kayang wikain para ating maipahayag.

Ngunit, alam natin na ang ating Amang nasa Langit ay may walang-hanggang karunungan, kapangyarihan, at pag-ibig. At dahil tayo ay mga nilalang na may hangganan, tayo ay maaari pang madebelop at lumago upang higit na maging kawangis ng Niya. Tayo ay habangbuhay namaaaring makapasok sa mga bagong karanasan sa Diyos, upang lumago at mababago "*mula sa kaluwalhatian, tungo sa kaluwalhatian*." Sakapanahunang darating patuloy Niyang ipapakita sa atin ang labis na yaman ng Kanyang biyaya. Ang pag-asa ng Kristiyano ay sa higit pa sa kung ano ang kaya nating isipin sa ngayon. "*Ang mga bagay na inihanda ng Diyos para sa kanila na umiibig sa kaniya ay hindi nakita ng mga mata, ni hindi narinig ng tainga at hindi pumasok sa puso ng mga tao,*" 1 Corinto 2:9. Ngunit ang ating mga nasulyapan na ngayon ay maaari na nating makamtan, na labis na nakamamangha upang maging dahilan nang pag-alay ng ating mga buhay tungo sa pag-asang makamit itong kaluwalhatiang darating!

# Kabanata 4

## ANG PANGITAIN NG SION

Habang pinag-aaralan natin ang mga aspeto ng kapahayagan na tumutulong sa atin na makita ng mas malinaw ang pag-asa ng Kristiyano, lalong nadaragdagan na ating nasusumpungan ang labis na kahalagahan ng salitang “Sion”. Ang pangalang “Sion” ay nagtatamo ng lumalaganap na kahalagahan ng propesiya habang ating pinagdadaan ang kwento ng Bibliya. Mula sa orihinal nitong kahulugan bilang isang muog na burol sa Jerusalem, ang Sion ay nagpapatuloy sa Lumang Tipan upang ipahiwatig ang mataas na pagkatawag ng Diyos para sa Kanyang bayan. Sa pagtatapos ng Bagong Tipan inihahayag naman nito ang tampok na mga layunin at tamang kalalagyan sa kalangitan. Ano ang ibig sabihin ng lahat ng ito sa atin? Magsimula tayo sa simula.

Ang unang pagkakataon na ang pangalang Sion ay nabanggit sa Bibliya ay sa 2 Samuel. Dito ay mababasa natin, *“Nang siya'y maging hari, pinangunahan niya ang kanyang mga kawal upang lusubin ang mga Jebuseo na nasa Jerusalem. Sinabi nila kay David, “Hindi ka makakapasok dito, kahit mga bulag at lumpo lamang ang magtanggol dito.” Ngunit nakuha ni David ang kuta ng Zion at ito'y tinawag na Lunsod ni David hanggang ngayon. Doon tumira si David sa kuta at tinawag na Lunsod ni David. Pinalawak niya ang lunsod mula sa Millo sa gawing silangan ng burol. Habang tumatagal ay lalong nagiging makapangyarihan si David sapagkat sumasakanya si Yahweh, ang Diyos na Makapangyarihan sa lahat.*2 Samuel 5:6-7, 9-10.

Noong si David ay unang naging hari ng buong Israel, umakyat siya kasama ng kanyang hukbo upang salakayin ang mga Jebuseo sa Jerusalem. Nais niyang magtatag ng isang magandang kapitolyo para sa kanyang bansa, kaya pinili ni David ang lungsod na ito na mayroong matibay na muog na may limang milya lamang (8 km) ang layo mula sa hilaga ng kanyang bayan, ang Bethlehem. Ang mga Jebuseo ay nagtayo ng isang muog doon sa burol sa timog silangang bahagi ng Jerusalem na tinawag na Bundok ng Sion. Ang burolay ipinangalanmulasamuog na ito, na ang kahulugan ng ‘Sion’ ay ‘muog o matibay na tanggulan.’

Minsang nakubkob ni David ang muog, at ito ay naging kabisera ng kanyang kaharian na muling niyang pinangalanang ‘Ang Lunsod ni David.’ Sa kanyang pamumuno sa Sion, pinalawak ng Panginoon ang

kanyang kaharian hanggang pamunuan ni David ang ibayo pa ng makapangyarihang imperyo mula sa Ilog Eufrates hanggang sa dako ng Egipto.

Pati na rin ang pagiging Lungsod ni David kung saan ang hari ay namuno ng may dakilang kapamahalaan, ang burol na ito na tinawag na Bundok ng Sion ay nagkamit din naman ng isa pang dakilang kahalagahan sa panahon ni David. Ang Bundok ng Sion ay ang lugar kung saan naitayo ang tabernakulo at nailagak ang Kaban ng Tipan. Ating mababasa, *"Nagpagawa si David para sa kanyang sarili ng maraming bahay sa Jerusalem. Naghanda rin siya ng isang lugar para sa Kaban ng Tipan at nagpatayo ng isang tolda para rito. Ipinasok nila ang Kaban ng Tipan sa toldang inihanda ni David para dito..."*1 Cronica 15:1 & 16:1.

Ang kaban na ito ay orihinal na nakalagay sa dakong Kabanal-banalang tabernakulo ni Moises, naroon kung saan ang Diyos ay nanahan, kung saan Siya nangusap, at kung saan Niya hinayag ang Kanyang kaluwalhatian sa Kanyang bayan, (tingnan sa Exodo 25:22, Awit 80:1, at Levitico. 16:2) Inilagay ni Haring David ang kaban ng tipan sa tabernakulo sa Bundok ng Sion, na ginawa niyang dako nang pananambahan kung saan ang Diyos ay mananahan sa gitna ng Kanyang bayan (1 Cronica 16:4-37 at Awit 9:11.

Noong inilagay ang kaban sa tabernakulo, Ang Sion ay naging tanyag sa dalawang kadahilanan: parehong ang tronong hari at ang kaban ng Diyos ay naroon! Ang trono ay nangangahulugan ng kapangyarihan, habang ang kaban ay nangangahulugan ng pagsamba at kaluwalhatian ng Diyos. Ang kahalagahan ng trono at kaban sa Sion ay nagpapatuloy sa pagkakaroon ng mas malalim na kahulugang espirituwal habang patuloy na inilalahad ng banal na Kasulatan.

Sa natural, nauunawaan natin na marami sa naninirahan sa kabisera o kapital ng bansa ay may mas mataas na panlipunan at pang-edukasyon na katayuan kaysa sa mga naninirahan sa malayong liblib na kanayunan. Gayundin, kung ikaw ay nakatira o nagtatrabaho sa pambansang palasyo, "*Malacanang o ang White House"* ikaw ay maaring humawak ng isang napakataas na posisyon.

Mahahanap natin ang parehong espirituwal na pagkakahalintulad sa banal na Kasulatan. Sa Awit 76:1-2 ay sinasabi sa atin, "*Sa Juda ay kilala ang Diyos" ang kaniyang pangalan ay dakila sa Israel. Nasa Salem naman ang Kaniyang tabernakulo, at ang Kaniyang dakong tahanan ay sa Sion*." Dito ay makikita natin ang isang higit na dakilang kaalamang esprirituwal habang tayo ay dinadala sa heograpikong sentro sa

bayan ng Diyos. Sa dakong labas, sa gitna ng lahat ng mga Israelita, ang pangalan ng Diyos ay dakila. Habang tumututok tayo sa pinakamahalagang lalawigan, matatagpuan natin ang isang mataas na antas ng espirituwal na kamalayan: *"Sa Juda ay kilala ang Diyos."* Ito ay isang mas mataas na antas espirituwal, sa pagkat napakaraming tao ang nakakaalam na ang pangalan ng Diyos ay dakila, subalit hindi nila personal na kilala ang Panginoon. At sa pagpapaigting ng ating pagsasaliksik upang suriin ang sentro ng bansa tayo ay dumarating sa kabisera o Kapital. Dito sa Jerusalem ay ating matutuklasan ang mas mataas na karanasang espirituwal, sapagkat nasa Jerusalem ang tabernakulo, at sa Bundok ng Sion na natatangi ay ang dakong tahanan ng Diyos.

Ang lahat ng mga Israelita ay bayan ng Diyos na maaring maghanda para sa mga gantimpalang pang walang-hanggan sa langit. Ang ilan ay inalok ng higit na mataas na pagkakatawag kung ihahambing sa iba, katulad ng tribo ng Juda na nagkamit ng titulo ng paghahari. Subalit ang mga taong nakatira sa Sion ay nasa sentro ng pagkilos, dahil ang trono ni David at ang pagsamba sa kaban ay naroon.

Alinsunod dito, ang Sion ay naging kasingkahulugan ng mataas na pagkatawag ng Diyos na maaaring makamit ngbayan ng Diyos sa Lumang Tipan. Ang mga ipinanganak sa Sion ay binigyan ng mataas na karangalan, Awit 87:1-6. Ang Bundok ng Sion ay isang dako ng kagalakan at kaligtasan, ang lungsod ng dakilang Hari, Awit 48:1-14. Makikita ng mga tao ang Diyos sa Sion, Awit 84:7. Doon ay magpapakita ang Diyos sa kaluwalhatian, Awit 102:16.

## ANG KAHALAGAHAN NG SION SA PANAHON NG IGLESIYA

Marami sa mga propeta ng Lumang Tipan ay nagpatuloy upang makita ang lumalagong espirituwal na kahalagahan ng Sion sa Panahon ng Iglesiya. Si Amos sa9:11-12 ay naghulana ang Tabernakuloni David (sa Sion) ay muling itatayo. Nauunawaan ng mga naunang lider ng Iglesiya na ito ay espirituwal na matutupad sa Iglesiya (pag-aralan ang mga Gawa 15:14-17).

Nakita ni Isaias na ang pagpapanibagong-buhay o *revival* sa huling mga araw ay magaganap sa Sion. Kanyang ipinahayag, *"Sa pamamagitan ng makatarungang paghatol, huhugasan ni Yahweh ang karumihan ng Jerusalem at ang dugong nabuhos doon.* **5** *Pagkatapos, lilikha si Yahweh ng isang ulap kung araw na lililim sa Bundok ng Zion at sa mga nagkakatipon roon at magiging maliwanag na ningas kung gabi. Lalaganap ang kanyang kaluwalhatian gaya ng isang malawak na bubong,"* Isaias 4:4-5.

Ang isang pangkaraniwangtinatanggap na interpretasyon ng propesiyang ito ayang ito ay magaganap sa Iglesiya ngmga huling araw. Ang mga tatanggap ng paglilinis at pagtuturo ng Banal na Espiritu ay magiging handa para sa maluwalhating pagpapanibagong-buhay!

Si Obadias ay nagkaroon ng karagdagang kapahayagan patungkol sa Sion. Nakita niya na ang alitan sa pagitan mga lahi nila Jacob at Esau ay magkakaroon ng matagumpay na pagtatapos sa Bundok ng Sion. Ito ay isang propesiya patungkol sa alitan ng mga matuwid at masasama sa huling mga araw. Ang panghuling tagumpay ng mga matutuwid ay inilarawan sa ganitong paraan, sa talatang 21: "*At ang mga tagapagligtas ay magsisisampa sa bundok ng Sion upang hatulan ang bundok ng Esau; at ang kaharian ay magiging sa Panginoon."* Itong mga 'tagapaglitas'ay isinalin na 'tagapagpalaya' sa iba pangmga salin ng Bibliya, ay hindi nagsasalita ng gawa ni Kristo sa katapusan ng panahong ito. Ito ay tumutukoy sa mga mapagtagumpay na mga Kristiyano, ang mga anak ng Diyos na kung saan ay hinihintay ng sanlibutan na makitang maihayag, Roma 8:19-21.

## ANG KAHALAGAHAN NG SION SA MILENYO

Ang ibang mgapropeta sa Lumang Tipan ay nagpatuloy na magkaroon ng pinalawak na layunin ng pangitain ng Sion, hindi lamang sa huling mga araw, kundi pati sa Milenyo. Si Mikas at Isaias ay kapwa nag propesiya na ang Bundok ng Sion ay maitataas upang mamuno at magturo sa mga bansa. Mababasa natin*: "Darating ang panahon, na ang bundok na kinatatayuan ng Templo ni Yahweh ay mamumukod sa kataasan sa lahat ng bundok. Higit itong dadakilain kaysa lahat ng burol, at dudulog dito ang maraming bansa. Daragsa ang maraming tao at sasabihin nila, "Halikayo, tayo na sa bundok ni Yahweh, sa templo ng Diyos ni Jacob, upang malaman natin ang nais niyang gawin natin at matuto tayong lumakad sa kanyang landas. Sapagkat magmumula sa Zion ang katuruan, at sa Jerusalem ang salita ni Yahweh." Siya ang mamamagitan sa mga bansa, at magpapairal ng katarungan sa lahat ng lahi. Kaya't gagawin nilang talim ng araro ang kanilang mga tabak, at karit naman ang kanilang mga sibat. Mga bansa'y di na mag-aaway, at sa pakikidigma'y di na magsasanay… Akong si Yahweh, ang maghahari sa kanila buhat sa Bundok ng Zion sa araw na iyon at magpakailanman."* -Mikas 4:1-3 & 7

Ang propesiyang ito ay maaaring mangusap kung paanong ang Panginoon ay itataas ang Kanyang Iglesiya sa huling mga araw, ngunit ang ganap na katuparan nito ay sa panahon ng Milenyo. Sa Awit 2 at 110 Ating karagdagang mapag-aaralan kung paanong si Haring David ay nag propesiya na ang Mesias ay maghahari mula sa Sion. Katulad ng si Haring David ay namahala sa kanyang malawakang pandaigdigang

imperyo mula Sion; gayun din ang Panginoong Hesus, ang Anak ni David, ay pamamahalaan ang mundo mula Sion sa panahon ng Milenyo. Ang mga bansa sa buong daigdig ay magpapadala ng kanilang mga kinatawan taun-taon sa Jerusalem upang sumamba sa Hari ng mga hari, ang Panginoon Hesus, Zacarias 14:16-17.

Kaya nga makikita natin sa buong Lumang Tipan na ang Sion ay isang lugar kung saan ang kapangyarihan (ang trono ng hari) at ang pagsamba sa Diyos at kaluwalhatian (ang kaban ng Diyos) ay ipinahayag. Itong kapangyarihan at kaluwalhatian mula sa Sion ay inihayagupang kumalat sa buong daigdig sa pamamagitan ng Iglesiya. At sa panahon ng milenyo ito ay patuloy na mahahayag sa mga bansa magmula sa Bundok ng Sion sa Jerusalem, kung saan ang Hari ng mga hari ay mamamahala at sasambahin.

## ANG MAKALANGIT NA SION SA BAGONG TIPAN

Kung tayo nga ay magpapatuloy sapag-aaral ng Bagong Tipan, makikita natin na ang pangitain ng Sion ay iniangat ng lalong mataas. Mula sa tayog ng pandaigdigang kapamahalaan sa Lumang Tipan, ang Bundok ng Sion ay ipinapahayag sa Bagong Tipan bilang makalangit nasentro ng kapangyarihan at kaluwalhatian ng Diyos!

Sa Hebreo 12:22-24, mababasa natin ang ang mga sumusunod patungkol samakalangit na patutunguhan ng mga Kristiyano: *"Subalit kayo ay nakalapit na sa bundok ng Sion at sa lungsod ng buhay na Diyos, sa Jerusalem na maka-langit at sa hindi mabilang na mga anghel. Lumapit na kayo sa pangkalahatang pagtitipon at sa iglesiya ng mga panganay na nakatala sa kalangitan. Lumapit na kayo sa Diyos na hukom ng lahat at sa mga espiritu ng mga matuwid na pinaging-ganap. Lumapit na kayo kay Jesus na siyang tagapamagitan ng isang bagong tipan at sa dugo na kaniyang iwinisik na nangungusap ng higit na mabubuting bagay kaysa sa dugo ni Abel."*

Dito ay makikita natin na mayroong makalangit na Sion at Jerusalem, tulad ng kung paanong mayroong Sion at Jerusalem dito sa lupa. Ang makalangit na Jerusalem ay isinalarawan sa atin sa Pahayag kabanata 21. Katulad ng pagkakaroon ng lugarnalungsod ng Jerusalem sa lupa na tinatawag na Bundok ng Sion, kung saan ang trono ng hari at pagsamba sa Diyos ay matatagpuan, matutuklasan nating ito man ay totoo rin para samakalangit na lungsod. Sa Pahayag 14:1-3 mababasa natin, "*At nakita ko, narito, ang Korderong nakatayo sa bundok ng Sion. Siya ay may kasamang isangdaan at apatnapu't apat na libong mga tao na nakatayo. May nakasulat na pangalan ng kaniyang ama sa kanilang mga noo. Ako ay*

*nakarinig ng isang tunog na mula sa langit na katulad ng tunog ng maraming tubig. Ito ay katulad ng isang napakalakas na kulog. Narinig ko ang tunog ng maraming manunugtog ng kudyapi na tumutugtog ng kanilang kudyapi. Sila ay umawit ng isang bagong awit sa harapan ng trono at sa harapan ng apat na buhay na nilalang at ng mga matanda. Walang sinumang matututo ng awit na iyon. Ang matututo lamang nito ay ang isangdaan at apatnapu't apat na libong mga tao na tinubos ni Jesus sa lupa."*

Ang kasulatang ito ay ipinapahayag na sila na mga tatayo kasama ang Kordero sa panlangit na Bundok ng Sion ay aawit ng kanilang pagsamba sa harap ng trono, ang apat na buhay na mga nilalang, at ang mga matatanda. Malinaw nitong ipinapakita sa atin na ang makalangit na Bundok ng Sion ay nasatronong Makapangyarihang Diyos, gaya ng isinalarawan sa Pahayag kabanata 4. Kaya gaya ng ang Sion dito sa lupa, ay ang lugar ng trono at pagsamba, makikita natin na ang tunay na Sion sa langit ay nasatrono ng Diyos at siyang sentro ng pagsamba.

Maraming mga tao ang nagkaroon ng mga pangitain atmga panaginip tungkol sa iba't-ibang bahagi ng langit. Mayroong mga hardin ng mga bulaklak at magubat na lugar sa panalabas ng paraiso. Mayroon ding isangmakalangit na lungsod, na may mga daan, mga tao, at mga dako kung saan ginaganap ang iba't-ibang pagdiriwang. Ngunit ang pinakakahanga-hanganglugarsalahat ay ang trono ng Diyos kung saan ang Kanyang kaluwalhatian, kapangyarihan, at pagsamba ay ganap na ipinapahayag. Ito ang makalangit na Bundok ng Sion!

Kapag ang mga bagong mananampalataya o sanggol kay Kristo ay pupunta sa langit, sila ay unang darating sa labas na gilid ng paraiso. Ang kagandahan at kagalakan na kanilang matatanggap roon ay napakalaki, at maaarisilangmanatiliroonsa matagal na panahon upang makasanayan nilaang mas mababang kaluwalhatian ng langit.

Ang ibang mga banal naman ay maaaring handa nang pumasok sa makalangit na lungsod kapag sila ay namatay. Makikita nila na may labindalawalang pintuang-daan na nakapangalan sa labindalawang tribo ng Israel, Pahayag 21:12-13. Itong mga pintuang-daan na ito ay nangungusap din patungkol sa iba't-ibang espirituwal na karanasan na pinasok ng mga tribo ng Israelita. Ayon sa kanilang esprituwal na mga karanasan sa lupa, masusumpunganng mga banal ang pasukan sa iba't-ibang bahagi ng lungsod sa langit na kung saan makakasama nila ang iba pang mga banal na may katulad na pagkakatawag at paglago.

Gayunpaman, ang pinakamataas na antas ng kapangyarihan at kaluwalhatian ay ibibigay sa mga nasa paligid ng trono ng Diyos. Hindi lahat ay magiging handa o magiging karapat-dapat para sa antas na ito nang karanasan. Nakita natin mula sa naunang kabanata kung paanong ang mga banal na nabuhay na mag-uli ay mapupuno ng iba-ibang mga sukat ng kaluwalhatian, tulad ng mga bituin, buwan at araw na nagniningning sa kalawakan na may iba't-ibang antas ng liwanag. Ang bawat isa sa kanila ay magiging handa para sa iba't ibang antas ng kapangyarihan, katulad ng mga hari, mga gobernador, at mga alkalde. At sa pagsasaalang-alang natin sa pagkakahalintulad sabansang Israel, makikita natin na tanging kaunting bahagi lamang ang nanirahan sa Jerusalem, at higit na kakaunti ang nanirahan malapit sa trono sa Bundok ng Sion.

Ang pagkaunawa sa mga katotohanang ito tungkol sa Sion ay magbubukas sa atin ng maraming bagay sa banal na Kasulatan. Habang pinag-aaralannatin ang tungkol sa Sion, ang pangitain ay maaaring maging mas maliwanag na mayroong isang maluwalhating pag-asa na nakalaan sa bawat Kristiyano na buong pusong inihahandaang kanyang sarili. Ang ilang Kristiyano ay maaaring ligtas at kuntento na lamang na nakatakas sa impiyerno. Ang ilan ay maaaring magsimulang magkaroonng interes sa pagtitipon ng mga gantimpalang panghabang-buhay sa langit. Ngunit ang Kristiyanong may mga pinalawak na pangitain at dalisay na puso ay walang ibang hangad kundi ang pinakamainam ng Diyos.Mahigpit tayong mahahawakan ng hangarin na katulad ng kay Apostol Pablo, "*pinagsisikapan kong maabot ang hangganan ng takbuhin para sa gantimpala ng mataas na pagkatawag sa akin ng Diyos na na kay Cristo Jesus,"* Filipos 3:14. Ang pag-asa ng pagkatawag na ito ay maaaripara sa bawat Kristiyano, kahit ano pa ang kanilang karanasan, kung ihahandog lamang nila ang kanilang mga buhay upang tuparin ang lahat ngkalooban ng Diyos. Ang susi ay hindi kung saan tayo nanggaling, kundi kung saan ang ating pinatutunguhang espiritual!

## ANG LANSANGANG MGA DAAN PATUNGONG SION

Ang sabi ng Salmista, "*Mapalad ang tao na ang kalakasan ay nasa iyo; na may mga daan sa kaniyang puso na tungo sa Sion! Na nagdaraan sa libis ng iyak na ginagawa nilang dako ng mga bukal; Oo, tinatakpan ng pagpapala ng maagang ulan…Sila'y nagsisiyaon sa kalakasa't kalakasan, bawa't isa sa kanila ay napakikita sa harap ng Dios sa Sion,*" Awit 84:5-7. Ito ay nangungusap sa mga Kristiyano ng Bagong Tipan kung paano natin kailangang magkaroon ng mga pusong nakatuon sa pagkakamit ng layunin na makatayo sa harapan ng Diyos sa Kanyang luklukan sa langit. Sa lahat ng mga luha ng ating paglalakbay dito sa lupa, Ang Diyos ay kaya tayong bigyang ng kaaliwan, panariwain ang ating mga lakas,

at tutulungan tayong maiangat pataas ng pataas upang makapagpatuloy. Kung ang ating puso ay matatag na nakatuon sa pagkakamit ng walang-hanggang mana sa Kanyang trono, tayo ay makagpapatuloy mula sa kalakasan tungo sa kalakasan at mula sa kaluwalhatian tungo sa kaluwalhatian hanggang sa tayo ay makaharap sa Diyos sa makalangit na Sion. Gaya ng sinabi ng ating Panginoong Hesus, "*Ang magtatagumpay ay bibigyan ko ng karapatangmaupong kasama Ko sa Aking trono, katulad din ng aking pagtatagumpay. At Ako ay umupong kasama ng Aking Ama sa kaniyang trono."* Pahayag 3:21

Nakuhamo ba ang pangitain na posible tayong makaupo kasama ni Kristo sa Kanyang trono sa darating na walang-hanggan? Ikaw ba ay nagpapatuloy patungo sa mataas na pagkatawag ng Diyos sa iyong buhay? Mayroon bang mga lansangang-daan tungo saSion sa iyong puso na siyang maghahatid sa iyo sa pagkamit ng layuning ito? Si Juan Bautista ay ipinadala kasama ang ministeryo ng pagsisisi upang magawa ang daan na ito para sa kanyang henerasyon. Siya ang tinig na sumisigaw mula sa ilang, "*Pantayin…ang lansangan*," Is 40:3-5; Mt 3:1-3. Ang Isaias 35:8-10 ay nagsasabi rin sa atin ng marami pang bagay tungkol sa lansangang itona gagawin sa ilang. Doon ay tinawag itong ang 'Daan ng Kabanalan" na siyang maghahatid sa mga anak ng Diyos upang makarating sa Sion.

## ANG PANGITAIN NG PAG-ASA NG KALUWALHATIAN

Nais ng Panginoon na magtanim ng pangitain ng pag-asa sa bawat puso ng Kanyang bayan. Magkakaroon ng mga dakilang pagpapanibagong-buhay sa buong daigdigsa huling mga araw. Ang mga kapulungan ng Bundok ng Sion, na binubuo ng bawat iglesiya na nagpapatuloy sa kabanalan tungo sa mataas na pagkatawag ng Diyos, ay mababalutan ng Kanyang kaluwalhatian, Isaias 4:3-6. Itataas ng Panginoon ang Kanyang Iglesiya sa mas higit na dakilang kapangyarihan at kaluwalhatian, upang matulungang maihanda ang daan para sa Ikalawang Pagparitoni Kristo. Pagkatapos ng Kanyang pagbabalik upang hatulan ang mga bansa at igapos si Satanas at ang kanyang mga kampon, ang Panginoong Hesus magkagayun nga aymamamahala sa buong mundo mula sa Bundok ng Sion sa Jerusalem sa isang libong mga taon, Isaias 24:21-23; Pahayag 20:1-6. Gayundin, sa langit ay nakaupo ang Panginoon sa Kanyang trono sa Sion, kung saan ay aanyayahanNiya ang mgamananagumpayna umupong katabi Niya sa kanyang trono at mamahalang kasama Niya sa kaluwalhatian, sa magpasawalang-hanggan. Tayo ay maaaring mabago ayon sa wangis ni Kristo at manirahan sa Bundok ng Sion, kung saan ay maaari tayong makabahagi sa makapangyarihang kaluwalhatian at kapamahalaan ng kahanga-hangang Kordero ng Diyos habang-buhay.

Ang mga katotohanang ito ba ay pumupukaw sa iyong puso upang higit mong hangarin ang pinakamainam ng Diyos? Kung oo, ilaan na natin angating mga buhay tungo sa pagkamit nitong "*perlas na may napakalaking halaga"* na Kanyang inaalok sa atin. Sa pamamagitan ng espiritu ng kapahayagan, makikita natin kung ano ang pag-asa ng ating pagkatawag, ngunit kailangan din nating magpatuloy at kamtan ang katuparan nito. Sa dahilang ito, ay pag-aaralan naman natin ngayon ang kung paano matatamo ang karunungan na atin ding kailangan upang tunay na makamit ang katuparan ng ating pag-asa ng kaluwalhatian.

*Ikalawang Bahagi*

# KARUNUNGAN UPANG MAKAMIT ANG PAG-ASA NG KALUWALHATIAN

# Kabanata 5

## ANG ESPIRITU NG KARUNUNGAN

Sa unang bahagi ng aklat na ito, ating nakita na kailangan natin ng espiritu ng kapahayagan upang maunawaan ang pag-asa o panghinaharap na layunin ng Kristiyano. Sa ating pagtanggap sa pangitain ng mga layunin ng Diyos para sa ating buhay, ang pangitaing iyon ang mag-uudyok at magbibigay sa atin ng direksyon upang tayo ay magsumikap na magpatuloy tungo sa pag-abot sa hangganan ng mataas na pagkatawag ng Diyos.

Gayunpaman, hindi sapat na malaman lang natin ang pag-asa ng ating pagkatawag. Gaya ng sinabi ng ating Panginoong Hesus sa Mateo 22:14, "*Marami ang tinawag ngunit kakaunti ang pinili.*" Hindi sapat para sa atin na magkaroon lamang tayo ng kapahayagan ng ating layunin sa hinaharap – kailangan nating makarating doon! Upang tayo ay makapasok sa *pagkamit* sa pag-asa ng Kristiyano, kailangan din natin ng higit pang pagpapahid ng espiritu ng karunungan. Kaya nanalangin si Apostol Pablo para sa mga mananampalataya sa Efeso na sila ay parehong makatanggap ng espiritu ng karunungan at kapahayagan upang maunawaan ang pag-asa ng kanilang pagkatawag. Ang kanyang panalangin ay, "*Dumadalangin ako sa Diyos ng ating Panginoong Jesucristo, ang Ama ng kaluwalhatian, na ipagkaloob Niya sa inyo ang espiritu ng karunungan at kapahayagan sa kaalaman sa Kaniya. Idinadalangin kong maliwanagan ang mata ng inyong isipan upang malaman ninyo kung ano ang pag-asa ng Kaniyang pagtawag at kung ano ang yaman ng kaluwalhatian ng Kaniyang pamana sa mga banal*." Efeso 1:17-18**.**

Ang espiritu ng karunungan ay isa sa mga pangunahing pagpapahid ng Banal na Espiritu. Sa Pahayag 4:5, itinala ni Apostol Juan na, "*Pitong ilawan ng apoy ang nagniningas sa harap ng trono. Sila ay ang pitong Espiritu ng Diyos."* Ang pitong mga Espiritu, o mga pagpapahid ng Banal na Espiritu, ay nakatala para sa atin sa Isaias 11:2 – "*At ang Espiritu ng Panginoon ay sasa kaniya, ang Espiritu ng karunungan at ng kaunawaan, ang Espiritu ng payo at ng katibayan, ang Espiritu ng kaalaman at ng takot sa Panginoon***.**" Ang pangalawa sa pitong mga pagpapahid na ito ay ang espiritu ng karunungan.

Noong nanalangin si Pablo para sa mga mananampalataya sa Efeso sa Efeso 1:15-23, hiningi niya sa Panginoon na bigyan sila ng espiritu ng karunungan kasama ng espiritu ng kapahayagan. Ang dalawang mga pagpapahid na ito ay nagtutulungan upang balansehin ang bawat isa at kumpletuhin ang mga gawain ng Diyos. Ito ay sa kadahilanang ang espiritu ng karunungan ang nagbibigay kahulugan at ginagamit ang

kapahayagan upang malaman natin kung paano dalhin ang mga plano ng Diyos sa katuparan nito. Sa simpleng salita, ang espiritu ng kapahayagan ang nagsisimula sa gawain ng Diyos, sa pamamagitan ng pagpapakita sa atin kung *ano* ang nais gawin ng Diyos sa ating mga buhay; habang ang espiritu ng karunungan ay tumutulong na tapusin ang gawain ng Diyos, sa pamamagitan ng pagpapakita sa atin kung *paano* natin matutupad ang layunin.

## PAGTATAYO NG TABERNAKULO NI MOISES

Ang ilang halimbawa sa Kasulatan ay makakatulong sa atin upang higit itong maunawaan. Una ay titingnan natin kung paano ginawa ang Tabernakulo ni Moises. Ang pagtatayo nito ay nagsimula sa kapahayagan mula sa Diyos kay Moises. Sa Exodo 25:8-9 Ang Panginoon ay nangusap kay Moises at sinabi, "*Ipagpagawa mo ako ng santuwaryo na titirhan kong kasama nila. Ang santuwaryo at ang lahat ng kagamitang ilalagay roon ay gagawin mo ayon sa planong ibibigay ko sa iyo*."

Sa pamamagitan ng espiritu ng kapahayagan, natanggap ni Moises ang pangitain ng pagtatayo ng tabernakulo. Gayunpaman, hindi si Moises ang talagang gumamit ng mga kagamitan para ito ay maitayo. Mayroong mga burdadong tela na kailangang tahiin, mga tinunaw na metal na kailangang hubugin, mga mamahaling bato na kailangang tabasin at mga kahoy na kailangang lilukin…maraming mga kumplikadong mga kahusayan ang kailangan upang talagang mabuo ang tabernakulo kasama ang mga kasangkapan nito. Kaya habang si Moises, sa pamamagitan ng espiritu ng kapahayagan ay tumanggap ng plano para sa tabernakulo, ang ibang mga may kahusayan sa paggawa, sa tulong ng espiritu ng karunungan, ang bumuo nito.

Sa Exodo 28:3 sinabi kay Moises, "*At iyong sasalitain sa lahat ng matalino, na aking pinagpupuspos ng diwa ng karunungan, na kanilang gawin ang kasuutan ni Aaron…*" At sa Exodo 31:2-6 naman ay sinabi pa ng Panginoon kay Moises, "*Tingnan mo Aking tinawag sa pangalan si Bezaleel na anak ni Uri, na anak ni Hur, sa lipi ni Juda: At aking pinuspos siya ng Espiritu ng Dios, sa karunungan at pagkakilala, at kaalaman, at sa lahat ng sarisaring gawain, upang kumatha ng mga gawang kaayaaya, upang gumawa sa ginto, at sa pilak, at sa tanso, at upang umukit ng mga batong pangkalupkop, upang gumawa ng mga nililok na kahoy, at upang gumawa sa lahat na sarisaring gawain. At Ako, narito, Aking inihalal na kasama niya si Aholiab, na anak ni Ahisamac sa lipi ni Dan; at sa puso ng lahat na maalam na puso, ay aking isinilid ang karunungan, upang magawa nila ang lahat ng Aking iniutos sa iyo*."

Kaya dito ay makikita natin kung paanong ang espiritu ng karunungan ay kinailangan upang talagang mabuo ang tabernakulo kung saan si Moises ay nataasang itayo. Tinanggap ni Moises ang mga plano sa pamamagitan ng espiritu ng kapahayagan, ngunit si Bezaleel at ang iba pang mga manggagawa ang binigyan ng Diyos ng espiritu ng karunungan upang ang tabernakulo at ang mga kasangkapan nito maitayo. Ang espiritu ng kapahayagan kay Moises, at ang espiritu ng karunungan na pumuno sa mga manggagawa, ay magkatuwang na tinapos ang gawain at naging dahilan upang ang tabernakulo ni Moises ay maitayo nang ayon sa makalangit na pagpaparisan.

Ito ay nagpapakita sa atin kung paanong ang espiritu ng karunungan at ang espiritu ng kapahayagan ay nagtulungan upang gawin ang santuwaryo para sa Diyos noong sinaunang panahon. Ngunit ngayon, sa panahon ng Bagong Tipan, sinabi sa atin na ang bayan ng Diyos ang siyang magiging Kaniyang templo, 1 Cor 3:16. Paano natin malalaman kung *ano* ang nais ng Diyos na buuin sa ating mga buhay upang magawa Niya tayo na Kaniyang santuwaryo? Ito ay sa pamamagitan ng espiritu ng kapahayagan. Kung magkagayon nga ay paano natin malalaman kung *paano* ito nais buuin ng Diyos? Ito ay sa pamamagitan ng espiritu ng karunungan!

## PAGLAYA SA PITONG TAON NA TAG-GUTOM

Ang ikalawang halimbawa sa Kasulatan ng espiritu ng karunungan at espiritu ng kapahayagan na magkatuwang na gumagawa ay noong nailigtas ang Ehipto mula sa pitong taon na tag-gutom sa mga panahon ni Jose. Sa Genesis 41 mababasa natin kung paanong si Faraon, ang hari ng Ehipto, ay nagkaroon ng dalawang hindi pangkaraniwang panaginip. Alam niya sa kanyang puso na ang mga ito ay mahalagang mga kapahayagan, ngunit wala ni isa sa kanyang mga salamangkero ang makapagbigay ng kahulugan sa mga panaginip. Ngunit, nang ipinatawag si Jose, kinasihan siya ng Panginoon ng karunungan upang bigyang kahulugan ang mga panaginip at magbigay ng payo kung ano ang nararapat gawin ng bansa upang hindi ito magkulang sa mga darating na mga taon ng kabalisahan. Pagkatapos magsalita ni Jose, sumagot ang Faraon sa kanya sa talata 39, *“Kaya't sinabi ng Faraon kay Jose, “Ang Diyos ang nagpakita sa iyo ng lahat ng ito, kaya't wala nang hihigit pa sa iyo sa karunungan at pang-unawa.”* Dahil sa maliwanag na pagpapahid ng karunungan kay Jose, itinalaga siya ng Faraon bilang Punong Ministro ng Ehipto upang maipatupad niya ang kanyang matalinong pagpayo.

Sa salaysay na ito, ibinigay ng Diyos sa Faraon ang kapahayagan tungkol sa parating na pitong taon na tag-gutom. Ngunit ang kapahayagan na iyon mismo, ay walang praktikal na halaga. Tanging noon lamang

nang kinasihan ng Diyos si Jose ng karunungan na magbigay kahulugan at praktikal na magamit ang kapahayagan, na ang gawain ng Diyos ay nakumpleto at ang mga tao ay nakasumpong ng pagpapalaya.

Kahit na ang kwentong ito ay may kinalaman sa sinaunang panahon ng pitong mga taon ng kalamidad, ang mensahe ay maaaring magkaroon ng kasalukuyang pagsasabuhay. Marami sa mga taga-pagbigay kahulugan or *interpreters* ay nagkakasundo na ang aklat ng Pahayag ay nagbibigay babala sa atin tungkol sa paparating na panahon ng kapighatian na kagaya rin ay magtatagal ng pitong taon. Katulad ni Jose na sa pamamagitan ng kanyang karunungan ay nagdala ng kaligtasan sa pamilya ng Diyos at pati sa ibang mga bansa, ang mga mananampalataya ay muling mangangailangan ng espiritu ng karunungan sa huling mga araw na ito.

## ILAW MULA SA SALITA NG DIYOS

Ang isa pang halimbawa kung paanong ang dalawang pagpapahid ng karunungan at kapahayagan ay magkatuwang na gumagawa ay makikita sa Awit 119:105. Dito ay mababasa natin, "*Ang salita Mo'y ilawan sa aking mga paa, at liwanag sa aking landas*." Mula sa talatang ito mauunawaan natin na ang Salita ng Diyos ay naipapaliwanag sa dalawang paraan ng Banal na Espiritu. Ito ay maaaring isang malapit na ilawan na nagbibigay liwanag sa ating kasulukuyang lakad, at ito rin ay isang malayong liwanag na nagpapakita sa ating landas na ating pupuntahan.

Maaari nating ihambing ang espiritu ng kapahayagan na parang isang liwanag sa ating landas, samantalang ang espiritu ng karunungan naman ay isang ilawan sa ating mga paa. Sa pamamagitan ng kapahayagan nakikita natin ang malayong landas o layunin na ating lalakbayin at pupuntahan. Ngunit upang masiguro natin na makakarating tayo doon ng ligtas, kailangan din natin ang karunungan upang magbigay liwanag sa ating kasalukuyang paglakad, upang hindi tayo madapa o matisod.

Ipinakita sa amin ang katotohanang ito ilang taon na ang nakalilipas noong ang aking pamilya ay nakatira sa isang liblib na isla sa Pilipinas. Walang mga daan kung saan kami nakatira. Mayroon lamang isang makitid na daanan na ginagamit ng lahat ng mga tao at hayop. Minsan ay nagkaroon kami ng isang panauhing pastor na magtuturo sa Paaralan ng Bibliya. Upang makarating sa paaralan kailangan naming maglakad sa makitid na daanan na may ilang daang yarda mula sa aming tahanan. Nang minsan sa isang madilim na gabi, ang aming panauhin ay mangangaral ng Salita ng Diyos sa pagtitipon nang gabing iyon. Binuksan na ng Paaralan ng Bibliya ang dyeneretor at ang bahay-sambahan sa dulo ng daraanan ay may

mga ilaw na na nagliliwanag. Nais ng aming panauhin na mauna sa amin, kaya inalok ko siya ng plaslayt. Tinanggihan niya ito, dahil nakikita naman niya ang liwanag na nasa dulo ng kanyang daraanan. Ngunit maya-maya ay muli siyang bumalik sa bahay namin, dahil kinailangan niyang hugasang maiigi ang kanyang mga paa bago siya magpatuloy. Kung inyong titingnan, mayroon siyang liwanag sa kanyang landas, ngunit wala siyang ilawan (o plaslayt) upang makita kung saan tumatapak ang kanyang mga paa. Kung hindi ka pa natira sa Asya, hindi mo alam kung gaano kalalaki ang mga dumi ng mga kalabaw na madalas ay naiiwan sa mga daanan, ngunit iyon ay nalaman ng aming panauhin! Ito ay naglalarawan sa atin kung gaano kahalaga na hindi lamang natin alam kung *saan* natin nais pumunta, kundi atin ding tingnan kung *paanong* tayo ay may karunungan na makakarating doon.

## ANG PAG-ASA NG KALUWALHATIAN

Marami pang ibang halimbawa kung paanong ang dalawang mga pagpapahid na ito ay magkatuwang na gumawaga, ngunit sa ngayon ay tapusin na natin ang ating pagsusuri at tingnan natin sa Colosas 1:26-28 ang tungkol kay "*Cristo na sumasainyo, ang pag-asa sa kaluwalhatian.*" Mababasa natin mula roon, "*...ang hiwagang inilihim mula pa sa nakaraang kapanahunan at mula sa mga lahing nakaraan, ngunit ngayon ay ipinahayag sa kaniyang mga banal. Sa kanila ay ipinasya ng Diyos na ipakilala ang kayamanan ng kaluwalhatian ng hiwagang ito sa mga Gentil. Ito ay si Cristo na sumasainyo, ang pag-asa sa kaluwalhatian. Siya ang aming ipinahahayag. Binibigyan namin ng babala at tinuturuan ang bawat tao ng lahat ng karunungan, upang maiharap naming ganap ang bawat tao kay Cristo Jesus*."

Nagsimula si Apostol Pablo sa pagpapahayag ng hiwagang ito tungkol sa maluwalhating pag-asa ng Kristiyano. Ngunit siya ay lumipat mula sa kapahayagan tungo sa karunungan noong sinabi niya, "*Binibigyan namin ng babala at tinuturuan ang bawat tao ng lahat ng karunungan, upang maiharap naming ganap ang bawat tao kay Cristo Jesus*." Dito ay makikita nating muli na pagkatapos ibigay ang kapahayagan, kailangang isakatuparan ng karunungan ang pangitain. Ito ay makakatulong sa atin upang ang bawat isa sa atin ay maging "*ganap kay Hesu Kristo*." Kaya katulad ng paggamit dito ni Pablo sa kanyang pagsusulat sa pamamagitan ng kapahayagan at pagkatapos ay ang karunungan tungkol kay "*Kristo ay sumasainyo, ang pag-asa ng kaluwalhatian*," tayo din ay sumusunod sa parehong pag-paparisan sa aklat na ito na ipinapaliwanag ang maluwalhating pag-asa ng Kristiyano.

## PAANO NATIN MAKAKAMIT ANG ESPIRITU NG KARUNUNGAN

Habang lalong tayong lumalago sa Panginoon, ay lalo rin nating higit na nakikita ang pangangailangan natin ng karunungan. Ito ay katulad ng isang natural na pagtanda ng isang batang lalaki. Kapag ang isang bata ay nagpasimulang lumalaki at lumalakas bilang isang binatilyo, nagagalak siya sa kanyang mga bagong abilidad at kalakasan. Kapag siya ay humaharap sa mga problema katulad halimbawa ng sasakyang natigil sa putikan, agaran niya itong gagawan ng paraan at susubuking lutasin ang kanyang suliranin sa pamamagitan ng purong lakas ng matipuno niyang katawan. Ngunit sa kanyang pagtanda ay unti-unti niyang makikilala ang katotohanan ng kawikaan ni Solomon na ang "*Karunungan ay maigi kay sa kalakasan*," Mangangaral 9:16. Sa halip na agarang bubuhatin ang sasakyan at susubuking gawin ito ng mag-isa, maingat na susuriin matandang lalaki ang sitwasyon at susubukan na hanapin ang pinakamadaling paraan upang matapos niya ang gawaing alisin ito sa putikan.

Sa paglago natin sa Panginoon, ay unti-unti nating makikita ang tumitinding pangangailangan natin ng karunungan ng Diyos.  Ngunit paano natin ito makakamit? Ang pangunahing paraan ay sa pamamagitan ng pananalangin. Noong ninais ni Apostol Pablo na tumanggap ng espiritu ng karunungan ang Iglesiya ng Efeso, nakita natin na idinalangin niya ang mga mananampalataya doon. Nang ang kabataang Haring Solomon ay binisita ng Panginoon sa kanyang panaginip, siya ay humiling ng karunungan, 1 Hari 3:5-12. Sinabi sa atin "*Walang kapantay ang katalinuhan at karunungang ipinagkaloob ni Yahweh kay Solomon. Walang katulad ang kanyang kaalaman. Ito ay higit sa karunungan ng lahat ng mga matatalinong tao sa silangan at sa buong Egipto,"* 1 Hari 4:29-30. Sa pamamagitan ng pananalangin ay maaari din nating matamo ang karunungan ng Diyos. Tulad ng sinabi ni Santiago, *"Kung ang sinuman sa inyo ay kulang sa karunungan, humingi siya sa Diyos at iyon ay ibibigay sa kaniya. Ang Diyos ay nagbibigay nang masagana sa lahat at hindi nagagalit."* Santiago 1:5.

Noong naging bagong pinuno ng Israel ang kabataang si Josue, natamo niya ang bagong karunungan para sa kanyang bagong mga responsibilidad. Nanalangin si Moises at ipinatong niya ang kanyang mga kamay kay Josue sa kanyang ordinasyon. Atin ding mababasa, "*At si Josue na anak ni Nun ay napuspos ng diwa ng karunungan: sapagka't ipinatong ni Moises ang kaniyang mga kamay sa kaniya; at dininig siya ng mga anak ni Israel,*" Deutoronomio 34:9. Dito ay makikita natin na parehong ang pananalangin at pagpapatong ng mga kamay ay nakatulong sa pagbahagi ng pagpapahid kay Josue.

Sinasabi rin ng Kawikaan 13:20 sa atin, *"Lumalakad ka na kasama ng mga marunong na tao, at ikaw ay magiging marunong; nguni't ang kasama ng mga mangmang ay mapapariwara."* Isa pang mahalagang paraan kung paano tayo maaaring makatanggap (o mawalan) ng karunungan ay ayon sa kung anong klaseng mga kasama ang pinipili nating makasama at paggugulan ng oras. Kabilang dito, hindi lamang personal mong mga kaibigan, kundi pati sa mga iba pang taong binibigyan natin ng oras tulad sa panonood sa kanila sa mga programa sa telebisyon, o pakikinig ng kanilang mga musika, o pagbabasa ng kanilang mga isinusulat.

Sa aklat ng Kawikaan ay mababasa natin ang maraming kasabihan tungkol sa isang tao na kumakatawan sa karunungan. Iniiyak niya ang mga kasabihan tulad ng, "*Magsibalik kayo sa aking saway*," "*makinig*", at "*tanggapin ang aking pagtuturo*," Kawikaan 1:23, 8:6, at 8:10. Kailangan nating ibaling ang ating mga puso sa karunungan ng Diyos, at ibaling sa Salita ng Diyos, upang tayo ay tumanggap ng lalong higit pang karunungan.  Kaya't pananalangin, pagkakaroon ng matalinong pakikisalamuha, at pagsunod sa Salita ng Diyos, lahat ng ito ay mahahalagang mga paraan upang tayo ay lumago sa karunungan.

## MGA TATLUHAN SA BANAL NA KASULATAN

Ang isang mahalagang pinagmumulan ng karunungan sa Bibliya ay ang nauna na nating binanggit na tungkol sa iba-ibang tatluhan sa Salita ng Diyos. Ang bawat tatluhan ay nagtuturo sa atin ng karunungan tungkol sa progresibong yugto ng espirituwal na paglago at pagiging ganap. Sa sumusunod na tsart ay mayroon tayong listahan ng mga malinaw na tatluhan.

| **YUGTO NG PAGIGING GANAP** | **1** | **2** | **3** |
|---|---|---|---|
| **1 JUAN 2:12-15** | MUNTING ANAK | KABATAANG LALAKI | MGA AMA |
| **PAHAYAG 17:14** | TINAWAG | PINILI | TAPAT |
| **PAGLALAKBAY NG ISRAEL** | EHIPTO | ILANG | LUPANG PANGAKO |
| **MGA PISTA NG ISRAEL** | PASKUA | PENTECOSTES | MGA TABERNAKULO |
| **TABERNAKULO NI MOISES** | LOOBAN SA LABAS | DAKONG BANAL | KABANAL-BANALANG DAKO |

Marahil ang pinaka-simpleng tatluhan na mauunawaan ay isinulat ni Apostol Juan sa 1 Juan 2:12-15. Doon ay isinulat niya ang tatlong iba't ibang mensahe sa tatlong kategorya ng mananampalataya: ang

munting anak, kabataang lalaki at mga ama. Malinaw na hindi sumusulat si Juan sa mga ito ayon sa kanilang natural na edad o katandaan, ngunit ayon sa kanilang paglagong espirituwal. At dahil madali natin mailagay sa kategorya ng natural na paglago ng tao, kung sila ba ay bata, binatilyo, o nasa sapat na gulang, sa ating paglagong espirituwal makikita natin ang mga katumbas na pagkakapareho o paghahambing, 1 Corinto 15:46. Pag-aaralan natin ang detalye ng tatluhang ito sa susunod na kabanata ng aklat na ito.

Ang pangalawang tatluhan ay hango sa Pahayag 17:14, kung saan tayo ay binigyan ng titulo para sa mga banal na bumalik mula sa langit kasama ang Panginoon sa kanyang pagbabalik upang itatag ang Kanyang milenyong kaharian. Ang mga mananagumpay na ito na mamamahala kasama ni Kristo ay binigyan ng titulo na "*tinawag, pinili, at tapat.*" Pag-aaralan natin ang tatluhang ito ng may higit na detalye sa ikapitong kabanata.

Ang isa pang malinaw na tatluhan na higit na lalong magtuturo sa atin ng karunungan ay tungkol sa paglalakbay ng mga Israelita. Ang kanilang natural na paglalakbay mula sa Ehipto patungong Lupang Pangako ay isang espirituwal na talinghaga para sa mga mananampalataya ng Bagong Tipan. Ito ay nagpapakita kung paano tayo nailigtas mula sa kasalanan upang magsimula ng espirituwal na paglalakbay na makukumpleto sa pagdating natin sa kabuuan ng kaganapan at mana. Para sa isang higit na malalim na paglalahad ng mga katotohanang ito, inirerekomenda namin ang aklat na *The Journey of Israel* ni Brian Bailey. Ang aklat ding ito ay nagpapaliwanag sa ikalimang tatluhan dito sa tsart tungkol sa Mga Pista ng Israel.

Ang huli nating tatluhan ay tungkol sa tatlong bahagi ng Tabernakulo ni Moises: Ang Looban sa Labas, Dakong Banal at Kabanal-banalang Dako. Ang Looban sa Labas ay bukas para sa lahat ng mga Israelita upang makapasok at ialay ang kanilang mga handog sa Diyos. Ito ay tumutugma sa "munting anak" na isinulat ni Juan, ang kanilang mga kasalanan ay pinatawad sa pamamagitan ng sakripisyo ng Kordero ng Diyos. Ang Dakong Banal ay higit na pumipili na bahagi ng tabernakulo ni Moises, kung saan tanging ang mga saserdote lamang ang makakapasok at makakapaglingkod. Ito ay kahalintulad ng pangalawang yugto ng espirituwal na kaganapan, kung saan ang mga mananampalataya ay nagiging ganap upang maging mga tagapaglingkod ng Diyos. Ngunit ang Kabanal-banalang Dako ay napaka-mapili, kung saan ito ay pinapasukan lamang ng Punong Saserdote. Ito ay katugma ng pinakamataas na yugto ng kaganapan, kung saan ay pinapasok lamang ng mga naging kawangis ng likas na katangian ni Kristo, ang ating Punong

Saserdote. Upang pag-aralan ito ng may higit na detalye, ang *The Tabernacle of Moses* ni Brian Bailey ay inirerekomendang basahin.

Ang mga tatluhang ito ay isa-isang makakapagturo sa atin ng karunungan tungkol sa kung paano tayo espirituwal na lalago, sa bawat mga paghakbang, upang tayo ay makarating sa kabuuan ng ating kaganapan ayon sa wangis ni Kristo. Titingnan natin ngayon ang una sa mga ito sa susunod na kabanata.

# Kabanata 6

# TINAWAG, PINILI AT TAPAT

Ang isang mahalagang susi upang mabuksan ang karunungan ng Diyos sa mga Kasulatan ay ipinakita sa atin sa Pahayag 17:14. Nakita natin ang tatlong mga kakailanganin na nakatala roon para sa mga makakasama ni Kristo sa Kanyang pagbabalik mula sa langit bilang Hari ng mga hari – *"Ang mga tinawag niya at hinirang at ang mga tapat ay yaong makakasama niya."*Pag-aralan natin kung paano ito nagpapahayag ng patnubay upang pangunahan tayo sa kaganapan ng pagiging Kristiyano, at nang makayanan natin na makasama sa mga mananagumpay na mga banal na maghaharing kasama ni Kristo.

### 1. TINAWAG NG PANGINOON

Ang unang hakbang natin tungo sa espirituwal na kaganapan ay ang mauunawaan kung paano tayo tinawag ng Diyos. Ang ating Panginoon ay nilikha ang bawat buhay na may plano o layunin kung saan tayo ay tinawag upang tupdin. Kahit ang haba ng ating mga buhay ay nakaplano na. Katulad ng papuring sinabi ng Salmista sa kanyang Manlilikha, *"Ako'y iyong nakita na, hindi pa man isinilang, batid mo kung ilang taon ang haba ng aking buhay; pagkat ito'y nakatitik sa aklat mo na talaan, matagal nang balangkas mong ikaw lamang ang may alam."*Awit 139:16. Mayroong pagkakatawag at mana, o ministeryo at gantimpala, para sa bawat-isa sa ating mga buhay – dito man sa mundo o sa mga panahong darating. Ito ang dahilan kung bakit nanalangin si Apostol Pablo para sa mga mananampalataya sa Efeso upang malaman nila "*ang pag-asa ng kaniyang pagtawag at kung ano ang yaman ng kaluwalhatian ng kaniyang pamana sa mga banal*," Efeso 1:18.

Ang ilan sa mga plano ng Diyos ay magkapareho para sa bawat Kristiyano, tulad ng lahat tayo ay tinawag mula sa kasalanan patungo sa kaharian ng Diyos. Ito ay ipinakita sa atin ng Bagong Tipan sa salitang *iglesia*, kung saan ay*ekklesia* sa salitang Griyego. Ang ibig sabihin ng salitang ito ay*"isang tinawag na grupo."* Sa kaunawaang ito, ay naisulat ni Pablo na ang bawat Kristiyano ay "*tinawag sa isang pag-asa ng pagkatawag*." Efeso 4:4.

Ang ating buhay Kristiyano ay nagsisimula sa sandaling marinig natin itong pagkatawag ng Diyos at sinimulan nating sumunod sa Kanya. Katulad ng sinabi ng ating Panginoong Hesus, "*Tinatawag niya ang kaniyang sariling mga tupa sa kani-kanilang pangalan... Ang mga tupa ay sumusunod sa kaniya sapagkat kilala nila ang kaniyang tinig.*" Juan 10:3-4. Tinawag Niya tayo mula sa kadiliman patungo sa Kanyang

kamangha-manghang kaliwanagan- tinawag mula sa pagiging mamamayan ng makasalang sanlibutang ito, upang maipanganak muli sa kaharian ng Diyos, 1 Pedro 2:9, 2 Tesalonica 2:12 at Juan 3:6.

Gayunpaman, kahit na totoong ang bawat Kristiyano ay mayroon nitong magkatulad na pagkakatawag, totoo rin na ang bawat-isa sa atin ay mayroong kani-kaniyang indibiduwal na pagkakatawag, o isang espesyal na lugar nang paglilingkod sa kaharian ng Diyos. Makikita natin ang dalawang panig ng katotohanang ito nang mas malinaw sa pamamagitan ng pagsasaalang-alang sa bayan ng Diyos sa Lumang Tipan, ang mga Israelita. Silang lahat ay tinawag na lumabas ng Ehipto upang magtungo sa Lupang Pangako, ngunit gayon manang bawat-isa sa kanila ay binigyan ng iba't-ibang bahagi ng lugar o mana sa lupain. Sa parehong paraan, tayo rin ay tinawag upang maging miyembro ng Katawan ni Kristo, subalit ang bawat miyembro ng katawan ay may kani-kaniyang espesyal o tiyak na pagkakatawag.

Sa sandaling marinig natin ang tawag ng Diyos upang maging Kristiyano at sumunod sa Kanya, kailangan pa nating makarinig mula sa Diyos kung ano ang ating sariling pagkakatawag. Katulad nang kung paanong ang bawat miyembro ng katawan ay may iba't-ibang posisyon at layunin, kailangan nating matutunan kung ano ang ating paglalagyan at tungkuling gagampanan sa Katawan ni Kristo. At pagkatapos, habang tayo ay lumalago sa Panginoon, makakapaghanda tayo upang maglingkod sa tamang lugar kung saan tayo idinisenyo upang tuparin.

Noong ako ay kabataang lalaki pa lamang, akala ng mga siyentipiko ay may dalawang bahagi ng katawan ng tao na walang saysay. Mula sa kanilang maling pilosopiya ng ebolusyon nag-desisyon sila na ang *appendix* at *tonsils* ay naging kapaki-pakinabang lamang na bahagi ng katawan noong mga unang bahagi ng pag-debelop ng tao. Naisip nila na noong lahat tayo ay mababang klase pa ng buhay, ang *appendix at tonsils* ay maaaring may mahalagang tungkulin, ngunit ngayon na tayo ay ganap nang mga tao, itong mga bahaging ito ng katawan ay wala nang pakinabang at tira-tira na lamang. Ang resulta nito, mabilis na inaalis ng mga doktor ang mga bahaging ito ng katawan sa tuwing ang mga ito ay sumakit. Noong aking kabataan nagkaroon ako ng dalawang pagbisita sa ospital kung saan ang aking *tonsils at appendix* ay kapwa tinanggal!

Sa sumusunod na mga taon itong mga inakalang 'marurunong' na mga siyentipiko sa katunayan ay lalo ngang naging marunong. Natuklasan nila ang ilang mga paraan kung saan ang dalawang bahaging ito ng katawan ng tao ay gumaganap ng mga kapaki-pakinabang na mga tungkulin. Totoo, na hindi sila kailangan upang panatilihing buhay ang katawan ng tao, ngunit kung wala ang mga ito ang isang tao ay maaaring

humarap sa ilang mga kahirapan sa impeksyon at panunaw. Kaya't hinayag ng mga siyentipiko na kanilang 'natuklasan' na walang 'tira-tirang bahagi' sa ebolusyon ng katawan ng tao, na ang bawat bahagi ay mahalaga! Aba oo naman, matagal na itong alam ng bawat mananampalatayang naniniwala sa Bibliya, dahil ang Diyos mismo ang lumikha sa atin, at hindi gumagawa ang Diyos ng mga walang kabuluhang bagay.

Katulad nito, maaaring may mga Kristiyano na parang walang malinaw na tungkulin sa Katawan ni Kristo. Ang isang walang malay na pinuno sa iglesiya ay maaaring hindi sila mapansin, o pabayaan na lang sila kahit umalis man ng iglesiya. Mukha man itong hindi ganun kahalaga katulad ng pag-aalis ng mga doktor sa *tonsils* at *appendix*! Ngunit tinawag ng Panginoon ang bawat mananampalataya upang manungkulan at tumulong sa paglago ng katawan ni Kristo! Sinabi ito ni Pablo noong isinulat niya na "…*upang lumago tayo sa lahat ng mga bagay kay Cristo, na Siya ang ulo. Sa kaniya ang buong katawan ay inihugpong at pinag-isa ng itinutustos ng bawat dugtong ayon sa sukat ng paggawa ng bawat isang bahagi. Kaya nga, ang paglago ng katawan ay gumagawa sa ikatitibay ng kaniyang sarili niya sa pag-ibig*." Efeso 4:15-16.

Ang mga Pastor at mga Kristiyanong namumuno ay dapat maging masigasig na himukin ang lahat ng mananampalataya na tuklasin, idebelop, at gamitin ang mga kaloob at mga ministeryo kung saan sila tinawag ng Panginoon. Ang Kristiyano ay mananatiling espirituwal na sanggol o "maliit na bata" hanggang sa madiskubre niya ang kaniyang espirituwal na pagkatawag at magsimulanglumago upang mapaunlad at magamit ito. At ang mga pastor at mga taga-paglingkodlahat ay madalas "namamatay ang apoy" dahil sinusubukang tapusin ang lahat ng mga gawain at mga ministeryo na kinakailangan ng kanilang iglesiya para makapagpatuloy, kung saan ang ibang mga Kristiyano sana dapat ay ganap na at nasa kalagayan naupang makatulong sa kanila na maisagawa ito!

## MINISTERYO AT MGA KALOOB AYON SA BIBLIYA

Ipinapakita ng Bibliya sa atin ang maraming iba't-ibang mga ministeryo at mga kaloob na ang iba-ibang mga Kristiyano ay tinawag. Kabilang dito ang mga sumusunod:

1. Mga apostol, mga propeta, mga evangelista, mga pastor at mga guro – Efeso 4:11
2. Pagpapahayag ng salita ng Diyos, paglilingkod, pagtuturo, pangangaral, pagbibigay, pamumuno, pagkamahabagin – Roma 12:6-8.

3. Salita ng karunungan, salita ng kaalaman, pananampalataya, mga kaloob ng pagpapagaling, paggawa ng mga himala, pagpapahayag, pagkilala sa mga espiritu, iba't-ibang uri ng wika, pagpapaliwanag sa mga wika. – 1 Corinto 12:8-10
4. Apostol, propeta, guro, gumagawa ng himala, pagpapagaling, pagtulong, pamamahala, iba't-ibang uri ng wika. - 1 Corinto 12:28
5. Mga tagapamahala (o mga matatanda, tulad ng sa Tito 1:5 at 7) at sa mga diyakono. –Filipos 1:1
6. Tagapamagitan (mga nananalangin) - Isaias 59:16, 62:6,7
7. Pagpapalaki sa isang bata para sa pagkatawag ng Diyos sa kanyang buhay. – Hukom 13:3-5, Kawikaan 22:6
8. Tinawag sa isang posisyon sa gobyerno at pamumuno, ngayon o sa Milenyo – 1 Samuel 16:1,12; Mateo 19:28
9. Misyonero – Mga Gawa 16:9-10; Jonas 1:2
10. Martir (mapagpapakasakit) - Mateo 24:9; Juan 21:18-19
11. Buhay na walang asawa - Mateo 19:11-12; 1Corinto 7:7-8
12. Mang-aawit at Manunugtog- 1 Corinto 14:26; 1Cronica 15:16

Ang ilan sa mga ministeryo atmga kaloob na ito ay maaring napapalooban ng iba pang tiyak na mga gawain. Halimbawa, maaari mong idagdag sa kaloob ng pagtulong (ibig sabihin ay “tumulong, sumuporta, o sumaklolo”) ang mga gawain katulad ng mabuting pakikitungo, mananahi ng damit, pagpapakain sa mga mahihirap, at pagbisita sa mga maysakit at mga nakakulong. Ang diakono (o tagapaglingkod) ay maaaring maging katulong ng pastor, sekretarya o ingat-yaman ng iglesya, o maaaring iba pang maraming mga gawain. Ang isang may kaloob sa pamamamahala ay maaaring maglingkod bilang Administrador ng Iglesiya o Tagapamahala ng Panlingguhang Pag-aaral o *Sunday School.*

Ang mga nakatala sa taas ay hindi iminumungkahi na kumpletong listahan ng mga pagkakatawag ng Diyos. Ang Panginoon ay maaaring mangusap sa napakatiyak at pambihirang pagkakatawag para sa ilan namga hindi makasunodsa normal na pinagpaparisan, tulad noong tinawag si Noe upang bumuo ng daong. Sa pagbabasa natin sa mga Bayani ng Pananampalataya sa Hebreo 11 ayipinapakita sa atin kung paanong ang Diyosay maaaring mangusap at manguna sa iba-ibang mga mananampalataya sa maramingiba’t-ibang mga pagkakatawag.

## PAANO IPAPAKITA NG DIYOS ANG ATING PAGKATAWAG?

Habang natututunan natin ang tungkoldito sa maraming iba't-ibang mga ministeryo at mga kaloob, tayo mismo ay mas nagiging interesadong malaman kung ano ang tiyak na pagkatawag sa atin ng Diyos. Paano ipahahayag ng Diyos sa atin ang ating pagkatawag? Una, kailangan nating hanapin ang Panginoon. Sa pamamagitan ng Kanyang Espiritu, ipinapahayag ng Diyos ang mga hindi natin natural na nakikita, naririnig o naiintindihan, 1 Corinto 2:9-10. Ipinalangin ni Apostol Pablo ang mga mananampalataya sa Efeso na bigyan sila ng Panginoon ng espiritu ng kapahayagan upang malaman nila ang pag-asa ng Kanyang pagkakatawag.

Maaaring piliin ng Panginoon na deretsahang mangusap sa tao sa pamamagitan ng Kanyang salita, panaginip o pangitain. Sa ganitong paraan nakarinig sina Jeremias, Jose, at Ezekiel mula sa Diyos tungkol sa kanilang pagkakatawag. Ang isa pang paraan ay ang isang lalaki o babaeng lingkod ng Diyos ay maaaring unang makaalam at maghahayag ng pagkatawag ng isang tao. Ito ang dahilan kung bakit pinahiran ni Samuel si David, ang tagapastol ng tupa, at gayon din kung bakit inihagis ni Elias ang kanyang balabal kay Eliseo, ang magsasaka.

Sa ilang mga pagkakataon, angnatural na mga tanda at mga kalagayan ay nakatutulong upang ipakita sa atin ang pagkatawag ng Panginoon. Sa oras ng pangangailangan, maaring maramdaman mo na *"Baka nga napunta ka riyan para maging kasangkapan sa ganitong pagkakataon!"* tulad ng nangyari kay Ester, Ester 4:14. Ang iyong mga natural na talento ay maaring makatulong na ihanda ka upang makapasok sa mga katulad na espirituwal na mga gawain, gaya noong si Pedro na mangingisda ay tinawag upang maging *"mamalakaya ng mga tao,"* Mateo 4:19 at 1Corinto 15:46. Minsan ang mga hangarin ng puso natin ay inilalagay mismo doon ng Panginoon dahil tayo ay hinuhubog para sa pagkatawag ng Panginoon, Awit 37:4, 1 Timoteo 3:1.

Ang ating mga pangalan ay maaring propesiya ng ating pagkatawag o mana. Nalaman ni Abigail kung paanong ang pangalan ng kanyang asawa ay kapareho ng pagkatao nito noong sinabi niya, *"kung ano ang kaniyang pangalan ay gayon siya"* 1 Samuel 25:25. Kung malaman natin ang ibig sabihin ng ating pangalan, malimit ay makakamit natin ang kaunawaan mula sa pangalan kung ano ang pagkatawag ng Diyos sa atin.

Noong ako ay bagong Kristiyano madalas ay naisip ko na sana binigyan ako ng aking mga magulang ng pangalan na nanggaling sa Bibliya. Ang magkaroon ng pangalan katulad ng *John, o David* o *Joshua* ay magiging inspirasyon sa akin, pero ang Norman? Ang pangalang ito ay walang ibig sabihin, iyon ang akala ko. Ngunit isang araw, nalaman ko na ang 'Norman' ay nanggaling sa dalawang salita na *'north'* at *'man'*. Ang ibig sabihin ng aking pangalan ay, "*man from the north*" o *"lalaki mula sa hilaga."* Noong nalaman ko iyon, nangusap ang Panginoon sa akin at ipinaalala Niya kung paano ako tinawag ng Diyos na pumunta sa timog bilang misyonero sa mga bansa sa Asya at sa Gitnang Amerika. Sa aking pagtira at paglalakbay sa loob ng tatlumpu't-limang taon sa mga bansang ito, ngayon ay ikinagagalak ko nang marinig ang aking pangalan. Ako ay tinawag ng Panginoon upang maging*," man from the north"* o *"lalaki mula sa hilaga,"* isang misyonero mula sa Hilagang Amerika!

Kung hindi mo alam kung ano ang ibig sabihin ng iyong pangalan, maaari mo itong tingnan sa *internet* o mga *websites* katulad ng https://www.babble.com/baby-names o https://www.names.org Doon ay maaaring may magandang mensahe na naghihintay para saiyo kung malalaman mo na ang iyong pangalan ay mayroong pang-propesiyang kahulugan o di kaya naman ay nagmumungkahi ng isang maka-diyos na pagpapala o maging pagkakatawag para saiyong buhay.

Hindi lamang ang indibiduwal na mga Kristiyano ang may tiyak na pagkakatawag, ngunit pati ang mga grupo ng tao ay maaari ding magkaroon ng tiyak na pagkakatawag. At kapag nalaman natin ang plano ng Diyos sa isang grupo, malalaman din natin nang mas malinaw kung ano ang pagkakatawag sa mga miyembro ng grupong iyon.

Halimbawa, ang Panginoon ay madalas naglalagay ng pagkatawag sa isang mag-anak. Sa Lumang Tipan ang ministeryo ng mga saserdote na ibinigay kay Aaron ay namamana, katulad din naman nang paghahari ay ibinigay kay David at sa kanyang mga anak na lalaki. Ito rin ang dahilan kung bakit ang mga anak ng misyonero ay madalas nagiging misyonero din, at ang anak ng ebanghelista ay nagiging ebanghelista rin (katulad nina Billy at Franklin Graham). Upang malaman ang pagkatawag ng isang tao maaaring makatulong na imbestigahan ang mga buhay at gawain ng kanilang mga ninuno. Hindi lang ito sa mga ninunong nag-lingkod sa Panginoon, dahil minsan ang iba na hindi pa ligtas ay ginagamit ang kanilang mga kaloob mula sa Panginoon sa mga natural na gawain. Halimbawa, sa angkan ng aking pamilya naroon ang manunulat na si Robert Louis Stevenson. Hindi siya Kristiyano, ngunit ang kaloob ng pagsusulat ay isang kayamanan ng pamilya na naipasa sa maraming henerasyon, hanggang sa nakuha ko ang kaloob na iyon at ginamit para sa kaluwalhatian ng Diyos! Ang isang pinagpaparisan na madalas kong

makitangpaulit-ulit sa mga lugar ng pagmimisyon ay kung ang isang angkan ng pamilya ay mayroong mga espiritista o mga paganong saserdote, at ang isang batang miyembro ng pamilya ay nakakilala kay Kristo, madalas ay nalalaman nila ang pagkatawag na mangaral o nasa ministeryo ng propesiya. Ito ay sa dahilang naglagay ang Panginoon ng espirituwal na kapasidad sa kanilang pamilya na sila ay maging espirituwal na mga sisidlan, habang ang mga kaloob na ito ay maaaring inabuso ng nagdaang mga henerasyon na hindi nakilala ang Panginoon, kung ang isang tao na may ganitong espirituwal na kaloob ay manumbalik kay Kristo, magiging maayos na magagamit ng Banal na Espiritu ang mga kakayahang ito at pagkakalooban sila ng mga ministeryong may pagpapahid ng Diyos.

Hindi lamang mga pamilya, kundi ang mga iglesiya rin ay madalas nagkakaroon ng tiyak na pagkakatawag o pangitain na kailangang matupad. Mababasa natin ito sa Pahayag mga kabanata 2 at 3 kung paanong si Kristo ay mayroong magkakaibang mensahe at pagkakatawag para sa bawat isang mga iglesia na Kaniyang sinulatan. At tulad ng labindalawang mga tribo ng Israel ang bawat isa ay nakapagmana ng iba't-ibang pagkakatawag, ang parehong natural na mga grupo (tulad ng mga tribo at mga bansa) at espirituwal na mga tribo (tulad ng mga denominasyon at samahan ng mga iglesiya) ay maaaring makibahagi sa iba't-ibang pagkakatawag ng Diyos.

Ang mga tao na naninirahan sa mga heograpikal na lugar katulad ng bayan o bansa ay maaari ding magkaroon ng pagkatawag. Halimbawa, naalala ko noong ako ay unang inanyayahan para mangaral sa isang batang iglesya na bagong bili lamang ng gusali. Habang ako ay nangangaral, paulit-ulit na nilalagay ng Panginoon sa aking puso ang kasulatang ito, *"pinili sila ng Diyos nang una pa, dahil sa mga ninuno"* mula sa Roma 11:28. Sa gitna ng aking mensahe ako ay tumigil at sinabi ko sa Pastor na kailangan niyang imbestigahan ang kasaysayan ng lugar na iyon. Kahit na ang Iglesiya kung saan ako nangaral ay bata pa, ang bayang iyon ay matanda na, at naramdaman ko na may espirituwal na pamanang ibinigay ang mga ninuno ng bayang iyon na maaaring pasukin ng iglesiya.

Noong ako ay bumalik upang mangaral muli sa iglesiyang iyon, nasabik ang pastor na sabihin sa akin kung ano ang kanilang natuklasan. Nalaman nila na ang lugar na iyon ay itinatag ngmga maka-diyos na tao, at naging isang sentro ng pagmimisyon para sa mga naglalakbay na mangangaral na nangangalat ng mabuting balita. Napakaraming mga mangangaral at misyonero ang tumira sa lugar na iyon kaya naman ang orihinal na tawag sa lugar ay *Priestville* o Nayon ng mga Saserdote! Noong nalaman ng pastor ito, naramdaman niyang ipinapakita ng Diyos sa kanya na kailangang makuha ng iglesiya ang misyoneryong pamana na itinanim ng mga tagapagtatag ng bayang iyon.

# TATLONG KATEGORYA NG PAGIGING TINAWAG

Isang bahagi na mahalaga para sa atin na dapat isaalang-alang ay ang panganib na pagtugon sa isang pagtawag na hindi nagmula sa Diyos, sa halip aymula sa tao. Mayroong tatlong pangunahing mga kategorya o klase ng pagiging tinawag: sa pamamagitan ng Diyos, ng tao, o ng iyong sarili.

Ang tawag ng Diyos ay ibinigay ng Diyos ayon sa Kanyang kalooban, at hindi sa ating pagpipili ng marangal na mga posisyon na maaaring hinahangad natin sa ating sarili. Tulad ng sinasabi sa atin ng Hebreo 5:4 tungkol sa pagkatawag ng Punong Saserdote, "*Walang sinumang nag-angkin ng karangalang ito para sa kaniyang sarili, kundi siya na tinawag ng Diyos tulad ng kaniyang pagkatawag kay Aaron*." Ito ay isang napakalaking karangalan para sa isang tao na tawagin ng Diyos upang maglingkod sa Kanya.

Mga ilang taon na ang nakalipas, noong si L.B. Johnson ay nanalo sa eleksiyon upang maging ika-36 na presidenteng *United States*. Pagkapos na mabilang ang mga boto, tinawagan niya si Billy Graham. Sinabi niyang gusto niya ng mabubuting tao sa kaniyang pamumuno, kung kaya inaalok niya ang ebanghelista ng kahit anong posisyon na gustuhin nito, tulad ng maging isang miyembro ng gabinete ng pangulo o ang maging ambasador para sa *United States.* Buong paggalang na tumanggi si Rev. Billy Graham, at sinabing hindi na siya maaaring maging ambasador pa para sa *United States* sapagkat siya ay buong panahon nang nagtatrabaho bilang ambasador ng Panginoong Hesu-Kristo. Tunay nga, na ang pinakamataas na pagkatawag ay ang maglingkod kay Kristo at sa Kaniyang kaharian!

Ang pangalawang kategoryang pagkatawag ay kung tayo ay tinawag ng tao sa halip na tinawag ng Diyos. Sinabi ni Hesus na inibig ng mga Pariseo na sila ay "tawagin ng mga tao" sa mga kagalang-galang na mga titulo at posisyon, Mateo 23:6-7. Humingi ang Israel ng isang hari kung kailan ito ay hindi lubos na kalooban ng Diyos, at pinahintulutan sila ng Diyos na magkaroon ng isang Haring Saul. Kailangan nating isangguni sa Diyos kapag tayo ay binibigyan ng posisyon sa ministeryo o isang titulo: Ito ba ay galing sa Diyos, o galing lamang sa tao? May mga pagkakataon minsan na ang mga ambisyosong tao ay maaaring alukin tayong sumali sa kanilang mga gawain o mga organisasyon na madalas ay adyenda o mga plano ng tao lamang ang isinusulong. Kung ang isang grupo ng tao o organisasyon ay nagtatayo ng "tore ng babel" mula sa kanilang mga tao sila ay palaging maghahanap ng mas higit na matalinong mga tao upang matulungan silang maitayo ang kanilang tore ng higit na mataas!

Ang pangatlong kategorya ng pagkatawag ay ang tinawag mo sa isang posisyon o tungkulin ang iyong sarili, o maging sariling-hinirang. Si Uzzia ay isang hari na sa kanyang kahambugan ay sinubok na maging saserdote. Ang resulta, siya ay tinamaan ng ketong dahilan sa kanyang maling akala, (basahin sa 2 Cronica 27:16-21). Si Adonias naman ay "*itinaas ang kanyang sarili*" upang maging bagong hari kahit napili na ng Diyos si Solomon. (Basahin 1 Hari 1:5-14). Mapanganib na sinusubukang gawin ang bagay kung saan ay hindi ka naman tinawag ng Diyos na gawin mo. Kapag ginamit mo ang maling kasangkapan sa isang gawain, maaaring hindi matapos ang gawain o maaaring masira mo ang kasangkapan. Huwag mong gagamitin ang *screwdriver* para putulin ang isang puno, at huwag ding gamitin ang palakol para ayusin ang kompyuter! Sa parehong paraan, huwag mong hayaang gawin ng isang tagapaglingkod (*deacon*) ang gawain ng apostol, at huwag mong hayaan ang apostol na iukol ang lahat ng kanyang oras sa gawain ng isang tagapaglingkod! Alamin ang espirituwal na pagkakatawag ng Diyos para sa iyong buhay, at pagkatapos ay "*manatili sa pagkatawag sa Kaniya*," 1 Corinto 7:20.

## 2. PINILI NG DIYOS

Itong pangalawang hakbang o yugto ng ating espirituwal na paglago ay kapag pinili ka ng Diyos na simulang gawin ang mga bagay kung saan ikaw ay tinawag. Una, kailangang tayo ay tinawag ng Diyos; kung magkagayon ay kailangan nating ihanda ang ating mga sarili upang maging handa na tupdin ang pagkatawag na iyon. Pagkatapos nating maghanda ay maaari na tayong piliin ng Panginoon upang magsimulang gampanan ang ating pagkatawag o ministeryo.

*"Marami ang tinawag ngunit kakaunti ang pinili"* ay isang babala ng Panginoong Hesus sa Mateo 22:14. Ito ay dahilan na marami ang may pagkatawag sa Diyos na hindi inihahanda ang kanilang mga sarili upang piliin ng Diyos. Ang halimbawa nito ay ang hukbo ni Gideon, na mayroong 32,000 tinawag na mga sundalo, ngunit 300 lamang ang pinili, Hukom 7:1-7. Pagmamataas, takot at kawalan ng ingat sa kakulangan ng pagbabantay ang nag-alis sa kanila ng karapatan upang sila ay mapili. Naaalala rin natin ang isa pang halimbawa ng mahigit 600,000 na mga Israelita na tinawag palabas ng Ehipto sa ilalim ng pamumuno ni Moises. Ngunit dahil sa kanilang rebelyon at kawalan ng paniniwala dalawa lamang sa mga taong ito ang napili upang makapasok sa Lupang Pangako.

Dapat nating ihanda ng wasto ang ating mga buhay upang matupad ang ating pagkatawag, o hindi tayo pipiliin ng Diyos! Sa natural na pagkakatawag (katulad ng maging isang doktor o abogado) kailangan ng maraming mga taon ng maingat na paghahanda bago maipasa ng isang tao ang lahat ng mga

kuwalipikasyon at upang siya ay mapili. Ang higit na mataas na tungkulin o hanapbuhay, ay higit din na maraming paghahanda ang kakailanganin. Sa espirituwal na pagkakatawag (katulad ng maitalagang maging isang tagapaglingkod) maraming mga taon na preparasyon ang kakailanganin bago tayo magiging handa na mapili. At kung gaano kataas ang pagkatawag ng Diyos, ganoon din kalaki ang paghahandang kakailanganin natin, Lukas 12:48.

Mayroong dalawang magkasalungat na paraan na madalas inihahanda ng Panginoon sa ating mga buhay upang tayo ay maging handa na mapili. Isa sa mga paraang ito ay ang madalas ibinababa Niya muna tayo mula sa ating pagmamataas at sa ating pagtitiwala sa ating mga talento at mga kakayahan.Kagaya ng ipinahayag sa Isaias 40:3-5, upang ihanda ang daraanan ng Panginoon bawat bundok at burol ay kailangang ibaba.

Nakita natin ito na naging halimbawa sa buhay ni Moises. Tinawag siya ng Diyos noong siya ay nakapag-aral, makapangyarihang at marangal na anak ng anak na babae ni Faraon. Noong siya ay 40 taon na nalaman na niyang siya ay tinawag upang palayain ang mga Israelita. Ngunit nung sinubukan niyang tuparin ang pagkatawag ng Diyos sa kanyang sariling karunungan at lakas, siya ay nabigo (pag-aralan ang Gawa 7:22-29). Siya ay hindi pa handang mapili hanggang sa isa pang karagdagang 40 na taon, noong nasa ilang siya ay pinagpakumbaba ng Diyos at hinubaran ng kanyang makamundong karangalan, mga talento at pagsasanay. Ito ay naaayon sa tinuturo sa atin ng 1 Corinto 1:26-29: *"Sapagkat nakita ninyo ang inyong pagkatawag, mga kapatid. Iilan lang ang matatalino ayon sa laman, iilan lang ang makapangyarihan, iilan lang ang maharlika na tinawag. Subalit pinili ng Diyos ang kamangmangan ng sanlibutan upangipahiya ang marurunong. Pinili niya ang mga mahihina ng sanlibutan upang ipahiya ang mga malalakas. Pinili ng Diyos ang mga mabababa sa sanlibutan at mga hinamak at mga bagay na walang halaga upang mapawalang halaga ang mga bagay na itinuturing na mahalaga. Ginawa niya ito upang walang sinuman ang makapagmalaki sa harap niya."* Hindi kailangan ng Diyos ang mayaman, tanyag at maraming talento upang itayo ang Kanyang kaharian – sa katunayan, pinipili niya ang kabaligtaran.

Minsan, sa isang panaginip, dinala ako ng anghel papuntang langit. Doon pinakita sa akin ang maraming mga aral kung paanong ang mga makalangit na bagay ay iba sa mga bagay dito sa lupa. Dinala ako sa isang lugar na tinawag na "Bulwagan ng Alaala" na kung sa tao ay maaring maihalintulad sa isang museo. Nakarating na ako sa maraming mga museo ng mga militar sa iba't-ibang bansa at nasuri ko na ang mga makapangyarihang tanke, eroplano, mga artilyera, at iba pang mga matataas na kalibre ng sandata na

ipinapakita. Ngunit dito sa Bulwagan ng Alaala ang ipinakita sa akin ay ang naroon na may titulong "Ang Makapangyarihang mga Sandata ng Diyos" Ano itong mga makapangyarihang mga sandata? ang kahoy na tungkod ni Moises, ang panga ng asno ni Samson, ang pakong kahoy para sa tolda ni Jael, at ang tabak ni Goliath. Sa natural, wala sa mga bagay na ito ang mukhang makapangyarihang mga sandata ng Diyos. Kahit man din ang tabak ni Goliath ay ginamit bilang sandata ng kasamaan hanggang sa mapunta ito sa kamay ni David. Gayunpaman, ang ating Diyos ay napakadalubhasa sa pagpipili sa mga mapagpakumbaba at mangmang na mga sandata – at mga tao – upang tuparin ang Kanyang dakilang gawain.

Isa pang anghel ang nagpakita naman sa akin ng maramingmga aklat. At ang isa roon ay may pamagat na, *"*Mga Dakilang Gawa ng mga Banal" ngunit ang lahat ng nabasa ko roon ay marahil hindi mapapansin ng mga mananalaysay sa mundo! Ang mga gawa ng kabaitan, pagpapatawad, at ang makapananaig na pananalangin na pinararangalan sa walang-hanggang talaan sa langit ay marahil napakabihirang magkaroon ng artikulo sa lokal na diyaryo. Ngunit kung hinahangad natin na mapili ng Diyos, mahalaga na matutunan natin ang sinabi ng Diyos sa Isaias 55:8-9, *"Ang sabi ni Yahweh, "Ang aking kaisipa'y hindi ninyo kaisipan, ang inyong kaparaanan ay hindi ko kaparaanan. Kung paanong ang langit ay mas mataas kaysa lupa, ang aking kaparaanan ay higit kaysa inyong kaparaanan, at ang aking kaisipan ay hindi maaabot ng inyong kaisipan."*

Maraming beses na ibinababa ng Diyos ang mga bundok ng pagmamataas at kahustuhan sa sarili sa ating mga buhay upang ihanda para sa kapahayagan ng Kanyang kaluwalhatian. Gayunpaman, ang Isaias 40:3-5 ay nagpapahayag din ng sandaling ang mga lambak ay itataas ng Panginoon. Itong kabaliktarang paraan na madalas gamitinng Panginoon upang ihanda ang ating mga buhay ay itinataas tayo mula sa panghihina ng ating mga loob, kawalan ng kakayahan, at mga kabiguan.

Ganito kung paano inihanda ng Panginoon si Simon Pedro upang maging isang dakilang apostol. Siya ay tinawag ng Diyos noong siya ay walang pinag-aralan, at hindi karapat-dapat na mangingisda. Nakagawa si Pedro ng maraming pagkakamali, at pagkatapos niyang ipagkanulo si Kristo ay handa na siyang sumuko na magkaroon ng kakayahan na tuparin ang kanyang pagkatawag. Ngunit buong tiyaga si Kristo sa pagtataas sa kanya mula sa kanyang mga kahinaan at kabiguan hanggang sa siya ay maging handa at mapili para sa dakilang ministeryo. Ang bawat mababang dako sa buhay ni Pedro – bawat kabiguan, kasalanan at kakulangan na naitala sa mga ebanghelyo- ay pinatawad, nilinis at itinaas, hanggang sa may buong tiwalang nagawa ni Pedro namakatayo bilang isang matagumpay na lingkod ng Diyos sa kabuuan ng kanyang ministeryo na naitala sa aklat ng mga Gawa.

Sa kasalukuyang panahon ang isang halimbawa ng kahalintulad na biyaya ng Diyos ay ang isang Koreanong kapatid. Siya ay hindi mahusay na tagapagsalita noong siya ay mag-aaral pa lamang sa Paaralan ng Bibliya na marami sa mga tao ay nagpayo sa kanya na huminto na sa paghahanda para sa ministeryo. Ngunit siya ay nagpatuloy nang paghahanda para sa ministeryo na naramdaman niyang siya ay tinawag at sa bandang huli si Pastor Yong-gi Cho nga ay naging isang makapangyarihang mangangaral na nakapagtayo ng pinakamalaking kongregasyon ng iglesiya sa kasaysayan ng mundo!

Pagkatapos ngpanahon ng ating paghahanda ay susubukin tayo ng Panginoon, upang tingnan kung tayo ay nakahanda na upang mapili. Ngunit hindi natin palaging nalalaman kung kailan o paano tayo bibigyan ng Panginoon ng ating "huling pagsusulit" upang makita kung tayo ba ay nakahanda nang 'magtapos,' o mapili. Ang huling pagsubok sa mga kawal ni Gideon ay kung paano sila uminom ng tubig. Halos lahat ng mga kawal ay lumuhod at inilagay ang kanilang mga mukha sa tubig. Tanging ang kakaunti na nagdala ng tubig sa kanilang mga labi gamit ang kanilang mga kamay, upang manatiling mapagmatyag na mga sundalo, ang mga napili. Ang kanilang mga paghahanda ngkanilang katauhan ay nahayag sa pamamagitan ng kung paano sila uminom ng tubig!

Sa kakaiba pang pagsubok, si Abraham ay napili dahil nakahanda siyang ialay ang kanyang anak, si Isaac. Sa magkaparehong paraan, kailangang maging maingat tayo na huwag maging makasarili at itago ang kahit anumang bagay sa ating buhay bilang idolo- kahit pa ang mga biyaya o pagkakatawag ng Diyos, upang tayo ay maging ganap na handa para sa Kanyang pagpipili.

Si Rebeka ay napili na pakasalan si Isaac sa Genesis 24 dahil sa kanyang pagkukusa na painumin ang sampung kamelyo ng isang estranghero. Kinailangan niya sigurong sumalok ng 2000 na mga litro ng tubig mula sa balon para sa mga uhaw na malalaking mga hayop! Ngunit ang sampung mga kamelyo pala ang sikretong pagsusulit o pagsubok (ang numerong sampu sa Bibliya ay madalas na nangungusap patungkol sa pagsubok, tingnan sa Bilang 14:22, Daniel 1:12, at Pahayag 2:10). Itong sampung mga 'pagsubok' na kanyang buong tiyagang tinanggap ay hindi nagtagal at naging sasakyan niya na nagdala sa kanya sa Lupang Pangako at sa kanyang kasintahang lalaki! Maraming beses na ang mga pagsubok sa ating mga buhay ay lihim na mga kasangkapan ng Diyos na nagdala sa atin palapit sa Kanya at naghanda sa atin para sa Kanyang maluwalhating mga layunin.

Kapag nagbibigay ng huling pagsusulit ang mga paaralan, madalas ay nakatutok sila sa mental o pang-edukasyon na paghahanda ng mga estudyante. Gayunpaman, ang mga pagsusulit ng Diyos sa 'paaralan ng Espiritu' ay madalas nakatutok sa pagsisiyasat sa katauhan at paglagong espirituwal ng mananampalataya. Malimit ay hindi sinasabi ng Panginoon sa atin kung kailan ang 'huling pagsusulit' ay mangyayari o kung paano. Ang mga Israelita sa ilang ay binigyan ng sampung mga pagsubok sa pamamagitan ng mga kalagayan sa buhay, tulad ng kakulangan sa tubig, reklamo sa namumuno, at nakakabagot na mga kinakain. Hindi nila alam na sila ay sinusubok hanggang sa sila ay nabigo at hindi minarapat ang kanilang mga sarili (pag-aralan ang Bilang 14). Nawa ay tulungan ng Panginoon ang bawat-isa sa atin, na sa Kanyang paghahanap ng mga sisidlan na nakahandang gamitin, matatagpuan niya ang bawat-isa sa atin na isang sisidlan ng karangalan, nakahanda para sa bawat mabubuting gawa. 2 Tim 2:21. Marami ang tinawag, ngunit dahil ang karamihan ay hindi nagpapatuloy upang wastong makapaghanda para sa kanilang pagkatawag, kakaunti ang magiging handa upang mapili.

## 3. TAPAT

Nakita natin kung paano na ang isang mananampalatayang nagpapatuloy tungo sa kaganapan, ay kinakailangan munang tumugon sa panawagan ng Diyos. Pagkatapos niya sa kanyang paghahanda, siya ay maaari nang mapili ng Panginoon upang manungkulan sa kanyang ministeryo. Ngunit pagkatapos ng pangalawang hakbang na iyon nang pagkapili sa atin ng Diyos, para makumpleto ang ating pagkatawag ay kinakailangan nating magpatuloy na maging tapatupang tuparin ang ministeryong iyon. Ito ang pangatlong hakbang na kinakailangang tuparin bago natin 'matumbok ang markahan' at makapasok sa buong kaganapan at pagkamabunga.

Sinabi ng ating Panginoong Hesus, "*Marami ang tinawag, kaunti lamang ang pinili*." Ito ay katotohanan na maaaring sabihin na marami ang tinawag, kakaunti ang pinili, at mas kakaunti ang tapat! Atin ngayongisaalang-alang ang tatlong tao na naging karapat-dapat na maging tinawag at pinili, ngunit hindi sila nakapagpatuloy upang maging tapat sa kanilang pagkatawag.

Sa 1 Samuel mga kabanata 2-4 mababasa natin ang tungkol sa kung paano nanungkulan si Eli bilang punong saserdote ng Israel. Gayunpaman, siya ay hindi naging tapat na makumpleto ng maayos ang ministeryo kung saan siya ay tinawag at pinili upang gampanan. Hindi niya dinisiplina ng tama ang kanyang mga imoral na anak o hindi kaya ay alisin sila sa ministeryo. Hinayaan niya na dungisan nila ang Tahanan ng Diyos, at namatay siya sa ilalim ng hatol ng Diyos dahil sa kawalan niya ng katapatan. Mula

sa kwentong ito matututunan natin na tayo ay may pananagutan hindi lamang sa sarili nating mga buhay, kundi pati sa mga natural at espirituwal na mga anak na ipinagkatiwala ng Panginoon sa ating pag-iingat!

Si Samson ay isang lalaking may dakilang pananampalataya. Siya ay tinawag at pinili ng Diyos upang maging hukom sa buong Israel. Gayunman hindi siya nanatiling tapat sa kanyang pagkakatawag dahil siya ay nagkasala ng pakikisiping nang hindi kasal, nawala sa kanya ang kabanalan, at siya ay naging bulag na bilanggo. Maaari din tayong mabulag ng kasalanan kung hindi tayo lalakad ng may takot sa Diyos.

Si Saul ang hari ng Israel, ngunit siya ay inalisan ng karapatannoong naging palalo siya, at dahil sa takot sinunod niya ang tinig ng tao sa halip na ang tinig ng Diyos, 1 Sam. 15:24. Ang kanyang kabiguan ay nagtuturo sa atin na kailangan nating maging tapat sa Panginoon kapag sinusubukan ng mga tao na impluwensiyahan tayo na sumuway sa kalooban ng Diyos.

## TATLONG SUSI SA PAGIGING TAPAT

Ang tatlong susi upang matutunan ang katapatan ay itinuro sa atin ng Panginoon Hesus sa Lucas 16:10-13. Mababasa natin mula doon: "*Ang matapat sa kakaunti ay matapat din sa marami. Ang hindi matuwid sa kakaunti ay hindi rin matuwid sa marami. Kaya nga, kung hindi kayo naging matapat sa hindi matuwid na kayamanan, paano pang ipagkakatiwala sa inyo ang tunay na kayamanan? Kung hindi kayo naging matapat sa pag-aari ng iba, sino ang magbibigay sa inyo ng sa inyong sarili?*"

Sa talata 10 binigay sa atin ng Panginoong Hesus ang unang susi noong sinabi Niya na kailangan nating maging *matapat sa kakaunti*. Mahalaga na huwag nating hamakin ang maliliit na mga responsibilidad. Maaari itong bumuo sa ating kalooban ng karunungan, mabuting katauhan, at pagtitiyaga upang tayo ay maging handa sa higit na malalaking mga bagay. Gayunpaman, ang pagmamataas, ay madalas humihingi na tayo ay karapat-dapat sa isang bagayna mas malaki at mas mahalaga. Ang dakilang heneral ng Syria, si Naaman ay ganun ang naramdaman noong hindi niya ginustong sumunod sa simpleng ipinag-uutos ni Eliseo na pumunta at maghugas sa ilog Jordan upang gumaling. Ngunit ang mga maliliit na simulain ay maaaringmaging mga buto na lalago sa isang bagay na mahusay. Ang batang si David ay natutunan ito, dahil alam niya na ang pagpatay niya sa mga leon at oso ang naghanda sa kanya upang patayin si Goliath! Sinabi ng ating Panginoon na ang mga lingkod na magiging tapat sa mga maliliit nilang mga resposibilidad ay bibigyan ng mga lungsod upang pamunuuan sa Kanyang darating na kaharian, Lucas 19:17-19.

Naikwento sa akin ng kaibigan kong pastor kung paano dumating ang isang bisita sa kanilang iglesiya isang araw ng Linggo. Pagkatapos ay ipinakilala niya ang kanyang sarili na siya ay nagtapos sa Paaralan ng Bibliya. Masigla niyang sinabi na gusto niya ang iglesiya, at nais niyang maging miyembro at paglingkuran ang Panginoon doon. Pagkatapos ay binigyan niya ng papel ang pastor, nakatala roon ang lahat ng ministeryo na maari niyang gawin – kasama ang pagiging punong pastor! Sinabi ng aking kaibigan sa bisita na matagal na silang nananalangin ng higit na maraming tulong para sa iglesiya, kaya inanyayahan niya ito na magsimula bilang tagalinis sa bahay-sambahan. Habang mas marami siyang naiisip na ministeryo sa hinaharap, ibig ng pastor na makita muna kung ang binatang ito ba ay magiging tapat sa maliit na tungkuling ito. Magkagayon nga, ang binata ay hindi na muling bumalik pa. Zacarias 4:10 ay nagtatanong, "*Sapagka't sinong nagsihamak sa araw ng maliliit na bagay?"* ginawa ito ng binata at muntik na ring gawin ni heneral Naaman. (2 Hari 5).

Sa susunod na talata ibinigay ni Kristo sa atin ang pangalawang susi noong sinabi Niya na kailangan nating maging "*tapat sa hindi matuwid na kayamanan*." Ang "*hindi matuwid na kayamanan*" na Kanyang tinutukoy ay nangangahulugan sa mga bagay dito sa mundo, o mga natural na mga pag-aari. Ang susi na itinuturo sa atin dito ay ang maging tapatsa *natural na mga responsibilidad*. Ito ay maaaring bumuo sa ating kalooban ng isang makadiyos na katauhanna maghahanda sa atin upang gampanan ang espirituwal na responsibilidad. Sa buong Kasulatan, ang mga tumanggap ng pagkatawag sa Diyos ay mga naging tapat na at masisipag sa kanilang natural na mga resposibilidad. Si David ay nagpapastol ng mga tupa noong tinawag siya ni Samuel upang pahiran ng langis bilang susunod na hari. Tinawag ng Panginoong Hesus si Pedro at Andres habang sila ay abala sa pangingisda, at si Mateo naman ay habang nasa kanyang trabaho nananiningil ng buwis. Si Eliseo naman ay nag-aararo kasama ng kanyang mga baka noong inihagis ni Elias ang balabal nito sa kanya. Si Moises naman ay nagpapastol ng mga kawan noong nagpakita sa kanya ang Anghel ng Panginoon sa isang nagniningas na mababang punong kahoy. Hindi sila tatamad-tamad noong tinawag sila ng Diyos. Hindi nga natin nabasa na nananalangin ang sino man sa kanila o hinahanap nila ang Diyos, bagaman napakamahalagang gawin ito. Ang ating nabasa sa Bibliya na silang lahat ay naging tapat sa kanilang natural na mga responsibilidad noong ang Panginoon ay nagdesisyon na sila ay nakahanda na upang mailipat sa espirituwal na mga responsibilidad at ministeryo.

Sa Lucas 16:12 tinuturo naman sa atin ng ating Panginoon ang pangatlong susi ng pagiging *tapat sa mga pagmamay-ari ng iba*. Ito ay maaaring pumapaloob sa kapwa natural at espirituwal na mga bagay. Kung ikaw ay naglilingkod sa ilalim ng Kristiyanong pinuno na may pangitain ng direksyon kung saan dapat patungo ang gawain, habang ikaw ay nanunungkulan sa ilalim niya, kailangan mong maging tapat sa pagtulong na matupad ang kanyang pangitain. Ito ay makatutulong upang maging karapat-dapat ka para

sa araw kung kailan ibibigay na sa iyo ng Panginoon ang iyong sariling pangitain at gawain. Si Josue, Eliseo at Timoteo ay nagsimula sa kanilang pagsasanay bilang mga tagapaglingkod na naging tapat na tumulong sa pagkakatawag at ministeryo ng kanilang pinuno. Ngunit pagkatapos na sila ay naging tapat sa pagtulong sa ministeryo ng iba, ay binigyan rin sila ng nauukol para sa kanila!

Naalalako ang isang pagtitipon sa Paaralan ng Biblia na pinasukan ko noong ako ay binata pa. Isang panalangin ang hiniling para sa Paaralan ng Biblia sa Pilipinas. Ang mga pulutong ng rebeldeng Muslim ay sumugod malapit sa paaralan, at ang mga tao roon, lalo na ang mga misyonero, ay nasa matinding panganib. Marami sa mga mag-aaral ang nanalangin sa maikling oras at umalis na. Ang ilan sa amin, gayunpaman, ay determinadong 'nagpatuloy sa pananalangin' para sa Paaralangito ng Biblia. Ako ay nanalangin hanggang sa natiyak ko na ang Panginoon ay namagitan at pinaalis na ang mga rebelde palayo.

Aking sinikap na maging tapat na ipagtanggol ang mga misyonerong hindi ko pa nakikilala, at sa Paaralan ng Biblia na kaunti lamang ang aking nalalaman tungkol sa kanila. Hindi ko alam na ang aking katapatan sa ministeryo ng ibang tao, di maglalaon ay ibibigay rin sa akin ang parehong suporta sa kaparehong ministeryo. Pagkalipas ng sampung taon, nakita ko ang aking sarili na naging isang misyonero sa naturang paaralansa Pilipinas, na nakaharap sa katulad ding panganib. Ang mga rebeldeng Muslim ay muling sumugod, at kami na lamang ang natitirang mga dayuhan sa lugar na iyon ang hindi pa nadudukot! Ngunit pinayapa ako ng Panginoon sa katiyakang nagtalaga na siya ng suporta sa pananalangin na aming kailangan. Ako ay naging tapat na tulungang ipagtanggol ang ibang mga misyonero at ang kanilang Paaralan ng Biblia sampung taon na ang nakalipas, kaya sa huli ay ibinigay dinsa akin ng Panginoonang kaparehong ministeryo nila at ang kaparehong pag-iingat sa kanila!

## ANG MGA BANAL NA TINAWAG, PINILI, AT TAPAT

Upang matumbok ang markahan ng ating buhay, nabanggit natin na kailangan nating makapasok at matupad ang tatlong mga antas na ito ng paglagong Kristiyano. Tiningnan natin ang mga buhay ng ilan sa Biblia na nakarating lamang sa unang antas o pangalawang antas. Ngunit ibig ng Diyos na matupad ng bawat isa sa atin ang ating layunin sa buhay, at kaya Niyang pagkalooban tayo ng biyaya at patnubay upang matapos ito nang matagumpay. Upang himukin tayo napag-igihanang ating pagtakbo, naglalaman ang Biblia ng maraming mga kwento ng buhay ng mga lalaki at babae na tinawag, pinili, at naging tapat. Ang ilan sa mga malinaw na halimbawa ay ang nasa ibabang talangguhit:

| TAO: | 1. TINAWAG | 2. PINILI | 3. TAPAT | SUSI SA BUHAY: |
|---|---|---|---|---|
| **MOSES** 3 panahon ng 40 na taon: | pagkatapos ng 40 mga taon sa Ehipto | pagkatapos ng 40 mga taon sa Ilang | pagkatapos ng 40 mga taon sa pamununo ng Israel | kababaang Loob, Bil. 12:3 |
| **JOSEPH** 3 posisyon sa buhay: | tinawag bilang anak | pinili bilang isang alipin | naging tapat bilang isang namumuno | pagpapatawad tungo sa pagkamabunga Gen. 41:50-52 |
| **JACOB** 3 pangalan: | pinangalanang Jacob sa kanyang kapanganakan | pinangalanang Israel noong nabago ang kanyang katauhan | Pinangalanang Jeshurun pagkatapos ng kanyang kamatayan | nilinis sa pamamagitan ng pagdurusa, Heb.12:5-11 |
| **DAVID** 3 pagpapahid o basbas: | pinahiran ni Samuel sa Betlehem | pinahiran bilang Hari ng Judah ng mga kalalakihan ng Judah | pinahiran bilang Hari ng Israel ng mga pinuno ng Israel | Ang lalaking ayon sa puso ng Diyos Gawa 13:22 |
| **ESTHER** 3 bahay: | unang bahay (inari bilang anak) bahay ni Mardocheo | pangalawang bahay (para sa paghahanda) bahay ng mga babae | pangatlong bahay (para sa pamumuno) bahay ng hari | Nagpapasakop Est.2:15 at 20 |

## MOISES

Ang buhay ni Moises ay malinaw na makikita sa bawat tatlong apatnapung taong yugto ng panahon. Sa dulo ng bawat mga panahong ito ay nakapasok siya sa sumunod na hakbang patungo sa pagiging una ay tinawag, pagkatapos ay pinili, at panghuli ay nagtagpuang tapat.

Sa panahon ng unang apatnapung taon ng kanyang buhay, si Moises ay inari bilang anak ng anak na babae ng Faraon. Sa dulo ng apatnapung taon na ito, napatay ni Moises ang isang Egipciong katiwala. Ang kaniyang naging dahilan dito ay ang, "*Ginawa niya ito dahil inaakala niyang mauunawaan ng kaniyang mga kapatid na ililigtas sila ng Diyos sa pamamagitan ng kaniyang kamay. Ngunit hindi nila ito naunawaan*," Gawa 7:25. Sa puntong ito, alam ni Moises na siya ay tinawag ng Diyos, ngunit hindi ito alam ng mga Israelita! Kahit na si Moises ay tinawag ng Diyos, siya ay hindi pa handa upang mapili. Siya ay nagkaroon ng pinakamahusay napagsasanay na maaaring maibigay ng Ehipto. Ngunit ang pinakamahalaga, ay kinakailangan pa rin ni Moises ang paghahanda na tanging ang Diyos lamang ang makapagbibigay sa kanya. Sa halip na gamitin niya ang kanyang sandata at maharlikang mga kaalaman

ng pamumuno upang palayain ang Israel, kinakailangan niyang matutunan na, "*Hindi sa pamamagitan ng kalakasan, ni ng kapangyarihan, kundi sa pamamagitan ng aking Espiritu, sabi ng Panginoon ng mga hukbo*," Zacarias 4:6.

Kinailangang pagdaanan ni Moises ang pangalawang apatnapung taon mahabang panahon bago siya maayos na naihanda ng Diyos. Siya ay inalisan ng mga matitindi niyang mga kahusayan at kakayahan na nagdala sa kanya upang maging, *"makapangyarihan sa salita at sa gawa,"* Gawa 7:22. Hindi na siya ang prinsipe ng Ehipto, sa halip ay isang mapagpakumbabang pastol. Sa katunayan, itinala ngKasulatan para sa atin, *"Si Moises naman ay isang taong mapagpakumbaba higit kaninumang nabuhay sa ibabaw ng lupa."* Bilang 12:3. Ito lahat ang mga natutunan ni Moises sa panahon ng apatnapung mga taon niya sa ilang, ngunit ito rin mismo ang kakailanganin niya upang gawin ang gawain ng Diyos! Noong si Moises ay naging isa nang mapagkumbaba, taong bagbag na ang puso, ay saka pa lamang nagawa ng Diyos na siya ay piliin sa nagniningas na mababang punong kahoy, Gawa 7:30-35, Mt. 5:5.

Sa ating kapanahunan, mayroon ding maraming mga likas na magagaling na mga tao na tinawag ng Diyos, katulad ni Moises. Ngunit ang ating mga sariling galing at mga kakayahan, sa kanilang sarili, ay hindi kayang gumawa ng mga mapaghimalang gawain ng Diyos. Hanggang sa dumaan tayo sa isang "ilang" na karanasan sa ating buhay kung saan tayo ay magiging mapagpakumbaba at basag sa harapan ng Diyos, hindi tayo magiging handa na mapili ng Diyos at magamit ng Panginoon sa Kanyang dakilang mga layunin. Alalahanin natin ang kasabihang, 'Walang krus, walang korona'.

Pagkatapos na mapili si Moises ng Diyos, siya ay nagpatuloy hanggang sa ikatlo at panghuling panahon ng apatnapung mga taon sa kanyang buhay. Sa panahong ito ay pinangunahan niya ang mga Israelita palabas ng Ehipto at hanggang sa ilang. Siya ay namatay sa edad na isang daan at dalawangpung taon, ang panahon kung saan nakamit niya ang sumusunod na testimonya: "*At si Moises ay totoong naging tapat bilang isang lingkod sa buong sambahayan ng Diyos*," Heb 3:5, Deut. 34:7

Makikita natin sa buhay ni Moises na alam niyang tinawag siya ng Diyos noong siya ay apatnapung taon. Gayunpaman, siya ay walumpung taon na noong siya ay pinili ng Diyos dahil nakamit na niya sa kanyang buhay - ang susi ng kapakumbabaan. Bukod dito, si Moises ay isang daan at dalawangpung taon noong natupad niya ang kanyang ministeryo, at namatay na may patotoo na siya ay tinawag, pinili at tapat.

# JOSE

Si Jose ay ang isa pang lalaki sa Bibliya na dumaan din sa tatlong napakalinaw na mgayugto sa buhay. Ang mga posisyong panlipunan na kanyang hinawakansa loob ng tatlong mga panahon ay nangusap kung paanong siya rin ay naging tinawag, pinili at tapat.

Noong siya ay bata, hawak ni Jose ang posisyon bilang isang pinakaminamahal na anak. Itinatangi siya ng kanyang ama at binigyan ng makukulay na balabal. Habang siya ang pinakamamahal na anak sa tahanan ng kanyang ama, ipinahayag sa kanya sa pamamagitan ng dalawang panaginip na siya ay tinawag ng Diyos sa pamumuno. Ang naninibugho niyang mga kapatid ay sinubukang pigilan ang katuparan ng kanyang pagkakatawag sa pamamagitan ng pagbebenta sa kanya sa mga mangangalakal na nagdala sa kanya sa Ehipto.

Sa ikalawang panahon ng kanyang buhay, si Jose ay naging isang mapagbatangalipin. Una ay sa bahay ni Potipar, at pagkatapos ay sa bilangguan, si Jose ay tapat sa kanyang mga tungkulin at sa kanyang Diyos. Sa dulo ng panahong ito, ay napili si Jose ng Faraon upang maging Punong Ministro ng Ehipto sa dahilan ng kanyang karunungan at pagpapala ng Diyos sa kanyang buhay.

Habangnasa pangatlong panahon ng kanyang buhay, si Jose ay itinaas upang maging isang dakilang pinuno. Ang lahat ay kailangang lumuhod sa kanya, kahit na ang kanyang mga kapatid na sa mga nakalipas na taon ay nagnais na pigilang mangyari ito! Ang lahat ng nakapaligid na mga bansa ay nagtungo kay Jose dahil sa kaligtasang dala niya sa kanila sa panahon ng kalamidad. Si Jose ay tapat na tumupad sa kanyang pagkakatawag na mamuno at kalingain ang kanyang mga kapatid, at pati na ang mga bansa.

Ang buhay ni Jose ay nagpapakita sa atin ng parehong huwaran na si Kristo mismo ang tumupad. Ang Pangalawang Katauhan ng Trinidad ay walang iba kundi ang nag-iisang pinakamamahal na Anak ng Diyos Ama mula pa man sa walang hanggang nakalipas. Iniwan niya ang Kanyang makalangit na tahanan upang maging isang mapagbatang alipin, hindi tinanggap ng kanyang mga kapatid. Pagkatapos maganap ang kanyang ministeryo dito sa mundo, Siya ay dinala mula sa kulungan ng kamatayan. Si Kristo kung magkagayonay itinaas bilang isang dakilang Pinuno na uupo sa kanang kamay ng Diyos, kung saan ang bawat tuhod ay luluhod. Tulad ni Jose, si Hesu-Kristo ay tinawag na minamahal na Anak, pinili bilang isang mapagbatang alipin, at tapat bilang Tagapagligtas at Panginoon!

Ang isang malinaw na susi sa buhay na nagpapakita sa atin kung paano nakayanan ni Jose na matupad ang kalooban ng Diyos sa kanyang buhay ay ipinakita sa atin sa Genesis 41:51-52. Doon ay mababasa natin ang tungkol sa dalawang anak na ipinanganak sa kanya: "*Tinawag niyang Manases, ang panganay, sapagka't sinabi niya, "Niloob ng Diyos na malimot ko ang aking naging hirap sa bahay ng aking ama." Efraim naman ang ipinangalan sa pangalawa, sapagkat ang sabi niya, "Pinagkalooban ako ng Diyos ng mga anak sa lupain ng aking paghihirap."*

Ang mga pangalan ng dalawang anak na lalaki ni Jose ay nangungusapsa espirituwal na mga karanasan na pinagdaanan niya sa kanyang sariling buhay. Ang una niyang anak, ay si Manases, na ang ibig sabihin ay *Ginagawang Malilimutin* sa wikang Hebreo. Kinailangan ni Jose na magpatawad at kalimutan ang mga pagkakamali na ginawa laban sa kanya at ang mga pagdurusa na dinulot ng mga ito. Ngunit dahil ginawa niya ito, siya ay nakapasok sa espirituwal na karanasan na ipinahayag ng pangalawa niyang anak. Ang kanyang pangalan ay Efraim, na ang ibig sabihin ay *Pagkamabunga.* Dahil natutunan ni Jose kung paano magpatawad sa mga taong nagkamali sa kanya, ay maaari na rin siyang pagpalain ng Diyos ng labis na pagkamabunga.

May mga katulad na pagkakataon sa marami sa ating mga buhay kung saan tayo ay makakalaya lamang sa pagpapala ng Diyos pagkatapos na tayo ay matutong magpatawad sa iba. Binigyan si Job ng dalawang bahagi noong ipinanalangin niya ang kanyang mga kaibigan na walang pakundangangnang-insulto at nagparatang sa kanya, Job 42:10. Kailangan nating masabi, tulad ni Jose, "*Masama nga ang inyong ginawa sa akin, subalit ipinahintulot iyon ng Diyos para sa kabutihan, at dahil doo'y naligtas ang marami ngayon."* Gen 50:20. Higit pa rito ay marapat din nating malaman na, "*...ang lahat ng mga bagay ay magkakalakip-lakip na gumagawa para sa kabutihan,*" Roma 8:28.

## JACOB

Ang patotoo na si Jacob ay tinawag, pinili at tapat, ay ipinahiwatig sa pamamagitan ng tatlong mga pangalan na ibinigay sa kanya sa Kasulatan. Sa kanyang kapanganakanay pinangalanan siyang Jacob. Ang ibig sabihin ng pangalang ito ay, "*isang nagnanais na agawin ang lugar ng iba*". Ito ay tumutukoy sa likas na katauhan ni Jacob, sapagkat siya ay nagbalakkung paano agawin mula sa kanyang nakatatandang kapatid ang biyaya ng pagkapanganay nito. Una ay ang pandaraya nito sa kanyang kapatid, at pagkatapos naman ay ang panlilinlang niya sa kanyang ama, tinanggap ni Jacob ang pagbasbas ng kapahayagan ng

mga pagpapala at mana na dapat sanang ibinigay para sa kanyang kapatid na si Esau (basahin sa Genesis 25:27-34; 27:1-36).

Dahil sa kanyang panlilinlang, kinailangang tumakas ni Jacob mula sa kanyang galit na kapatid. Gayunpaman, kahit sa kanyang pagtakas, binigyan siya ng panaginip ng Diyos at pinagtibay na siya nga ay tinawag ng Diyos upang maging isang dakilang bansa, Genesis 28:10-16. Tandaan natin na kakatapos lamang magsinungaling ni Jacob sa kanyang ama, ninakawan ang kapatid, at siya ay tumatakbo para sa kanyang buhay! Maaari bang tawagin ng Diyos ang isang lalaking katulad ni Jacob, na isang mapanlinlang na mang-aagaw? Oo, kayang ibigay ng Diyos ang Kanyang pagkakatawag sa pinaka-baluktot, mapanlinlang na tao, ngunit kinakailangang mabago muna nang lubusanang taong iyon bago siya mapili upang ganapin ang pagkatawag na iyon!

Sinimulan ng Diyos ang pagbabago noong si Jacob ay maging empleyadoat manugang ni Laban. Katulad ng panlilinlang ni Jacob sa kanyang ama, ay nilinlang din ni Laban si Jacob. Maraming pagdurusa ang nangyari sa buhay ni Jacob dahil sa panlilinlang ni Laban, Gen 31:39-42. Ngunit ginagamit ito ng Panginoon upang makarating sa ugat ng problema sa buhay ni Jacob, na kung saan ay panlilinlang din (pag-aralan ang Obadias 15, Awit 18:25-26, Galacia. 6:7-8).

Pagkatapos ng maraming mga taon ng pagdurusa, sinabi ng Panginoon kay Jacob na bumalik sa kanyang ama. Sa paglalakbay ni Jacob pauwi, natakot siya para sa kanyang buhay nang marinig niya na ang kanyang kapatid ay palabas upang siya ay salubungin kasama ang apat naraang kalalakihan, Gen 32:3-23. Sa simula, sinubukan muli ni Jacob na makuha ang loob ng kanyang kapatid sa pamamagitan ng pagpapadala ng mga mamahaling mga kaloob. Ngunit sa kanyang puso, alam ni Jacob na hindi na niya kayang manipulahin pa ang kanyang kapatid. Alam ni Jacob na pagdating ng kanyang kapatid, patay na siya!

Sa desperadong mga sandaling ito, nakipagbuno si Jacob sa Anghel ng Panginoon upang makuha ang biyaya ng Diyos, Gen 32:24-28. Paano siya pinagpala ng Anghel ng Panginoon? Ang hita ni Jacob ay nawala sa pwesto, upang hindi siya makatakbo mula sa kanyang kapatid! Ang lahat ng mga plano at pangarap ni Jacob ay nasira – maliban sa kanyang pananampalataya sa Diyos. Sa kanyang sukdulang pagkadesperado, pagsisisi sa lahat ng kabaluktutan ng kanyang nakalipas, tumawag si Jacob sa Diyos ng kanyang buong puso. At bilang tugon, ay binigyan ng Panginoon si Jacob ng bagong pangalan at katauhan. Ang pangalawa niyang pangalan, Israel, na ang ibig sabihin ay "Prinsipe ng Diyos." Sa pagbabago ng

kanyang pangalan at katauhan, nagawa ni Israel na mapili ng Diyos na makapasok sa mga pangako ng Diyos at gawing maging isang dakilang bansa.

Pagkatapos ng kanyang kamatayan, si Jacob/Israel ay binigyan ng pangatlong pangalan (basahin sa Deutoronomio 33:5 at Isaias 44:1-2). Siya ay pinangalanang Jeshurun, na ang ibig sabihin ay “matuwid” o “tuwid”. Ang ikatlong pangalan na ito ay nangungusap kung paanong nabago ang kanyang katauhan mula sa pagiging baluktot, mapanlinlang na tao, upang maging isang tapat, at matuwid na banal. Nagsasabi rin ito kung paanosiya naging tapat upang matumbok ang markahan at maitaas ang bansang Israel. Siya ay tinawag na Jacob, pinili bilang Israel, at hinayag na tapat bilang Jeshurun.

Ang susi sa buhay ni Jacob na tumulong sa kanya na tuparin ang lahat nang pagkatawag ng Diyos sa kanyang buhay ay ang siya ay lubusang nilinis sa pamamagitan ng pagdurusa na kanyang tiniis. Ang Galacia 6:7 ay nagbibigay sa atin ng babala na ating aanihin kung ano man ang itinanim natin – at madalas na umaani tayo ng higit sa ating itinanim! Ngunit pinahihintulutan ito ng Diyos para sa ating kapakinabangan, na sa ating pagdurusa sa ating mga kasalanan, ay matututunan natin na kamuhian ang mga kasalanang ito at hangarin ang katuwiran. Kagaya ng ipinapaliwanag sa Hebreo 11:5-11, mahal ng Panginoon ang Kanyang mga pinarurusahan, at ginagawa Niya ito upang tayo ay lumago sa Kanyang kabanalan sa pamamagitan ng mga disiplinang ating natatanggap.

## DAVID

Si David ay isaring halimbawa nang nakapasok sa tatlong mga antas na ito sa kanyang esprituwal na paglago. Ang kanyang tatlong pagpapahid ang nagdala sa kanya sa parehong karanasan ng pagiging tinawag, pinili at tapat.

Ang unang pagpapahid ni David ay nangyari noong siya ay batang pastol na nakatira sa Bethlehem. Ang propetang si Samuel ay ipinadala roon ng Panginoon upang pahiran ang batang si David upang maging susunod na hari, 1 Sam 16:1 at 11-13. Dahil dito sa unang pagpapahid nalaman ni David na siya ay tinawag ng Diyos. Ngunit maraming taon ang kinailangan at mga karanasan bago siya naging handa upang mapili. Ito ay nagsimulang matupad noong ang mga kalalakihan ng Juda ay ibinigay sa kanya ang kanyang pangalawang pagpapahid, upang gawing hari ng Judah si David, 2 Sam 2:4.

Ang pangatlong pagpapahid ni David, bilang hari ng buong Israel, ang nagbigay sa kanya ng kakayahan upang mabihag ang Sion at mamuno pati sa mga bansang nakapaligid dito, 2 Sam 5:1-10. Habang si David ay nahulog sa matinding pagkakasala kay Bathseba, siya ay nagsisi at nagkamit ng ganap na panunumbalik. Ang katotohanan na binilang siya ng Diyos bilang tapat ay pinatunayan ng dalawang matibay na saksi. Ang una, ito ay ipinakita sa pamamagitan ng sariling patotoo ng Diyos na natagpuan niya si David, *"anglalaking naayon sa Aking puso na gagawa ng Aking kalooban,"*Gawa 13:22. At pangalawa, tulad ng ating napag-aralan, si David ay pinili na rin ng Diyos upang maging hari ng Israel sa panahon ngMilenyo.

**ESTER**

Si Ester ay isa pang halimbawa ng tinawag, pinili, at tapat. Ang tatlong bahay na kanyang tinirahan ang nakatulong na ipakita ito sa atin. Sa pagsisimula ng Aklat ng Ester, makikita natin na siya ay nakatira sa tahanan ni Mardoqueo, ang nakatatanda niyang pinsan, Ester 2:5-7. Ang unang bahay na ito ay maaaring tawaging kanyang 'bahay ng pag-aari bilang anak,' sapagkat siya ay ulila na at inaring kabilang sa tahanang ito. Sa parehong paraan, noong una tayong naligtas tayo ay inari bilang anak at dinala sa tahanan ng Diyos, ang sambahayan sa pananampalataya.

Habang naninirahan siya dito sa 'bahay ng pag-aari bilang anak', nakatanggap si Ester ng isang pambihirang pagkakatawag. Siya ay tinawag ng lingkod ng hari na lumahok sa paligsahan para sa paghahanap ng susunod na reyna. Siya ay tinawag na iwanan ang tahanan ni Mardoqueo upang pumasok sa tahanan ng mga babae na pag-aari ng hari, Ester 3:8-9. Ang pangalawang bahay na ito ay maaaring tawagin na 'bahay ng paghahanda,' dahil dito ang dako kung saan maraming mga kababaihan ang naghahanda para sa kanilang pagharap sa hari. Dahil sa espiritu ni Ester ng pagiging mapagpasakop, hinayaan niyang ihanda siya ng lingkod ng hari upang iharap na suot ang mga damit at alahas na lubos tanging maiibigan ng hari, Ester 2:15. Katulad din nito, naghahanap ang Haring Hesus kung sino ang Kanyang magiging kasintahang pakakasalan, na maghahari kasama Siya. Paano tayo makapaghahanda ng mahusay upang mapili? Kailangan nating magpasakop sa mga paghahanda ng Banal na Espiritu, dahil alam Niya ang pinakamabuti kung paano tayo gawing maganda sa mga mata ng ating Hari!

Noong napili na si Ester na maging reyna, siya ay dinala na sa pangatlong bahay na kanyang tirahan, Ester 4:13. Ito ay ang bahay ng hari, na maari nating tawaging ang 'bahay ng pamumuno'. Dito, bilang reyna, ay naging tapat si Ester na magdala ng kalayaan sa kanyang mga kalipi mula sa masamang plano ni

Haman. Katulad nito, noong tayo ay pinili ng Panginoon na pumasok sa Kanyang kapangyarihan, kailangan nating maging tapat na gamitin ang kanyang kapangyarihan, hindi para sa ating sariling pakinabang, kundi para makatulong sa iba pang mananampalataya sa Panginoon. At katulad ng susi sa buhay ni Ester para sa tagumpay ay ang kanyang ugali ng pagiging mapagpasakop, marami sa atin ay susubukin din sa parehong paraan.

Ang mga aral na ito na natutunan ni Ester at ng iba pang mga mananagumpay na ating nakita ay may mga pagkakataon na ating magiging tiyak na mga susi na makatutulong sa atin sa ating paglagong Kristiyano. Naaalala ko pa, ilang taon na ang nakalipas na may ipinalangin akong isang kapatid sa Panginoon na Filipina, Naharap siya sa isang mahirap na desisyon kung siya ba ay magpapasakop sa mga namumunosa kanyang iglesiya at titira sa isang partikular na bahay. Sa maraming dahilan ang bahay na iyon ay hindi magandang lugar upang manirahan. Gayunpaman, binigyan ako ng Panginoon ng propesiya para sa kanya. Sinabi ng Panginoon na kung siya ay magpapasakop sa mga namumunosa kanya at maninirahan doon, kung magkagayon ang bahay na iyon ang kanyang magiging bahay ng paghahanda, at mula roon ay itataas siya ng Panginoon sa bahay ng hari. Ang kapatid na ito ay nagpasakop at tumuloy na manirahan doon. Wala pang isang taon, binigyan siya ng Panginoon ng pambihirang promosyon bilang katuparan sa binigay na propesiya. Siya ay naging pinuno ng isang lingguhang pananalangin na ginaganap sa ‘bahay ng hari’ – sa Malacanyang, ang palasyo ng presidente ng Pilipinas! Siya ay nagpatuloy upang itaguyod ang grupo para sa pambansang pananalangin bilang ‘Ester’ ng kanyang mga kababayan.

Kasama ng ibang mga banal na ating napag-aralan, marami pang mga lalaki at babae sa Bibliya na tinawag, pinili at naging tapat. Kapag pinagsama-sama, sila ang ‘makapal na ulap ng mga saksi’ sa Hebreo 12:1, kung saan ang matagumpay na pananampalataya ay maaring magpalakas sa atin habang tayo ay tumatakbo ng atingsariling mga takbuhing Kristiyano.

Ating sikapin na sundan ang patotoo ng lahat ng mananagumpay na ito! Kung magkagayon ay atin ding matatapos ang ating mga buhay na maririnig ang Panginoon na may pagbati sa atin ng mga salitang *“Magaling ang iyong ginawa. Ikaw ay mabuti at tapat na alipin. Naging tapat ka sa kakaunting bagay. Pamamahalain kita sa maraming bagay. Pumasok ka sa kagalakan ng iyong panginoon,”* Mateo 25:23. Purihin ang Panginoon! Tayo ay magiging karapat-dapat na makasama at mamunong kasama ng Hari ng mga hari sa Kanyang pagbabalik upang itatag ang Kanyang kaharian sa buong mundo!

# Kabanata 7

# MGA KABAHAGI NG BANAL NA KALIKASAN

Habang natututunan natin ang walang kasing lawak na pag-asa ng ating pagkatawag bilang Kristiyano, ang nagiging matinding katanungan ay, "Paano ako makakapasok?" Ang ating layunin ay napakadakila, ngunit paano tayo makakarating doon? Sa 2 Pedro 1:4-11 tayo ay binigyan ng mga tagubilin kung paano natin mararating ang ating minimithing layunin at maging kabahagi ng banal na kalikasan. Mababasa natin mula roon: "…*Upang sa pamamagitan ng mga ito ay makabahagi kayo sa banal na kalikasan ng Diyos. Yamang nakaiwas na kayo sa kabulukan na nasa sanlibutan dahil sa masamang pagnanasa, nakabahagi kayo sa banal na kabanalan ng Diyos. Dahil dito, pagsikapan ninyong idagdag sa inyong pananampalataya ang kagandahang-asal at sa kagandahang-asal, ang kaalaman. Idagdag ninyo sa kaalaman ang pagpipigil, at sa pagpipigil ay ang pagtitiis, at sa pagtitiis ay ang pagkamaka-Diyos. Idagdag ninyo sa pagkamaka-Diyos ay ang pag-ibig sa kapatid at sa pag-ibig sa kapatid ay ang pag-ibig…Ngunit ang sinumang wala ng mga katangiang ito ay bulag…Kaya nga, mga kapatid, pagsikapan ninyong lalo na maging tiyak ang pagkatawag at pagkahirang sa inyo sapagkat kung gagawin ninyo ito, kailanman ay hindi na kayo matitisod. Ito ay sapagkat sa ganitong paraan ay ibibigay sa inyo ang masaganang pagpasok sa walang hanggang paghahari ng ating Panginoon at Tagapagligtas na si Jesucristo*."

Sa 2 Pedro 1:4 sinimulan natin ang ating paglakad kasama ang Panginoon sa pamamagitan ng pagtakas sa kabulukan na nasa sanlibutan sa pamamagitan ng kahalayan. Sa ating pag-akyat paitaas sa pitong mga hakbangin na nakatala sa talata 5 hanggang 7, makakarating tayo sa masaganang pagpasok sa walang hanggang kaharian ng ating Panginoon na binanggit sa talata 11 At habang sinusunod natin ang mga hakbanging ito, ipinangako sa atin sa talata 10 na kung tayo ay magiging masikap na gawin ang mga bagay na ito, tayo ay hindi kailanman mahuhulog. Napakahalagang pangakonito, dahil sahuling mga araw na ito ay sinisimulangyanigin ng Diyos ang lahat ng bagay at marami ang mahuhulog. Ito ay dahilan sa tayo ay masigasig sa ating pag-akyat pataas sa mga hakbanging ito upang makibahagi sa kalikasan ni Kristo, na ang ating pagkatawag (o walang hanggang kalagayan) kasama ang tinubos na mga anak ng Diyos ay magiging tiyak.

Ang bahaging ito ng kasulatan ay nagbibigaysa atin ng sunod-sunod na mga tagubilin kung paano makibahagi sa banal na kalikasan upang tayo ay makapasok sa pag-asa ng Kristiyano. Ang mga hakbanging ito ay nakalarawan sa ibaba "bilang isang hagdanan" mula sa lupa patungong langit




## PANANAMPALATAYA ANG ATING PUNDASYON

Ang pananampalataya ay ipinakita sa talata 5 bilang ating pundasyon, ang pasimula ng ating karanasan bilang Kristiyano. Si Hesus ang batong saligan ng ating kaligtasan, at sa pamamagitan ng pananampalataya tayo ay makakatakas sa kabulukan ng sanlibutang ito upang ligtas na makatayo sa pamamagitan ni Kristo. Sinabi ito ni David noong isinulat niya, "*sa balong malalim na lubhang maputik, iniahon niya at doo'y inalis. Ligtas na dinala sa malaking bato, at naging panatag, taglay na buhay ko."* Awit 40:2. Gayunman, sa 2 Pedro kapitulo 1 mga talata 5 at 10 sinasabi na kailangan nating maging masikap na magdagdag sa ating pananampalataya kung ibig natin na makamit ang masaganang pagpasok sa kalangitan. Sa katulad na paraan, sa Hebreo 6:1-3 ay sinasabi na kailangan nating ingatan ang pundasyon ng ating pananampalataya at pagkatapos ay "*dapat tayong magpatuloy na lumago sa lalong ganap na mga bagay…kung ipahihintulot ng Diyos.*"

Layunin ng Diyos na tayo ay matutong makibahagi sa Kanyang banal na kalikasan, magpatuloy sa kaganapan, at maging kawangis ni Kristo nang sa gayon ay makakamit natin ang dakilang gantimpala ng kalangitan. Subalit, ang Diyos ang hahatol kung tayo ba ay nakahanda na upang magpatuloy sa susunod na hakbang mula sa *'kaluwalhatian tungo sa kaluwalhatian'*. Kagaya ng kung paanong ang isang guro ay magbibigay ng mga pagsusulit upang makita kung ang mag-aaral ba ay nakahanda nang magtapos at magtungo sa susunod na baitang ng pag-aaral, gayun din ang Panginoon ay susubukin tayo upang makita kung tayo nga ba ay nakahanda na para sa Kanya na pangunahan tayong magpatuloy. Kung bumagsak tayo sa mga pagsubok, tayo ay hindi pahihintulutan na magpatuloy. Inalisan ng bayan ng Israel ng karapatan ang kanilang mga sarili sa pagpatuloy na pagpasok sa Lupang Pangako, at nagpaikot-ikot sa ilang sa loob ng 40 taon hanggang sa sila ay namatay. Biniyayaan sila ng Diyos ng higit sa karaniwang pag-iingat, mga himala, kagalingan at mga panustos na pagkain, ngunit hindi sila pinahintulutan ng Diyos na magpatuloy sa kaganapan! Dahil lamang saang Panginoon ay binibiyayaan tayo ng panustos sa pagkain, kagalingan at mga himala, ay hindi sapat na garantiya na tayo ay nagpapatuloy sa Diyos. Katulad ng mga Israelita sa ilang, maaaring tayo ay nagpapa-ikot-ikot sa ating espirituwal na buhay sa halip na tayo ay pumasok sa kabuuang plano ng Diyos sa ating buhay.

Ilang taon na ang nakakaraan isa ako sa mga direktor ng samahan ng 50 mga iglesiya, sa panahon kung saan ang ilan sa mga pastor ay hindi buong puso na sumusunod sa Panginoon. Nais nila ang "kalayaan" sa pag-inom ng alak, paninigarilyo, at ibabà ang iba pang maka-diyos na mga pamantayan na aming hiniling sa mga pastor na sundin. Samga panahong ito nang pagpupunyagi, ay ipinakita sa akin ng Panginoon ang anghel na Kanyang ipinadala mula sa langit upang suriin ang puso ng bawat mga pastor. Ang anghel ay may hawak na isang aklat at isinusulat niya ang mga pangalan ng marami sa mga pastor sa loob nito. Ang pangalan ng aklat ay *"Those Whom God Will Permit To Go On,"(Ang Mga Pahihintulutan ng Diyos na Magpatuloy).* (Upang makita ang mga halimbawa sa kasulatan naang mga anghel ay nagtatala ng mga katotohanan at ang tungkol sa maraming aklat sa langit, pag-aralan ang Malakias 3:16-17, Ezekiel 9:1-6, Daniel 12:1, at Pahayag 7:2-3 at 20:12). Nang mapagtanto ko na ang pangalan ng bawat pastor ay kailangang maisulat sa aklat upang pahintulutan sila ng Diyos na magpatuloy sa kanilang espirituwal na paglago, ang espiritu ng Banal na pagkatakot sa Panginoon ay bumaba sa akin at tumangis ako sa Panginoon, *"Isulat mo rin po ang aking pangalan sa aklat!"* Ngunit nakakalungkot man, noong tiningnan ng anghel ang mga puso ng iilan sa mga pastor, ay hindi nito pinili naisulat ang kanilang mga pangalan sa aklat na kanyang hawak.

Sa loob ng maikling panahon nung matanggap ko ang kapahayagang ito, ang mga pastor na hindi sinasang-ayunan ng mga anghel ay inalok ng napakalaking halaga ng salapi para humiwalay sa aming samahan ng mga iglesiya at sumali sa ibang grupo. Sa mga pananalaping iyon ay iniwan nila kami upang magsimula ng sarili nilang paaralang Pambibliya at sinubukan ang isang malakihang gawain para sa Diyos. Subalit, hindi pinagpala ng Panginoon ang kanilang mga gawa, at sa loob ng dalawang taon ay nagsara ang kanilang paaralan, gumuho ang kanilang mga gawain, at pati ang kanilang mga iglesiya ay nabuwag. Ang lahat ng mga pastor na ito ay may pananampalataya sa Diyos; ngunit hindi sila naging maingat sa pagdagdag sa kanilang pananampalataya, tulad ng iminumungkahi sa atin ng 2 Pedro 1:5. Kung kaya hindi sila pinahintulutan ng Panginoon na magpatuloy sa kanilang espirituwal na buhay at ministeryo tungo sa kaganapan. Nawa ay matutunan nating lahat ang matakotsaPanginoon, at maging masikapna, *"idagdag sa pananampalataya"* ang sumusunod na pitong mga hakbang:

## Hakbang #1 KAGANDAHANG-ASAL

Sinabi sa atin na kailangan nating idagdag ang kagandahang-asal (o kahusayang-moral) sa ating pananampalataya upang umakyat sa susunod na hakbang. Noong tayo ay ipinanganak na muli, ang Banal na Espiritu ay dumating sa ating mga puso at binibigyan tayo ng hangarin para sa kagandahang-asal sapagkat, Siya *ay* ang Banal na Espiritu! Ngunit ang umakyat sa susunod na hakbang paitaas tungo sa espirituwal na kaganapan ay kailangan nating ilayon sa ating puso na yakapin at sang-ayunan ang gawaing ito ng Banal na Espiritu. Mababasa natin kung paanong ginawa ito ni Daniel sa panahon ng kanyang kabataan nang *"nilayon niya sa kanyang puso na hindi niya dudungisan ang kanyang sarili"* sa pamamagitan ng pagkain ng hari ng Babilonia, Daniel 1:8. Ngayon tayo ay nabubuhay sa mundo na puno ng espiritu ng Babilonia, at kailangan din natingilayon sa ating puso na hindi natin dudungisan ang ating mga sarili nang mga masasamang bagay na nakapaligid sa atin, Pahayag 18:1-4.

Ang kabataang si Daniel ay nagdagdag nang kagandahang-asal sa kanyang pananampalataya, at nagpatuloy sa higit na mga dakila at pangmatagalangtugatog na kanyang nakamtan. Ang buhay ni Samson ay nagbibigay naman sa atin ng kabaliktarang halimbawa dahil siya ay may dakilang pananampalataya, subalit hindi niya idinagdag ang kagandahang-asal sa kanyang buhay. Ang kanyang pananampalataya ang naging dahilan upang siya ay maitala kasama ng mga dakilang lalaki at babae ng pananampalataya sa Hebreo 11, ngunit hindi sapat iyon upang mapanatili siya sa kalooban ng Diyos at sa Kanyang pagpapala. Dahil hindi hinangad ni Samson na idagdag ang kagandahang-asal sa kanyang pananampalataya, ang pagtitiyaga ng Panginoon sa kanyang imoral na pamumuhay ay dumating na sa sukdulan at nawala niya

ang kanyang natatanging lakas na naging dahilan upang siya ay maging isang bulag na bilanggo ng mga Filisteo.

Ikalawang Pedro 1:9 ay binabalaan tayo ng kaparehong panganib para sa ating mga sarili noong tayo ay sinabihang, *“Ngunit ang sinumang wala ng mga katangiang ito ay bulag, maiksi ang pananaw. Nakalimutan na niyang nalinis na siya sa mga dati niyang kasalanan.”* Ang mga Kristiyano ngayon- kahit ang mga Kristiyanong may mga makapangyarihang mga ministeryo- ay maaaring maging bulag espirituwal at mahulog kung hindi nila idadagdag ang kagandahang-asal sa kanilang pananampalataya. Nasa panganib ang mga lingkod ng Diyos kung sila ay magtitiwala sa kanilang pananampalataya o sa kapangyarihan ng kanilang ministeryo, tulad ni Samson. Dahilan lamang sapinagpapala ng Diyos ang ministeryo ay hindi ito garantiya na Siya ay nalugod na sa buhay ng isang lingkod!

## Hakbang #2 KAALAMAN

Ang pagkakaroon nang pagnanais para sa isang malinis na buhay ay mahalaga, ngunit hindi ito ang katapusan ng ating espirituwal na pag-unlad. Kailangan din natingmagpatuloy sa pagkakaroon ng *kaalaman* kung paano pangunahan ang isang malinis na buhay. Tuwing Biyernes Santo taon-taon, ang mga tao sailang mga bansa ay nagbubuhat ng mabigat na krus, gumagapang sa lupa, o hinahampas ang kanilang mga sarili, habang sinisikap na sila ay maging malinis na mga Kristiyano. Sa ibang mga bansa, ang ilan ay tinuruan na kung isusuot mo ang sinturon na may bomba at pasabugin ang iyong sarili, ikaw ay magiging malinis at magkakaroon ng maluwalhating pagpasok sa langit. Ngunit dahil wala silang kaalaman mula sa Diyos tungkol sa kung *paano* mamuhay ng malinis, ang kanilang mga gawa ay walang kabuluhanat isang pagkaalipin.

Ito ay naging suliranin ng marami sa mga Fariseo. Isinulat ni Pablo ang tungkol sa kanila na sila ay may kasigasigan para sa Diyos, ngunit hindi ito naaayon sa kaalaman. Marami ang nagnanais ng malinis na buhay, ngunit ang mga hindi nagpatuloy upang makamit ang kaalaman ng kung sino si Hesus ay naging espirituwal na bulag, Juan 9:39-41. Sila ay nahulog mula sa biyaya upang maging mga kaaway ng tunay na kagandahang-asal at pananampalataya! Tayo ay magpabagosa pamamagitan ng pagbabago ng ating isipan upang tayo ay mapuno ng kaalaman ng Kanyang kalooban, Roma 12:2.

## Hakbang #3 PAGPIPIGIL SA SARILI

Sa ating pagkaalam sa kung paano manguna sa isang malinis na buhay Kristiyano, kailangan nating isunod na isabuhay ang kaalamang ito sa pamamagitan ng pagpipigil sa sarili o pagtitimpi. Posible para sa isang tao na malaman niyang hindi siya nangunguna sa isang malinis na buhay, ngunit hindi ginagawaang kinakailangang disiplina upang sundin kung ano ang alam niya na dapat niyang gawin! Pinapaalala sa atin ng 2 Timoteo 2:3 na kailangan nating matutunan *na "tiisin ang lahat ng hirap tulad ng isang mabuting kawal ni Jesucristo."* Maaari tayong masangkot sa kamunduhan at mawalan ng pakinabang sa hukbo ng Diyos; sugatan, mahina o isang nang-iiwan. Sa 1 Corinto 9:25 ipinapaalala rin ni Pablo sa atin kung paanongang isang manlalaro ay kailangang disiplinahin ang kanyang katawan upang manalo sa paligsahan. Kailangan natin nang malakas napagpipigil sa sarili upang mapagtagumpayan ang kamunduhan, ang laman, at ang diyablo. Kasama dito ang pagdidisiplina sa parehong natural na mga nakagawian atgayundin sa ang ating espirituwal na kagawian katulad ng araw-araw na pananalangin at pagbabasa ng Bibliya. Ito'y nangangailangan ng mas maraming pag-eehersisyo araw-araw at pagpipigil sa sarili upang maging isang kampeon!

Si Solomon ay isang halimbawa ng isang tao na bumagsak dahil nagkulang siya sa pagpipigil sa sarili. Nagsimula siyana may tunay na pananampalataya at kagandahang-asal, at nagpatuloy na idinagdag ang dakilang karunungan at kaalaman sa kanyang espirituwal na karanasan, 1 Hari 3:3-12. Gayunpaman, hindi kailanman idinagdag ni Solomon ang pagtitimpi! Malapit sa katapusan ng kanyang buhay ay kanyang isinulat, "*Wala akong ginustong hindi ko nakuha. Ginagawa ko ang lahat ng aking magustuhan. Nalulugod ako sa aking mga ginagawa at iyon ang pinakagantimpala ng aking pinagpaguran."* Mangangaral 2:10. Ang kanyang maraming mga asawa, kayamanan, at ang walang pagpipigil na buhay ang nagdala sa kanya sa pagsamba sa diyos-diyosan at kahatulan. Maging maingat nawa tayo na sumunod kung ano ang alam nating tama, at gawin natinkung ano ang ating ipinangangaral!

## Hakbang #4 PAGTITIIS

Kailangan nating matutunan namatiyagang magpatuloy sa pagdidisiplina ng ating mga buhay at sundin ang kaalaman kung paano maging mga Kristiyanong may kabanalan. Ang gantimpala ay hindi ibinibigay sa isang taong nagsisimula ng maganda sa takbuhan- ito ay para sa isang nagsumigasig at nagtiis sa kabuuan ng takbuhan upang makatapos nang matagumpay. Hindi tayo dapat panghinaan ng loob at hayaan


ang ating pagpipigil sa sarili na manghina, dahil sa panahon ng Diyos, ay aanihin natinang mga gantimpala kung tayo ay matiyagang magpapatuloy hanggang sa panahon ng pag-aani, Galacia 6:9. Maraming taon ang kailangan para sa ibang uri ng bungang kahoy na lumaki at mamunga. Katulad nito, maaaring maraming taon din nang matiyagang pagpapagal ang kakailanganin para saespirituwal na mga bunga na madibelop sa ating mga buhay.

## Hakbang #5 PAGKAMAKA-DIYOS

Sa panahong dumating na tayo sa hakbang na ito, magsisimula na tayong aani sa mga anihin ng ating pagsisikap para sa unang apat na mga hakbang. Atinngayong balikan kung paanong ang mga naunang mga hakbangin ay nagkakalakip-lakip na gumagawa upang dalhin tayo sa pagiging maka-Diyos:

Hakbang # 5 upang maging MAKA-DIYOS
Hakbang # 4 kailangan nating MAGTIIS
Hakbang # 3 upang magkaroon ng PAGPIPIGIL SA SARILI
Hakbang # 2 upang sumunod sa ating KAALAMAN
Hakbang # 1 magkaroon ng KABANALAN
PANANAMPALATAYA – Kristiyanong MANANAMPALATAYA

Ang tunay na pagiging maka-diyos ay hindi lamang sa simpleng panlabas na anyo o ritwal, ngunit ito ay bunga nang lumalagong panloob na espirituwal na buhay. Higit na malinawnating mauunawaan ito kung ating pag-aaralan ang sumusunod na tsart tungkol sa pagkilos ng banal na kalikasan:



Noong una tayong naligtas, dumating si Kristo upang manahan sa ating puso (o espiritu) sa pamamagitan ng pananampalataya. Dito nanagsisimula ang proseso kung saan tayo ay progresibong nakikibahagi sa banal na kalikasan at nababago ayon sa wangis ni Kristo. Subalit ang bagong Kristiyano ay maaari pang magkaroon nang maraming pagkahalo at kasalanan sakanyang buhay (tingnan sa Jeremias 17:9 & Roma 7:15-24). Si Kristo na nasa atin ay nagnanais na tumindig at ikalat ang Kanyang mga kaaway – nais Niyang lubusan tayong baguhin at pabanalin sa ating espiritu, kaluluwa, at katawan, 1 Tesalonica 5:23. Ang unang hakbang ng pagdagdag ng kabutihang asal ay nagpapasimula sa prosesong ito sa pamamagitan ng paglalayon sa ating espiritu na maging malinis at dalisay.Sa pagdagdag natin ng kaalaman, ang ating isipan ay nababago at sa pamamagitan ng pagkilos ng kalikasan ni Kristo mula sa ating espiritu tungo sa ating kaluluwa. Pagkatapos sa mga sumusunod na hakbang nang pagdadagdag ng pagpipigil sa sarili at pagtitiis, ang ating katawan ay pinangungunahan ng espiritu sa pamamagitan ng ating nabagong kaluluwa (sa pamamagitan nang nabago nating mga kaisapan) at nadedebelop natin ang mga kilos at mga pagpaparisan ng isang pinaging banal na buhay.

Dahil itong mga naunang apat namga hakbangin ay nagdadala nang pagkatupad sa pagkilos ng kalikasan ni Kristo sa pamamagitan ng ating espiritu, kaluluwa at katawan, ang gawain ng Diyos ay magpapatuloy hanggang sa hakbang #5. Dito ay kung saan tayo magsisimulang ipagbigay liwanag sa iba ang patotoo ng buhay nang pagkamaka-diyos. Ito ay hindimatutupad sa pamamagitan ng mga gawaing matuwid lamang sa sarili o sa pamamagitan ng mga relihiyosong ritwal. Ito ay ang Kanyang banal na kapangyarihan na kumikilos sa atin na ginagawa tayong maka-diyos habang tayo ay progresibong nagiging kabahagi ng banal na kalikasan. Ngunit itong Kristiyanong katangian ng pagkamaka-diyos ay tunay ngang kanais-nais, na maging si Apostol Pablo ay binigbigyan tayo ng babala na marami sa huling mga araw ang magsisikap na magkaroon ng isang anyo ng pagkamaka-diyos sa pamamagitan ng pagsunod sa mga relihiyosong gawa, 2 Tim 3:5. Subalit, ang tunay na pagkamaka-diyos ay makukuha lamang ng mga taong naging masikap na unti-unti sa bawat hakbangaymaidagdag sa kanilang pananampalataya ang isang lumalagong panloob na buhay espirituwal.

Dahilan sa tayo ay progresibong nagdaragdag nitong naunang lima na mga hakbangin sa ating paglagong Kristiyano, ang banal na kalikasan ay binabago tayo sa espiritu, kaluluwa at katawan, upang tayo ay makitang maka-diyos ng mga taongnakapaligid sa atin. Ito ay nangungusap sakaganapan natin sa katangian ni Kristo. Gayunman, hindi pa ito ang kabuuan ng buhay ni Kristo, dahil mayroong dalawang bahagi sa buhay ng Kristiyano: karakter at ministeryo. Kailangan muna nating pagtuunang mabuo ang maka-diyos pag-uugali, ngunit kailangan din natingmagpatuloy na ibahagi ng Kanyang ministeryo sa iba.

Ito na ang naging plano ng Diyos sa pasimula pa lamang, noong sinabi Niya, *"Lalangin natin ang tao sa ating larawan, ayon sa ating wangis"* (nangungusap tungkol sa katangian), *"at magkaroon sila ng kapangyarihan…sa buong lupa,"* (nangungusap tungkol sa ministeryo), Gen 1:26. Makikita natin itong banal na kaayusan na inilarawan din sa mga hakbangin na naka-balangkas sa 2 Pedro 1:5-7. Sapagkat habang ang unang limang hakbangin ay nagpapaunladsa ating panloob na katangian, ang dalawang huling mga hakbang na atin naman ngayong pag-aaralan ay kung saan naman tayo lalago sa ating panlabas na ministeryo.

## Hakbang #6 PAG-IBIG SA KAPATID

Sa sumusunod na hakbang nang pagkilos at paghubog ng kalikasan ni Kristo, makikita natin na ang pag-agosng banal na kalikasan ay maipahihiwatig sa pag-ibig sa ating kapatid (phileo sa orihinal na Griyegong Bagong Tipan). Dito ay pinapadaloy natin ang ating maka-diyos nakatauhan sa ministeryo na umaabot sa iba. Kailangan nating magpatuloy sa hakbanging ito upang ang gawain ng Espiritu ng Diyossa atin ay hindi maging istagnanteng lawa; ngunit isang umaagos at buhay na ilog. Ito ang kaibahan ng Dagat ng Galilea (na puno ng buhay) at ang Patay na Dagat. Parehong nakakatanggap ng mabuting tubig mula sa Ilog Jordan, ngunit tanging ang Dagat ng Galilea ang may lagusan na nagbibigay kung ano man ang natatanggap nito. Ang Patay na Dagat ay walang lagusan o pag-agos, at naging istagnante at maalat kaya walang maaaring mabuhay dito. Kung tayo ay magiging makasariling Kristiyano nalaging naghahanap ng mga pagpapala ngunit hindi kailanman nagbibigay sa iba, tayo ay magiging istagnante katulad ng Patay na Dagat. Kaya atin ngang idagdag sa ating lumalagong buhay Kristiyano itong susunod na hakbang nang pag-abot sa ibang kapatiranng may pag-ibig!

## Hakbang #7 PAG-IBIG NA 'AGAPE'


Ito ang huling hakbang ng ating paglago, ang kalubusan ng buhay ni Kristo sa atin. Habang ang pag-ibig ng Diyos (*"agape"* mula sa Griyego, at ginamit ito bilang pinakamataas na hakbangin), ay ibinubuhos mula sa ating puso at sa pamamagitan ng ating buhay tungo sa isang ministeryo kapwa para sa Diyos at sa tao, tayo ay nababago ayon sa kalikasan ni Kristo, sapagkat*"Ang Diyos ay [Agape] Pag-ibig,"* 1 Juan 4:8. Tayo ay magiging tunay na kabahagi ng banal na kalikasan, titiyakin natin ang ating pagkatawag at pagkahirang, at magiging handa sa masaganang pagpasok sa walang hanggang paghahari ng ating Panginoon, 2 Pedro 1:4 at 10-11. Purihin ang Panginoon, ang lahat ng mga dakila at mahahalagang pangakong ito ay para sa bawat Kristiyano!

## MAGING MASIKAP

Sa mga talatang 5 at 10 ng 2 Pedro kapitulo isa, tayo ay hinihimok na maging masikap sa lahat ng mga hakbanging ito. Ang isang Kristiyanong hindi masikap na nagdaragdag ng lahat ng mga hakbanging ito sa kanyang Kristiyanong pamumuhay ay maaari pa ring makarating sa pinakamatayog na kalagayan, katulad ni Samson at Solomon. Subalit, siya ay nasa panganib nang pagdidibelop ng pagkabulag sa ibang mga bahagi sa kanyang espirituwal na pangitain at pagkahulog sa isang kahindik-hindik na pagkawasak na katulad ng ginawa nila. Ating hilingin ang biyaya ng Diyosna tayo ay maging masikap sa lahat ng mga hakbanging ito, upang makatiyaktayo sa Panginoon na tayo ay hindi kailanman babagsak.

## PAG-AKYAT SA BUROL NG PANGINOON

Sakabanatang itoay nakita natin kung paanong ang pitong mga hakbanging ito ay nagpapakita ng isang malinaw na progresibong kaayusan. Habang sinusunod natin ang mga ito, tayo ay pangungunahan ng mga ito sa pagiging kabahagi ng banal na kalikasan, tungo sa pagkamit ng ating pag-asa ng kaluwalhatian. Ngunit mayroon pang isang paraan upang tignan ang katotohanang ito na magtuturo din sa atin ng karunungan. Kagaya nang pag-akyat ng hagdanan, ang mga hakbanging ito nang paglagong Kristiyano ay katulad din nang pag-akyat sa isang mataas na burol o bundok.



Kagaya ng ang isang daanan ay hindi ginawang diretso paakyat sa bundok dahil magiging napakahirap nitong akyatin, ay gayundin din na hindi natin kayang matutunan ang lahat ng bawat hakbangin nang sabay-sabay. SaIsa-isang panahon, isa-isang linya, ang Panginoon ay progresibong tuturuan tayo ng mas marami pa tungkol dito sa pitong mga hakbangin ng pakikibahagi sa Kanyang banal na kalikasan. Sa iba-ibang mga panahon ay maaaringdalhinNiya tayopabalik upang ituro ng higit na mas malalim ang tiyak na mga hakbangin na ating natutunan sa mababang antas. Dahil dito, ay hindi natin maaaring sabihin na mayroon lamang tayong pitong tiyak na hakbangin tungo sa buong kaganapan (o kaya naman ay ang tatlong tiyak na mga hakbangin nang pagiging tinawag, pinili at tapat), dahil madalas ang Panginoon ay dinadala ang mga mananampalataya sa pitong mga hakbanging itosa maraming progresibong mga antas. Ganito tayo tinuruan sa panahon ng ating kabataan kung saan tayo ay taun-taong humahakbang paakyat sa mas mataas na mga grado ng ating pag-aaral. Sa bawat taon tayo ay maaaring magkaroon ng mga aralin sa matematika, wika, kasaysayan at siyensiya, ngunit taun-taon ay inaaral natin sila sa pataas nang pataas na mga antas. Kahalintulad nito ay layunin ng Diyos na tayo ay itaguyod upang maging balanse, ganap na mga Kristiyano; sa bawat mga paghakbang na magdadala sa atin pataas tungo sa maluwalhating layunin ng pakikibahagi sa Kanyang banal na kalikasan.

*"Ang Diyos ang makapag-iingat sa inyo mula sa pagkakatisod at makapaghaharap sa inyo nang walang kapintasan na may malaking galak sa harapan ng Kaniyang kaluwalhatian. Sa iisang Diyos na ating Tagapagligtas, sumakaniya ang kapurihan, at kadakilaan, ang kapangyarihan at kapamahalaan mula ngayon at magpakailanman. Siya nawa!" Judas 24-25.*

# Kabanata 8

# BALANSENG KARAKTER AT MINISTERYO

## (ANG APAT NA MUKHA NG ISANG LINGKOD NG DIYOS)


Mababasa natin sa aklat ng Ezekiel ang tungkol sa makalangit na mga nilalang na ang tawag ay Kerubin. Mula sa lahat ng nilikhang mga nilalang, ating mapag-aaralan kung paanong ang Kerubin ay nasa mga pinaka-dakila, at pinaka-itinataas na mga tagapaglingkod ng Diyos:

1.) Ang Kerubin ang nagdadala ng trono at kaluwalhatian ng Diyos - Ezekiel 1:26-28, 10:1,18-20; 11:22-23.
2.) Ang Diyos ay nananahan sa pagitan ng Kerubin – Awit 80:1, Bilang 7:89.
3.) Ang Kerubin ang nagbantay sa Hardin ng Eden - Genesis 3:24.
4.) Sila ay may pagkakahalintulad o pagkakahawig sa mga Serapin ng Isaias 6:2-7 at ang apat na buhay na mga nilalang ng Pahayag 4:6-9.

Ang Kerubin ay maaaring magturo ng mahahalagang aral sa bawat isa sa atin na nagnanais na mamuhay malapit sa Panginoon, at maging Kanyang mga tagapaglingkod. Habang natututunan natin ang mga lihim ng kanilang karakter at maging katulad nila, ay maaari na rin tayong mapagkatiwalaan ng Panginoon ng mga ministeryo na katulad ng sa kanila.

Ang isang importanteng susi na nagbubukas sa mga lihim na ito ay ipinapakita sa atin sa kanilang mga mukha. Sinasabi sa atin ng Ezekiel 1:10, *"Tungkol sa anyo ng kanilang mga mukha, sila'y may mukhang tao; at silang apat ay may mukha ng leon sa kanang tagiliran; at silang apat ay may mukha ng baka sa kaliwang tagiliran; silang apat ay may mukha rin ng agila."* Dito ay makikita natin na ang bawat Kerubin ay may apat na mga mukha, isa sa bawat gilid ng kanilang ulo. Ang apat na mga mukha, ng tao, leon, baka, at agila ay nagtuturo sa atin kung paano tayo maging mga tagapaglingkod ng Diyos na may balanseng karakter at ministeryo. Ito ay dahil sa ang isang mukha ay madalas naghahayag ng karakter. Ang pinakamadaling paraan upang makita na ang isang tao ay masaya, malungkot, o galit, ay tingnan ang kanilang mukha! Ang bawat isa sa apat na mga mukha ng leon, baka, agila at tao ay nangungusap ng iba't-ibang uri ng karakter. Ngunit kung sila ay balanseng magtutulungan, isang makapangyarihan, at maka-

diyos na ministeryo ang magiging resulta. Ang ating sumusunod na dayagram ay ipinapakita ang relasyon nitong apat na mga mukha, at ang karakter na kanilang inihahayag.




Ang likas na katangian ng mga apat na nilalang na ito ay kabaligtaran ng isa't isa. Ang leon ay isang pinuno, ang matapang na hari ng mga hayop. Ang baka ay may kalikasan nang paglilingkod dahil sa kanyang matiyagang pagtatrabaho para sa kanyang panginoon. Ang agila ay kayang lumipad sa kalangitan, habang ang tao ay nabubuhay sa pamamagitan ng kanyang mga gawain sa lupa. Ngunit kung ang apat na ito ay magtutulungan, makikita natin na binubuo o binabalanse nila ang isa't-isa. At katulad ng Kerubin, ang kahit na sinong lingkod ng Panginoon na may balanseng katauhan, ay mapagkakatiwalaan nga Niya ng dakilang_ministeryo na magdadala ng kapangyarihan at kaluwalhatian ng Diyos!

## ANG LEON

Ang leon ay isang pinuno, kilala bilang 'Hari ng Kagubatan.' Siya ay malakas, matapang, at hindi takot kahit kanino, Kawikaan 30:30, 28:1, at Isaias 31:4. Sinasabi sa atin ng kasulatan na ang atungal ng leon ay tulad ng takot saisang hari, at katulad rin ng paghahayag ng Salita ng Diyos ng may kapangyarihan, Kawikaan 20:2, Hosea11:10, at Pahayag 10:3. Mula dito ay makikita natin na upang magkaroon ng karakter at ministeryo ng isang leon, kailangan nating maging matapang na mga pinuno, hinahayag ang salita ng Diyos ng may makapangyarihangpag-atungal ng isang lion. Ito ay katulad nang ang propetang si Nathan ay isiniwalat ang kasalanan ni Haring David, sinabi niyang, *"Ikaw ang lalaking iyon,"* sa 2 Samuel 12:7.

Inalis ng Diyos si Haring Saul mula sa kanyang trono dahil kulang siyang katangian ng isang leon. Noong si Saul ay dapat sana na pinangunahan ang mga tao sa pagsunod sa salita ng Diyos, siya sa halip ay natakot

sa mga tao, at sinunod ang kanilang tinig, at sa gayon ay sinuway ang salita ng Panginoon, 1 Samuel 15:24-26. May mga pagkakataon na ang kasalanan at pagkatalo ang naghahari sa mga Kristiyano at sa kabuuan ng mga iglesiya dahil ang pamumuno ay mahina at kulang sa pag-atungal ng isang leon.

Ito ay maliwanag na ipinakita sa akin noong ako ay inanyayahang maging panauhing tagapagsalita sa isang iglesya. Ang pananambahansapasimula ng gawain ay maganda, at ang presensya ng Panginoon ay nahayag. Pagkatapos bago ang aking bahagi upang mangaral, ang pastor ay nagtanong sa mga miyembro kung sino sa kanila ang mayroong patotoo. Isang matandang babae ang tumayo mula sa likod at nagsimulang magsalita.

Siya ay nagsimula sa pagsasabi ng tungkol sa ilang kamakailang mga krimen sa kanyang mga kapitbahay. Siya ay nagpatuloy na sa pagsasalita tungkol sa mga magnanakaw, manghahalay, at mamamatay-tao, at hindi kailanman binanggit ang Panginoon. Habang ito ay nagpapatuloysa loob ng 20 hanggang 30 minuto, ako ay mas lalong nababahala tungkol sa kapaligirang espirituwal ng gawaing pananambahan sa iglesiya. Ang diwa ng presensiya ng Diyos ay nawala, at sa halip ay napalitanng mga espiritu ng takot at karumihan. Nagsimula akong lalong tuminginsa pastor, kung saan siya ay nakangiti lamang at itinatango ang kanyang ulo upang pasiglahin ang babae sa kanyang patotoo.

Sa huli ay tinitingnan ko na ang pastor nang aking mga matang nandidilat. Sinusubukan kong sabihin sa kanya na naisip ko na may napakasamang bagay na nangyayari! Ako ay nag-aalala para sa iglesya, dahil ang gawain ay naging hindi lang nakakainip, kundi napakabigat na rin. Naging masaya sana akong nangangaral kung pagkatapos mismo nang pananambahannung ang presensiya ng Panginoon ay nahayag pa, ngunit ngayon alam ko na ito ay magiging labanan nang hilaanpataas upangmakamit ang anumang bagay sa Espiritu. Iniisip ko rin na ang Diablo ay pinapayagan na magsalita sa kongregasyon sa loob ng 30 minuto, habang ako marahilay may kapantay na oras na lamang upang mangaral at hangarin na ang Panginoon ay mangusap sa Kanyang iglesia.

Pagkatapos nito ay isang babaeng tagapanglingkod *(deaconess)* sa iglesiya ang tumayo at nagsimulang magbigay ng propesiya. Mayroon siyang maganda at malakas na pagpapahid, at sa may pag-atungal ng isang leon ay ibinigay niya ang propesiya na ang mga masasamang espiritu na kumikilos sa pamamagitan ng matandang babae ay tumahimik at huwag magsalita sa mga gawaing pananambahan sa iglesiya. At sinubukan kong kunin ang pansin ng pastor, upang kumpirmahin sa kanya na ang propesiyang iyon ay nanggaling sa Panginoon.   Ngunit hindi niya pinansin ang propesiya, at tumayo siya upang kunin ang

mikropono. Sinabi ng pastor, “Si *Brother* Holmes ay hindi pa kailanman nakadalaw sa ating iglesiya at maaaring hindi niya maunawaan kung ano ang nangyayari. Tayo ay isang simbahan ng pag-ibig, at hinahayaan natin ang matandang kapatid na ito sa simbahan na magsalita sa tuwing may gawain upang ibahagi ang kaniyang mga alalahanin sa atin. Hinahayaan natin siyang magsalita sa loob ng kalahating oras, at minsan ay 45 minuto, upang ipakita sa kaniya ang ating pagmamahal.”

Hindi ko mapaniwalaan ang aking naririnig. Isang babae na may mga espiritu ng takot at karumihan ay pinapayagang ‘mangaral’ sa tuwing may gawain, habang ang isang babae na may pinahirang salita ng Diyos ay hindi pinansin! Pagkatapos ipagtanggol ng pastor ang babae na may masasamang espiritu, ay halos napakaliit na lamang ang aking nagawa upang makatulong sa gawain. Sinubukan kong kausapin ng sarilinan ang pastor pagkatapos, ngunit ayaw niyang ipatigil na pagsalitain ang matandang babae sa mga gawain, ang lahat ay sa ngalan ng “pag-ibig”. Ang aking naramdaman na marahil ang totoongmotibo sa likod ng hindi niya pagnais na itama ang matandang babae ay dahil sa siya ay mayaman.

Ang bawat pinuno ay haharap sa mga sitwasyon kung saan ay dapat silang pumili sa pagitan ng nakalulugod sa Diyos at makalulugod sa tao. Kapag binigyan tayo ng Diyos ng mensahe upang sabihin, susubukan ba nating baguhinito kung ang isang mayaman o maimpluwensiyang tao ay maaaring masaktan? Nais ng Diyos na bigyan ang bawat isa sa atin ng mukha ng isang leon upang matapang nating maipangaral ang Kanyang salita!

Ngunit ang isang leon ay marami pang magagawa higit sa pag-atungal lang. Sa pamamagitan ng kanyang malakas na ngipin at mga kuko kaya niyang pagpira-pirasuhin ang kanyang mga kaaway. Ang isang lider ay dapat magkaroon ng higit sa malakas na mga salita- dapat din siyang magkaroon ng malakas na mga pagkilos. Kung ang kasalanan ay nagpupumilit na maghari sa buhay ng mga anak ng Diyos, pananagutan natin na kumilos sa kapangyarihan ng Diyos. Ang pagpapatupad ng katuwiran at disiplina sa iglesiya ay maaari pang minsan ay umabot sa punto nang pagpapaalis ng isang tao (Mateo 18:15-17 at 1 Corinto 5:11), pagpo-propesiya ng paghatol (pag-aralan ang Gawa 5:9-10, 2 Samuel 12:10-11, at Gawa 13:9-11), o ang pagbibigay ng isang tao kay Satanas (1 Corinto 5:3-5 at 1 Timoteo 1:20). Ang ating Panginoon ay nagbigay sa atin ng tungkulin na isagawa ang kanyang mga paghatol at gamitin ang mga susi ng kanyang kaharian upang gumapos at magpakawala (tingnan sa Awit 149:9; Mateo 18:18-19). Alam mo ba kung paano gamitin ang kapangyarihan ng isang leon sa iyong ministeryo? Sa iyong pagkakatuto kung paano magkaroon ng mukha ng isang leon, ang mga makasalanan ay magsisimulang magkaroon ng takot sa Diyos, at ang mga tao ay magpapasakop sa iyong pamumuno.

Noong ako ay isang *assistant pastor* maraming taon na ang nakalilipas, mayroon kaming miyembro sa iglesiya na sa pana-panahon ay bumabalik sa kasalanan. Muli't muli ay mamumuhay siya ng naalinsunod na buhay Kristiyano sa loob nang ilang linggo o mga buwan, para lamang bumalik sa pagsusugal at pag-inom. Kapag siya ay nagbabalik sa kasalanan, ang *senior pastor* at ako ay gumugugolng maraming oras at araw na nagsisikap na tulungan siyang makabalik sa Panginoon. Ito ay patuloy na nangyayari sa loob ng maraming taon na walang man lang makitang katagumpayan, hanggang sa wakas ay naramdaman namin na ang isang pagbabago ng mga plano ng labanan ay nararapat. Ang sumunod na pagkakataon na ang taong ito ay tumalikod, siya ay "*ibigay ninyo kay Satanas ang ganiyang tao para sa pagwasak ng kaniyang katawan,*" 1 Corinto 5:5. Kami ay nanalangin, "Panginoon, hayaan Mo siyang magdusa sa kanyang katawan upang matutunan niyang matakot sa Iyo at kamuhian ang kasalanan."

Noong gabing iyon, siya ay naglalasing at nagsusugal. At katulad ng dati, nanalo siya ng maraming perasa paglalaro ng baraha.  Habang lumalalim ang gabi at ang kanyang mga kasama sa sugal ay naubos na ang lahat ng kanilang pera, sinimulan na niyang inipon ang lahat ng pera sa mesa at sinabi na kailangan na niyang umuwi. Bago siya tuluyang makaalis, ang mga lalaki na natalo ng malaking halaga ay tumayo at inilabas ang kanilang mga patalim. Ang kaibigan naming nanumbalik sa kasalanan ay sinaksak ng maraming ulit, at kinailangan niyang iwanan ang pera habang nagpasuray-suray siyang umalis ng painumanat nagawang makauwi sa kaniyang bahay.

Sa loob ng ilang linggo ay nanatili siya sa bahay, nagpapagaling sa mga natamong sugat. Habang siya ay nasa higaan at nagdurusa, nagkaroon siya ng maraming oras upang pag-isipan ang kahangalan ng kanyang mga ginawa. Ang sakit mula sa kanyang mga sugat ay nangaral sa kanya ng mas malakas higit sa lahat ng mga pangaral na aming ibinigay! Ang pangyayaring ito ang naging punto nang pagbabago sa kanyang buhay. Sa loob ng maraming taon siya ngayon ay nabubuhay ng isang walang bahiddungis bilang isang napakagandangKristiyano. Hindi ang atungal ng leon ang nakatulong sa kanya upang manumbalik, kundi ay ang kagat ng leon!

## ANG BAKA

Gayunpaman, ang ministeryo ng 'leon' lamang ay maaaring hindi balanse. Kung ikaw ay isang pastor o namumuno at nakatayo sa pintuan ng iyong simbahan tuwing umaga ng Linggo, kailangan mo bang umatungal o mangagat katulad ng leon sa lahat ng miyembro ng inyong iglesya sa kanilang pagpasok?

Kung nais mo itong subukan, hayaan mong siguraduhin ko saiyo na sa susunod na Linggo ay mawawala lahat ng problema mo mula sa iyong simbahan, at ang lahat ng tao!

Inihayag ng ating Panginoong Hesus kung paanong ang ministeryo ng isang tagapaglingkod ay kailangang balansehin ang ministeryo ng isang pinuno. Sinabi Niya, "Ang *sinuman sa inyo ang magnanais na maging una ay magiging alipin ng lahat*," Marcos 10:44. Ito ay naipakita sa nauna nating dayagram sa pamamagitan ng mukha ng baka na nagbabalanse sa mukha ng leon.

Ang baka ay isang tagapaglingkod, isang inaalagaang hayop na gumagawa para sa kanyang panginoon. Ito ay malakas sa paggawa at nagdadala ng karagdagang kita sa kanyang pagpapagal, Awit 144:14 at Kawikaan 14:4. Ang Apostol Pablo ay tumutukoy sa baka bilang uri ng isang lingkod na espirituwal na gumagawa para sa mga gawain ng Panginoon; 1 Corinto 9:9-11at 1 Timoteo 5:17-18.

Ang isang lingkod ng Panginoon ay kailangang matuto na buong tiyagang magpagal sa araw-araw, dinadala ang mga kabigatan at naglilingkod sa mga pangangailangan ng mga tao, Galacia 6:1-2 at 2 Timoteo 2:24. Ang sunod-sunod na mga pagawain, magkakasunod na trabaho, kailangan nating buong tiyagang kumilosnang walang pagrereklamo. Ang kalikasang ito ng baka ay kabaligtaran ng leon, kung saan ay mabilis na umaatungal, umaatake at mamuno. Ngunit pagmagkasama, ang magkaibang mga katangiang ito ay maaaring magdala ng balanse sa ating katauhan at ministeryo.

## ANG LEON AT ANG BAKA

Makikita natin ang mga mukha ng leon at ng baka sa ministeryo ni Kristo noong nilinis Niya ang templo. Mababasa natin sa Mateo 21:12-14:

> *"Pumasok si Jesus sa templo ng Diyos at itinaboy niya ang lahat ng nagtitinda at namimili sa templo. Itinumba niya ang mga mesa ng mga mamamalit-salapi at ang mga upuan ng mga nagtitinda ng mga kalapati. Sinabi niya sa kanila: Nasusulat: Ang aking bahay ay tatawaging bahay-dalanginan ngunit ginawa ninyong yungib ng mga tulisan. Lumapit kay Jesus sa templo ang mga bulag at mga pilay. Pinagaling niya sila."*

Sa kwentong ito ay dumating si Hesus na may pag-atungal ng isang leon, itinaboy ang mga nagtitinda at nagpapalit ng salapi, habang sinasaway sila sa Salita ng Diyos. At pagkatapos lamang nito, ay nakita natin

Siyatulad ng baka na buong tiyagang nagministeryo at tumulong sa mga tao sa pamamagitan ng pagpapagaling sa lahat ng may mga sakit. Katulad ng leon at ng baka, bilang isang pinuno at pagkatapos ay isang lingkod, ang dalawang ministeryong ito ay magkasamang natatapos ang isang buo at balanseng trabaho.

## ANG AGILA

Ang ikatlong mukha ng Kerubin na ating titingnan ay ang agila. Habang tinitingnan natin ang banal na Kasulatan, nakikita natin ang isang matayog, at makalangit na katauhan na inihayag sa agila. Sa Job 39:27 sinasabi sa atin na ang agila ay, "*sa mataas na bundok gumagawa ng pugad niya*," kahit na tayo ay maninirahan rin "*sa kalangitan kay Cristo Jesus*," Efeso 2:6. Pagkatapos sa Kawikaan 23:5 sinasabi, *"ito'y simbilis ng agila sa paglipad sa kalawakan."* Maaari rin nating matutunang gawin ito, dahil *"...silang nangaghihintay sa Panginoon...sila'y paiilanglang na may mga pakpak na parang mga agila,"* Isaias 40:31 (ADB). Ang agila ay mayroon ding hindi pangkaraniwang paningin at kaya niyang makakita mula sa malayo, tulad ng kailangan nating maging mga lalaki at babae na may espirituwal na pangitain, Job 39:29, Kawikaan 29:18, at Efeso 1:17-29. Nawa ay tulungan tayong lahat ng Panginoon na magkaroon ng makalangit na katauhan at ministeryo na inilalarawan ng agila!

### ANG TAO

Ang huling mukha na nakita ni Ezekiel, na kabaligtaran ng agila, ay ang tao. Ang katangian ng tao na ipinapakita sa Kasulatan ay ang pagiging makalupa. Mababasa natin iyan mula kay Adan, "*At kung paanong tinaglay natin ang larawang ukol sa lupa,"* 1Corinto 15:49 ADB. Habang tayo ay nananatili pa dito sa daigdig ng kasalukuyang buhay na ito, ay kinakailangan nating ipagmalasakit ang ating mga sarili sa mga bagay ng panlupang buhay katulad ng pagkain, tirahan, hanap-buhay, at pagtulog. Kailangan nating maging praktikal hindi lamang upang mamalagi, kundi upang makiugnay rin at makapagministeryo sa ibang mga tao. Katulad ng sinasabi sa Roma 12:15, *"Makigalak kayo sa kanila na nagagalak at makiiyak sa kanila na umiiyak."*

Alam natin na ang Diyos mismo ay naging tao upang makiugnay at magministeryo sa mga anak ng tao, Filipos 2:5-8, Lucas 19:10, at Hebreo 4:15. Sinabi ni Apostol Paul "*Naging ganito ako sa lahat ng bagay upang mailigtas ko sa bawat kaparaanan kahit ang ilan."* 1 Corinto 9:22-23. Kailangan din nating

matutunan na tama lamang ang magkaroon ng mukha ng isang tao upang kaya nating makiugnay at mag-ministeryo sa mga pangangailangan ng sangkatauhan.

## ANG AGILA AT ANG TAO

Ang dalawang mga mukha ng agila at ng tao ay upang balansehin ang isa't isa sa ating katauhan at ministeryo. Ang isang 'agilang mananampalataya' ay magiging mapangitain at may espirituwal na kaisipan. Ngunit marami na din sa atin ang nakarinig ng kasabihang *"Siya ay masyadong makalangit mag-isip na wala nang pakinabang sa lupa."* Ang isang tao ay maaaring pumailanglang sa kalangitan, ngunit hindi alam kung paano iugnay ang kanyang mga karananasan upang makapagbigay ng mga praktikal na kapakinabangan sa iba. Sa kabaligtaran nang kawalang balanse, ang isang Kristiyano ay maaaring mabuyo nang labis sa mga bagay sa buhay na ito, na madalasay hinaharap ang mga sitwasyon sa paligid niya bilang isang likas na tao. Habangsila ay maaaring "nakaapak sa lupa" at mga taong praktikal, hindi pa rin nila kakayaning mag-ministeryo nang may espirituwal na kapakinabanganpara sa ibadahil kulang sila ng mukha ng isang agila.

Inilarawan ni Hesus kung paano na itong magkabilaang mga mukha ng agila at ng tao ay maaaring magtulungan upang magdala ng balanseng ministeryo noong nakilala Niya ang babae sa balon sa Juan 4:6-26. Sa simula ng kwentong ito ay makikita natin kung paanong si Hesus ay unang nakipag-ugnay sa kanya namay mukha ng isang tao: "*Naroroon ang bukal ni Jacob. Dahil napagod si Jesus sa paglalakbay kaya umupo siya sa tabi ng balon. Noon ay mag-iikaanim na ang oras ng araw. Dumating ang isang babaeng taga-Samaria upang sumalok ng tubig. Sinabi ni Jesus sa kaniya: Bigyan mo ako ng maiinom*."

Ang unang bagay na maaaring napansin ng babaeng ito na taga-Samariatungkol kay Hesus ay ang Siya aytaong pagod, at nauuhaw. Gayunpaman, mayroon pang ibang mga bagay tungkol sa taong ito na nakakuha ng kanyang pansin. Mababasa natin sa talata 9, "*Sinabi sa kaniya ng babaeng taga-Samaria: Bakit ka humihingi sa akin ng maiinom? Ikaw ay isang Judio samantalang ako ay isang babaeng taga-Samaria sapagkat ang mga Judio ay hindi nakikipag-ugnayan sa mga taga-Samaria."*

Mabilis na nakita ng babaeng ito na taga-Samaria na si Hesus ay hindi isang ordinaryong tao. Nakita niya na Siya ay hindi isang pangkaraniwang Hudyo na may mga mataas na palagay laban sa ibang mga bansa ng mga 'asong' Gentil. Habang nagsimula siyang tumingin kay Hesus, iniangat Niya ito ng mas mataas sa pamamagitan ng sumusunod na kasagutan: "*Kung alam mo ang kaloob ng Diyos at kung sino siya na*

*nagsasabi sa iyo: Bigyan mo ako ng maiinom, ay hihingi ka sa kaniya. At ibibigay niya sa iyo ang tubig na buhay. Sinabi ng babae sa kaniya: Ginoo, wala kang panalok at malalim ang balon. Saan magmumula ang iyong tubig na buhay? Mas dakila ka ba sa aming amang si Jacob?"*

Dito ay makikita nating si Hesus ay nagiging mas higit pa sa isang lalaking pagod at nauuhaw para sa babaeng ito sa balon. Habang si Kristo ay nagsimulang gamitin ang mukha ng agila upang pumailanglang sa kalangitan, nagsimula Siyang mangusap sa kanya patungkol sa espirituwal na mga bagay. Ang babaeng taga-Samaria ay nagsimulang itaas ang kanyang pangitain nang lalong mataas at naunawaang si Hesus ay maaring higit na dakila kay Jacob – at si Jacob ay isa sa mga dakilang Patriyarka o ninuno! Habang ang babae ay naging uhaw sa espirituwal at humingi kay Hesus ng tubig ng walang hanggang buhay, ang Panginoon kung gayon ay tumingin sa kanya ng may matalas na paningin ng isang agila upang tingnan kung ano ang pumipigil sa kanya upang tanggapin ang Kanyang tubig ng buhay. Noong inilantad ng tama ni Hesus ang kanyang imoralidad, ang pangitain ng babae ay lalong naging mataas upang kanyang ihayag sa talata 19, "*Ginoo, sa pakiwari ko ikaw ay isang propeta.*" Habang ang kanilang pag-uusap ay pataas ng pataas paakyat sa kalangitan, nagsimulang magbigay ng propesiya si Kristo sa talata 23, "*Darating ang oras at ngayon na nga, na ang mga tunay na mananamba ay sasamba sa Ama, sa espiritu at sa katotohanan sapagkat hinahanap ng Ama ang mga gayong sumasamba sa kaniya*." Sa huli, ang pangitain ng babae ay naitaas na sa tamang antas kung saan ay maaari nang maibahagi sa kanya ni Hesus ang kapahayagan na Siya ang Kristo, sa talata 26.

Si Hesus ay hindi naunang lumapit sa babaeng nasa balon nang may mukha ng isang agila upang ihayag na siya ang makalangit na Kristo. Hindi niya malalaman kung paano makipag-ugnay sa Kanya, at malamang ay iisipin niyang Siya ay wala sa sariling katinuan! Sinimulang makiugnay ni Kristo sa kanya bilang isang nauuhaw ngunit hindi mapanghusgang Hudyo, at nakipag-usap sa kanya tungkol sa isang paksa na maiintindihan niyang mabuti – tubig. Gayunpaman, sa dulo ng kanilang pag-uusap ay nagawa niyang makita Siya bilang isang itinaas na Kristo ng Diyos. Ang mahusay na pagkakagamit sa dalawang mukha na ito ng tao at agila ay nagdulot ng matinding gawain ng kaligtasan na nagsimula sa mga Samaritano (pag-aralan ang Juan 4:39-42 at Gawa 8:5-25).

## ANG APAT NA MGA MUKHA NG KERUBIN AY ANG APAT NA MGA MUKHA NI KRISTO

Habang pinag-aaralan natin ang apat na mga mukha ng Kerubin, makikita natin kung papaanong ang kanilang balanseng karakter at ministeryo ay nagdulot sa kanila ng kakayanan upang maging dakilang mga tagapaglingkod ng Diyos. Gayunpaman, ang kanilang apat na mga mukha ay may higit na malalim na kahulugan. Sa katunayan, ang apat na mga mukhang ito ay nagpapahayag ng kalikasan ni Kristo! Makikita natin ito habang pinag-aaralan natin kung paanong ang apat na mga Ebanghelyo ay naglalarawan sa ating Panginoon. Ang bawat Ebanghelyo ay nagpapahayag ng magkaibang bahagi o mukha ng katauhan ni Kristo na katumbas ng bawat isa sa apat na mga mukha ng Kerubin.

Ang Ebanghelyo ng Mateo ay ipinapahayag si Kristo bilang Hari. Sa pinakaunang talata ng Ebanghelyo, sinabi sa atin na si Hesus ay ang Anak ni David, nasa lipi ng mga hari. Sa simula ng ikalawang kabanata mababasa natin ang tungkol sa mga pantas na lalaki mula sa Silangan na dumating upang sambahin ang Hari ng mga Hudyo. Sa kabuuan ng aklat ay makikita natin si Kristo na ipinahayag bilang hari, bilang Leon mula sa Lipi ng Juda.

Ang Ebanghelyo ni Marcos ay isinulat upang ipahayag si Kristo bilang Lingkod. Ang isang salita na ginamit nang madalas sa Marcos kaysa sa lahat ng natitirang bahagi ng Bagong tipan na pinagsama ay "kaagad," nagpapakita nang nakahandang serbisyo ni Kristo sa mga pangangailangan sa paligid Niya. Ang Ebanghelyong ito rin ang may pinakamababang bilang ng mga sariling pananalita ni Kristo na naitala, sa halip ay binibigyang-diin ang Kanyang mga himala at mga gawain nang paglilingkod. Sa Ebanghelyo ni Marcos makikita natin si Kristo sa mukha ng baka.

Ang Lucas ay nagpapahayag ng katauhan ni Kristo sa ibang perspektibo bilang Anak ng Tao. Ang kanyang pagkatao ay binigyang-diin, sinimulan sa unang dalawang mahahabang kabanata tungkol sa kalagayan sa paligid ng Kanyang kapanganakan. Ang talaangkanan sa ikatlong kabanata ay nagtuturo sa atin pabalik sa Kanyang likas na pagkatao bilang inapo ni Adan. Ang paboritong titulo ni Kristo na Kanyang paulit-ulit na ginamit upang ilarawan ang Kanyang sarili sa Ebanghelyong ito ay "Ang Anak ng Tao." Dito ay makikita natin ang Panginoon na iniharap sa atin na may mukha ng tao.

Ang Ebanghelyo ni Juan ay naglalarawan sa Panginoon bilang makalangit na Anak ng Diyos. Dito ay agad nating nakita ang kanyang pagka-Diyos sa simula bilang ang Salita na Diyos. Inilarawan ni Juan si Kristo bilang "*Sa kaniya na bumabang mula sa langit… na nasa langit,"* Juan 3:13. Tinawag si Kristo na ang tinapay ng Diyos na bumaba mula sa langit sa Juan 6:33, bilang Ilaw ng Sanlibutan sa Juan 8:12, at

ang Muling pagkabuhay at ang Buhay sa Juan 11:25. Sa buong Ebanghelyong ito makikita natin si Kristo bilang Isang Makalangit na may mukha ng agila.

Kaya nga sa ating pagtatapos sa pag-aaral na ito ng apat na mga mukha ng Kerubin, makikita natin kung paanong ang kanilang mga mukha ay tunay na nagpapahayag ng kanilang pakikibahagi sa makaapat na kalikasan ni Kristo. Malinaw na ang ating Panginoon ay walang apat na mga mukha sa Kanyang ulo, ngunit maliwanag na Siya ay mayroon nitong apat na mga aspeto ng katauhan kagaya ng ipinakita sa atin sa apat na mga Ebanghelyo.

Ito ay nagtuturo sa atin kung paano din natin kailangang magkaroon ng bawat isa sa apat na mga mukha, o mga bahagi ng karakter ito, sa ating mga buhay. Habang tayo ay sinanay at binalanse sa pamamagitan ng Espiritu ng Diyos, itong apat na komplimentaryong personalidad ay maaring bumuo ng katangian ni Kristo sa atin. Magkasama nilang maihahayag ang kapangyarihan at kaluwalhatian ng Diyos sa pamamagitan ng ating buhay, para sa ikapupuri ng Kanyang karunungan at biyaya!

# Kabanata 9

## ESPIRITUWAL NA PAGKAHALO SA MINISTERYO

Ang ating buhay Kristiyano ay lumalago sa pamamagitan ng lumalalim na gawain ng Banal na Espiritu sa ating kalooban. Ito ay napakapangunahin sa ating pagkakatawag na kahit na ang salitang *Kristiyano* ay nangangahulugan na tayo ay mga taga-sunod ni Kristo, "*Ang Isang Pinahiran" (The Anointed One).*

Gayunpaman, habang tayo ay lumalago kay Kristo sinisimulan nating makita na maaaring magkaroon ng iba't ibang panggagalingan ang kapangyarihang espirituwal. Ito ay ginagamit hindi lamang ng mga masasamang tao, ngunit pati na rin ng mga may mabuting intensiyon ngunit ligaw na mga Kristiyano. At maliban na lamang kung ating matutunan kung kailan ang espirituwal na pagkahalo ay nangyayari makikita natin na ang pagkakahalong ito ay isang balakid sa ating paglagong espirituwal.

Sa Unang Tesalonica 5:19-21 ay sinasabi sa atin, *"Huwag ninyong patayin ang ningas ng Banal na Espiritu.Huwag ninyong hamakin ang mga paghahayag. Suriin ninyo ang lahat ng mga bagay. Hawakan ninyo ang mabuti."* Kailangan natin ang makapangyarihang mga gawain ng Banal na Espiritu, ngunit ang espirituwal na mga kahayagan ay kailangan munang subukin bago ito maaaring tanggapin at ulitin. Kung hindi, ang pagkakahalo namadalas gawin ay nakakapinsala. Dahil sa espirituwal na pagkakahalo at pag-abuso maraming mga Kristiyano ay labis na nagiging maingat patungkol sa mga espirituwal na kaloob at mga ministeryo. Ang ilan sa mga matapat na Kristiyano ay hinahamak ang propesiya. Ito ay hindi dahilan na sila ay karnal o matigas ang puso sa Banal na Espiritu – minsan ito ay dahil nais nila ng kadalisayan at ganap na kawastuhan sa ministeryo na siyang kulang sa mga sumusubok na kumilos sa mga Pentecostal na mga ministeryo! Ngunit kung ating "*susuriin ang lahat ng bagay*" at "*hahawakan kung ano ang mabuti,*" ang mga pagkilos ng Banal na Espiritu sa atin kung magkagayon ay lalago ng may kadalisayan at kapangyarihan. Ito ay hinihikayat kahit na ang mga nag-aalinlangang (ngunit taos-puso) mga Kristiyano namakatanggapng higit pa sa Espiritu at lumago kay Kristo.

## TATLONG MGA PINANGGAGALINGAN NG ESPIRITUWAL NA MGA PAGPAPAHID

Bago natin maaaring masubok ang mga espirituwal na kahayagan at propesiya, mahalagang maunawaan ang iba't ibang pinanggagalingan na maaaring magbigay ng ganitong mga resulta. Ang kasulatan ay nagtuturo sa atin na mayroong tatlong iba't ibang uri ng mga espiritu na maaaring kumilos sa pamamagitan ng isang ministeryo. Ito ay ang mga: 1) ang Banal na Espiritu, 2) masasamang espiritu, at pati ang 3) espiritu ng tao.

Kapag ang Banal na Espiritu ay dumadaloy sa pamamagitan ng espiritu ng isang tao sila ay maaaring makapagdulot ng makadiyos na ministeryo. Ganito kung paano ang isang tunay na propeta ay nanunungkulan. Ikalawang Pedro 1:21 ay nagsasabi sa atin na ang mga propesiya sa Kasulatan ay naisulat noong *"nagsalita ang mga banal na tao ng Diyos nang sila ay ginabayan ng Banal na Espiritu."*

Gayunpaman, ito ay possible rin para sa isang masamang espiritu na kumilos sa pamamagitan ng buhay ng isang tao. Ganito kung paano ang isang huwad na propeta ay nanunungkulan. Mababasa natin sa 2 Cronica 18 noong si Zedekiah at ang 400 na mga propeta ng masamang Haring Ahab ay nag-propesiya sa pamamagitan ng pagpapahid ng isang sinungaling na espiritu. Sa Gawa 16:16-18 mababasa rin natin ang tungkol sa isang aliping babae sa Filipos na nagpo-propesiya sa kapangyarihan ng espiritu ng panghuhula. Pinahiran ng masasamang espiritu ang mga huwad na propetang ito upang sila ay magkaroon ng kapangyarihan sa kanilang "ministeryo" ngunit ito ay nagdadala ng pandaraya, kasamaan, at kamatayan.

Noong ako ay isang bagong mananampalataya, isang ebanghelistang *Mormon* ang bumisita sa bahay namin. Alam ko na na ang mga *Mormon* ay isang kulto, na sa maraming mganasa mga maling pananampalataya, itinatanggi nila ang pagbabayad sala ni Kristo sa krus. Kaya habang ang "ebanghelista" ay "nagpapatotoo" sa akin, sinisikap ko namang "mangaral" sa kanya tungkol sa tunay na ebanghelyo! Noong siya ay nabigo dahil sa aking kaalaman sa Bibliya, mariin niya akong dinuro at nagpahayag nang may kapangyarihan, "Sa pangalan ni Hesus, at sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu!" at sa pagkakataong iyon isang malakas na kapangyarihan ng demonyo ang tumama sa akin. Gayunpaman, sa kasabay na pagkakataon ang kapangyarihan ng *tunay* na Banal na Espiritu ay tumindig mula sa loob ng aking espiritu, upang tanggihan at itaboy ang pag-atake ng demonyo. Inihahayag sa Isaias 59:19, *"Sa pagdating ng kaaway tulad ng isang bugso ng tubig, ang Espiritu ng Diyos ay magtataas ng pamantayan*

*laban sa kanya."* Habang ang *Mormon* na ebanghelista ay nagbanggit ng isang mabuting kasabihan mula sa kasulatan – sa pangalan ni Hesus, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu –ito sa katunayan ay ang kapangyarihan ng isang mapanlinlang na espiritu na dulot ng kanyang huwad na ministeryo (pag-aralan ang 2 Corinto 11:3-4 at 13-15).

Mayroon pang pangatlong espirituwal na pinanggalingan na maaring magdulot ng ministeryo. Ito ay hindi nagmula sa Banal na Espiritu o sa masamang espiritu, ngunit nanggagaling sa espiritu ng isang taong nagsisikap na magministeryo. Ito ay maaaring mangyari nang hindi sinasadya kapag sinubukan ng mga Kristiyano at manggagawa na maging daluyan ng Banal na Espiritu. Kung hindi ibig ng Banal na Espiritu na kumilos at palakasin ang kanilang ministeryo, maaaring subukan ng manggagawa na "magkaroon ng pagkilos" o "magpatuloy sa gawain" sa pamamagitan ng kanilang sariling lakas. Ito ay maaaring manggaling mula sa espiritu ng isang tao, dahil bahagi ng ating kalikasan bilang tao na bawat isa sa atin ay binubuo ng espiritu, kaluluwa, at katawan, 1Tesalonica 5:23. Mula sa kanilang puso (o espiritu) ang isang tao ay maaaring maghangad na magdulot ng ministeryo – bagaman mangyari pa na ang lakas at karunungan ng ating sariling espiritu ay napakababa kung ihahambing sa pagkilos ng Banal na Espiritu!

Bilang isang halimbawa nito sa Bibliya, makikita natin na ang mga mangmang na propeta ay sumubok na manungkulan sa pamamagitan ng kapangyarihan ng kanilang sariling espiritu. Sinabi ng Panginoon kay Ezekiel, *"Sabihin mo sa kanila na nagsasalita ng propesiya mula sa kanilang sariling isipan: 'Pakinggan ninyo ang salita ng PANGINOON!'Ganito ang sabi ng Panginoong DIYOS: Kahabag-habag ang mga hangal na propeta na sumusunod sa kanilang sariling espiritu, at walang nakitang anuman!"*" Dito ay makikita natin ang isang grupo ng mga propeta na hindi naka-kategorya bilang tunay at huwad, ngunit bilang *hangal*. Hindi sila nanungkulan sa kanilang mga sinubukang ministeryo sa pamamagitan ng Banal na Espiritu, o sa pamamagitan ng masamang espiritu, ngunit sa halip ay sa pamamagitan ng pangunguna ng kanilang sariling espiritu. (Ezekiel 13:2-3)

Ang ilang mga ilustrasyon sa modernong panahon ay makatutulong sa atin na maunawaan kung paano ito gumagana. Ang isang halimbawa aykapag ang isang grupo ng mga kadalagahanay nananalangin na ipakita sa kanila ng Diyos ang kanilang mapapangasawa sa hinaharap. Kung ang Banal na Espiritu ay hindi nagbibigay sa kanila ng isang paghahayag, may mga pagkakataon na sila, mula sa pag-uudyok ng kanilang sariling puso o espiritu ng tao, ay makakaramdam tungkol sa isang tao. Marahil isang pahiwatig ang magsisimula sa kanilang puso na maaaring mapagkamalan nila na mula sa Banal na Espirirtu o marahil ay mayroon silang panaginip tungkol sa isang binata na may kamangmangan na nilang itatangi na ito ay kapahayagang nagmula sa Diyos. Minsan dalawa o tatlong mga dalagabawat isa ay makakatanggap ng

"salita mula sa Panginoon" na mapapangasawa nila ang parehong lalaki! Ngayon, marahil ay wala sa kanila ang nalinlang ng masamang espiritu. Gayunpaman sa pinaka, isa lamang sa mga babaeng ito ang nakatanggap ng isang tunay na paghahayag mula sa Banal na Espiritu. Ang iba ay may kamangmangang nailigaw ng kanilang sariling mga puso sa paniniwalang mayroon silang *propetikong* salita mula sa Panginoon.

Ang iba pang mga paksa kung saan ang mga Kristiyano ay nagbibigay ng propesiya mula sa kanilang sariling espiritu ay ang katulad ng ang isang tao na mabibiyayaan ng kayaman, mailuluklok o kaya ay maitataas ang posisyon, o kaya ay mahimalang mapagagaling. Habang ang Panginoon ay kayang ideklara ang kahit na ano man sa mga ito at dalhin sa katuparan, kailangan nating maging maingat na ang Banal na Espiritu ang nagbibigay ng tunay na propesiya at hindi lamang tayo naghahayag ng ating sariling mga pag-asa at mga pangarap. Ito ay dahil ang mga propesiya at mga espirituwal na ministeryo ay maaaring gumawa ng makapangyarihang pagpapala kapag sila ay nagmumula sa Banal na Espiritu, ngunit maaari din nilang sirain ang ministeryo at maging sanhi ng labis na sakit at pagkabigo kung ang mga ito ay produkto lamang ng mga pangarap ng isang tao.

Ang isa pang paraan kung saan ang espiritu ng tao ay naghahanap na makagawa ng espirituwal na paghahayag ay maaaring ipakita sa pamamagitan ng isang bagay na aking naobserbahan ilang taon na ang nakalipas noong ako ay dumalo sa isang kombensyon. Ang pastor mula sa isang malaking iglesiya ay dumating mula sa ibang bansa upang manguna sa isang malaking pagtitipon. Matapos ang kanyang mensahe ang pastor na ito ay nag-anyaya sa mga lokal na kinatawan na tumungo sa harap upang sila ay mabiyayaan niya ng personal na ministeryo. Noong sila ay pumila sa harap, ang pastor ay bumaba sa linya at umihip sa kanilang mga mukha. Gayunpaman, walang maliwanag na nangyari sa kahit na sinong kinatawan.

Pagkatapos ang panauhing pastor ay nagpapila sa entablado ng mga tao na kasama niyang dumating mula sa kanilang iglesiya. Habang nag-hihintay ang mga tao sa likod nila upang saluhin sila, ang pastor ay naglakad sa linya at umihip sa kanilang mga mukha. Sa pagkakataong ito, sa kanyang pag-ihip sa kanyang mga kasama sa iglesiya, ang bawat isa sa kanila ay natumba patalikod.

Matapos ipakita kung paano dapat ang maging resulta ng kanyang "ministeryo," ang pastor ay bumalik sa orihinal na pila ng mga lokal na kinatawan. Sa pagkakataong ito habang umiihip siya sa kanilang mukha sila rin ay natumba patalikod. Gayunpaman, ang bagong tugon ng mga lokal na kinatawan ay hindi na

tunay na reaksyon sa pagkilos ng Banal na Espiritu. Sa halip, ito ay isang natutunan na tugon o ritwal na itinuro ng pastor sa kanila.

Mula sa kanyang espiritu ang pastor ay nag-nais na bigyan sila ng magandang espirituwal na biyaya, o marahil mula sa pagmamalaki ng kanyang puso maaaring nag-nais siyang ipakita sa lahat na isa siyang tunay na pinahiran na lingkod ng Diyos. Kung ano man ang kanyang makasariling motibo, naramdaman ko na hindi ito tunay na ministeryo ng Banal na Espiritu, o isang huwad na minsiteryo ng masamang espiritu – isa itong kamang-mangang ministeryo na gawa sa pamamagitan ng sariling espiritu ng pastor na ito.

Nakita ko ang ganitong kalakaran na kumikilos sa maraming katulad na pamamaraan sa mga nakalipas na taon. Habang kailangan nating manalangin at magalak kapag ang kapangyarihan ng Banal na Espiritu ay naihahayag, napakadaling gumawa ng isang ritwal sa kung ano ang dapat mangyari sa tuwing ninanais natin na hayaan ang pagkilos ng Banal na Espiritu. Nakita ko ang mga iglesiya na tila sinanay na sa tuwing ang pastor ay matatapos na sa kanyang mensahe, ang mga tao ay dapat palaging nagsisimula nang humikbi at umiyak. Ang ibang mga grupo ay tinuruan na sa tuwing nagsisimula nang magtawanan ang mga tao samakatwiday kumikilos na ang Banal na Espiritu. Ang ilang mga iglesiya naman ay tinuruan na ang lahat ay dapatbumagsak nang patalikod sa tuwing sila ay ipinapanalangin- at kung hindi nila gagawin, ang taong nanalangin sa kanila ay tutulong na itulak sila patalikod! Habang ang pag-iyak, pagtawa at ang pagbagsak patalikod nang walang malay ay nasa kasulatan bilang katibayan kung paano kumilos ang Banal na Espiritu, maliban na Siya ay dumating at kumilos sa atin, ang lahat ng mga gawaing ito ay maaaring mawalaat humantong sa pagiging patay lamang na mga ritwal. At kung ang Banal na Espiritu ay hindi kumikilos at ang mga tao ay umaasa namayroong mangyari, ito ay maaaring maging tukso para sa mga lider na magkunwaring kumilos na tilaang Diyos aygumagalaw sa kapangyarihan kahit na ito ay ang kanilang sariling espiritu lamang, at hindi ang Banal an Espiritu, ang nagsasagawa ng palabas. Ano kung gayon ang magiging bunga nitong maruming ministeryo? Sa halip na ang mga Kristiyano ay maitatatag sa Diyos sa pamamagitan ng karagdagang pagkilos ng Banal na Espiritu, sila ay nalilihis sa pagsunod sa mga hangal na propesiya o mapagmataas na deklarasyon ng kapangyarihan ng Diyos naang pagpapahid ay maaaring wala man lamang roon!

Ang isa pang halimbawa nito ay nangyari sa isang panawagan sa altar na isinagawa namin ng aking asawa pagkatapos kong mangaral isang gabi. Isang babaeng ebanghelista na hindi nagmula sa simbahang iyon at hindi rin naimbitahan na mag ministeryo ay sumama at sumali sa amin sa pananalangin para sa mga

tao. Isa-isa ay hinawakan niya ang ulo ng mga tao, inalog ito paikot habang siya ay nanalangin, at pagkatapos ay itinulak sila patalikod habang sila ay bumagsak sa sahig. Pagkatapos ng kanyang "makapangyarihang" ministeryo na naglagay ng maraming tao sa sahig, ang ebanghelistang ito ay lumapit sa aking asawa, ipinanalangin siya at inalog paikot ang kanyang ulo, at itinulak siya patalikod.

Si Linda ay hindi nakaramdam ng anumang gawain ng Espiritu at umatras patalikod upang maiwasan ang pagbagsak. Ang ebanghelista ay tila nainis at papilit na lumapit muli sa aking asawa, buong lakas na inulit ang kaparehong pamamaraan upang makita lamang siyang nakatayo pa rin. Sinabi sa akin ni Linda kalaunan na habang siya ay nakaharap sa babaeng ito, ang saloobin na kanyang ipinahihiwatig ay "hindi kita bibigyan ng pahintulot na itulak mo ako kung ito ay hindi mula sa Diyos." Nang tila hindi maipakita ng ebanghelistang ito ang kanyang matinding "pagpapahid" sa aking asawa, nakakita siya ng isang madaling paraan upang makatakasan ang "harapang" ito nang siya sa kanyang sarili ay biglang bumagsak patalikod, kahit walang may nanalangin o nagpatong ng kamay sa kanya!

## PAGKAHALO SA PUSO NG ISANG KRISTIYANO AT MINISTERYO

Minsan ang mga Kristiyano ay nahihirapang unawain kung paano na ang isang mananampalataya ay maaaring pagmulan ng kahit na alin sa magkahalong tatlong pwersang espirituwal na ito. Maaari bang malinlang ang isang Kristiyano ng kanyang sariling espiritu, o sa pamamagitan ng masamang espiritu, sa pagdaloy sa mga maling dako ng espirituwal na deklarasyon o pagbabahagi? Ang parehong Bibliya at ating sarilingmga karanasan ay labis na sinasabing "Oo".

Ang Kasulatan ay puno ng mga babala na kailangan nating ingatan ang ating mga sarili mula sa mga pandaraya at pagkahalong bunga nito. Ang pandarayang ito ay maaaring unang manggaling mula sa ating sariling puso, o espiritu. Sa Obadiah 3 sinabi na, "*dinaya ka ng kapalaluan ng iyong puso*," habang si Jeremias ay nagbabala na *"Ang puso ay mandaraya kaysa lahat ng bagay,"* Jer. 17:9. Ang isang halimbawa nito sa Bagong Tipan ay noong si Pedro ay maalab naipinahayag sa Huling hapunan na hindi niya kailanman ipagkakanulo si Kristo, upang matagpuan niya lamang ang kanyang sariling kahihiyan na maka-ikatlo niyang ikinaila si Kristo noong gabi ring iyon. Sa parehong paraan, tayo ay maaaring magpahayag ngkamangmangang mga propesiya mula sa ating sariling puso, habang kalaunan ay matutuklasan din na hindi tumulong ang Banal na Espiritu upangmatupad ang maalab na propesiyang iyon.

Ang isa pang dako kung saan maaaring magdala ng espirituwal na panlilinlang ay sa pamamagitan ng masamang mga espiritu. Si Kristo at ang mga apostol ay maliwanag na nagbigay ng babala sa atin na kailangan nating ingatan ang ating sarili mula sa mga huwad na ministro at makademoniyongpanlilinlang, higit lalo bago ang Pangalawang Pagdating ni Kristo (pag-aralan ang Mateo 24, 1 Timoteo 4:1-3, 2 Tesalonica 2:1-12, at Pahayag 13). Ang isang halimbawa kung paano ang masamang espiritu ay maaring manlinlang ng mananampalataya ay maaari ding makita sa buhay ni Pedro mula sa Mateo 16:23. Isang maikling panahon pagkatapos na purihin ni Hesus si Pedro sa kanyang pagtanggap ng kapahayagan mula sa Diyos, sinaway siya ng Panginoon dahil sa pangungusapniya ng mga salita ni Satanas. At kung ang Apostol Pedro ay maaaring malinlang ng masamang espiritu, maaari din itong maging panganib para sa atin!

Malinaw na ipinapakita ng Kasulatan na maaaring magkaroonng maraming mga saloobin na kumikilos sa espiritu o puso ng isang tao. Ang ilan sa mga katangiang kasama dito ay ang may pagsisisi at mapagpakumbabang-loob (Is. 57:15), maamo at tahimik (1 Pedro 3:4), matapat (Awit 32:2), napagpanibagong-sigla (1 Corinto 16:18), naligalig (Juan13:21), sugatan o bagbag ang diwa (Kawikaan. 18:14), masama (Jeremias 3:17), tumigas (Marcos. 6:52), nakikiapid (Ezekiel. 6:9), nalinlang (Isaias. 44:20), hangal (Roma 1:21), madaling magalit (Mangangaral. 7:9), hindi pagsisisi (Roma 2:5).

Ang mga magkakaibang saloobin ng puso ay maaaring maging sanhi sa atin na maimpluwensiyahansa pamamagitan ng, at maging daluyan ng, Banal na Espiritu o ng masamang mga espiritru. At kahit na wala sa alinman sa mga *super*natural na mga pagpapahid ang nasa isang tao, ang taong iyon ay maaari pa ringmaimpluwensiyahan o manipulahin ang iba sa pamamagitan ng lakas ng kanilang sariling espiritu. Iyan ang dahilan kung bakit hinihimok tayo ng Kasulatan na kung ibig nating maging marunong ay kailangan nating iugnay ang ating mga sarili sa mga taong marurunong at iwasan ang pagkakaroon ng mga hangal na kaibigan, Kawikaan 13:20. Sa katulad na paraan sinasabi sa Kawikaan 22:24-25 na huwag makisama sa mga taong magagalitin dahil maaari kang maging katulad nila! Ang mga saloobin ng puso ng mga taong ipinapaligid mo sa iyong sarili ay makakatulong na maghubog ng mga saloobin ng iyong sariling puso.

Batay sa mga kadahilanang ito ay kailangan nating pangalagaan ang espirituwal na kalagayan ng ating puso. Katulad ng tagubilin ng Kasulatan, "*Ingatan ninyo ang inyong espiritu*" Ma. 2:15-16, at "*Ingatan mo ang iyong puso ng buong ingat, sapagkat dinadaluyan ng buhay*," Kawikaan 4:23. AB1978.Sa ating pagpapanatiling dalisay sa ating mga puso, ito rin ang mangangalaga sa ating sariling espirituwal na paglago gayundin sa kadalisayan ng ating ministeryo sa iba.

# ANG NAGBAGONG BUHAY AY TUMATANGGAP NG BAGONG PAGPAPAHID

Ang Kasulatan ay naglalaman ng maraming halimbawa ng mga tao na ang pagbabago ng kanilang katauhan ay nagdulot din ng pagbabago ng kanilang pagpapahid. Makikita natin ito sa buhay ni Apostol Juan, na tinukoy ni Kristo na "Anak ng Kulog." Bilang isang kabataang lalaki si Juan ay mayroong mapanghusga, at malupit na espiritu na nais tumawag ng apoy na bumaba para sa mga Samaritano upang sila ay puksain. Inisip ni Juan na mayroon silang pagpapahid ng Diyos upang gawin ito, ngunit itinuwid siya ng Panginoong Hesus at sinabing, "*Hindi ninyo alam kung sa anong espiritu kayo*," Lk. 9:55. Ngunit habang patuloy na lumalakad si Juan kasamasi Hesusnakita natin na ang puso ni Juan ay nabago hanggang sa siya kalaunan ay tinagurian ng Iglesiya bilang "Apostol ng Pag-ibig." At sa kanyang nagbagong katauhan, ang kanyang ministeryo ay nadibelop mula sa motibasyon ng pagiging masigasig na mapanghusgang espiritu tungo sa motibasyon ng pagkakaroon ng maka-diyos na pag-ibig. Kaya nga makalipas ang ilang taon, nang si Pedro at Juan ay hiniling na tumungo sa Samaria sa Gawa 8 upang manalangin sa Banal na Espiritu nabumabasa mga bagong Samaritanong mananampalataya, nakita natin na si Juan nga ay tumawag ng apoy mula sa langit para sa kanila – ngunit ito ay ang apoy ng Banal na Espiritu, upang pagpalain ang mga Samaritano sa halip na sila ay puksain!

Si Saul mula sa Tarsus ay isa pang kabataang lalakina inakalang siya ay naglilingkod sa Diyos na may matuwid na puso. Gayunpaman, ang kanyang puso ay mapagmataas at mapagmapuri, at marahil ay nabubuyo din ng masasamang espiritu habang kanyang pinag-uusig at pinangbibilanggo ang mga Kristiyano, Gawa 9:1 at 26:9-11. Ngunit sa gitna ng kasamaang ito, nakipagtagpo si Kristo sa kanya at binago si Saul. Pagkatapos ng mga taon ng paghahanda, siya ay naging isang mapagpakumbabang Apostol Pablo na tumanggap ng isang makapangyarihang pagpapahid ng Banal na Espiritu, Gawa 13:9-11.

Si Samson ay may isang pabago-bagong buhay na nagdulot sa kanya na makakuha, mawalan, at sa huli ay muling makuha ang pagpapahid ng Banal na Espiritu. Bilang isang kabataan, pinahiran siya ng Diyos ng espiritu ng kalakasan. Gayunpaman, sa kanyang pagkagulat, ay naiwala niya ang pagpapahid na iyon. Siya ay paulit-ulit na nahulog sa bitag ng imoralidad at ang nagawa niyangmasira ang kanyang panatang Nazareo nang pagtatalaga sa Diyos noong nagupit ang kanyang buhok. Habang inakala niyang mapapanatili niya ang kanyang pagpapahid, sa Hukom 16:20 mababasa natin, "*Nguni't hindi niya batid na ang PANGINOON ay humiwalay na sa kanya."* Nawala ni Samson ang pagpapahid at naging bulag na alipin ng mga Filisteo. Ngunit, habang nagsimulang humaba [we can add: muli] ang kanyang buhok, ay

gayundin ang kanyang pananampalataya at pagtatalaga. Muling nanauli sa kanya ang pagpapahid ng Espiritu ng Diyos upang makamit ang kanyang pinakamalaking tagumpay, Hukom 16:21-30.

## ANG MGA TUMALIKOD AY MAAARING TUMANGGAP NG MASASAMANG MGA PAGPAPAHID

Karaniwang nauunawaan ng mga Kristiyano ang katotohanan na ang bagong itinalagang buhay ay maaaring tumanggap ng bagong pagpapahid ng Banal na Espiritu. Gaya ng sinasabi sa Gawa 5:32, binibigay ng Diyos ang Banal na Espiritu "*sa mga sumusunod sa Kanya*." Gayunpaman, ang kabaligtarang bahagi ng katotohanang ito ay hindi gaanong nauunawaan. Maaari ring pahintulutan ng Diyos ang masasamang espiritu na atakihin ang mga *sumusuway* sa Kanya. Ito ay ipinakita sa atin sa pamamagitan ng buhay nang tumalikod na si Haring Saul, kung saan sa 1 Samuel 16:14 ay sinasabi sa atin, *"Ang Espiritu nga ng Panginoon ay humiwalay kay Saul, at isang masamang espiritu na mula sa Panginoon ay bumagabag sa kaniya."*

Ang Bibliya ay nagbibigay sa atin ng maraming babala tungkol sa masuwaingmga lingkod ng Diyos na nalaman na ang kanilang pagpapahid mula sa Diyos ay napalitan ng masamang espiritu. Maaaring mangyari ito kanino man – kahit sa mga dakilang hari, propeta, apostol, at mga banal na anghel – tulad ng nakita natin sa mga buhay ni Haring Saul, Baalam, Judas at Lucifer.

Ang nagresultang pagkahalo ng mga pagpapahid na maaaring dumating sa buhay at ministeryo ng isang tao ay maaaring maging lubhang nakakalito. Isipin nalang kung gaano kahirap para sa mga tao na nasa ilalim ng pamumuno ni Haring Saul na suriin ang kanyang ministeryo. Nagsimula siya na pinahiran ng Banal na Espiritu sa 1 Samuel 10:9-12. Si Saul ay nagbigay ng propesiya kasama ng mga propeta, at ang mga tao na nakakita nito ay nagsimulang magsabi, "*Si Saul ba ay isa sa mga propeta*?" Ngunit pagkatapos ng kanyang paulit-ulit na pagsuway sa Diyos, inalis ng Panginoon ang pagpapahid ng Kanyang Banal na Espiritu mula kay Haring Saul at sa halip ay nagpadala ng masamang espiritu sa kanya, 1 Samuel 16:14.

Ang sumunod na mababasa natin tungkol kay Saul na nagpopropesiya, makikita natin na siya ay nasa ilalim na ng pagpapahid ng masamang espiritu. Sa 1 Samuel 18:10 sinasabi, *"Kinabukasan, isang masamang espiritu mula sa Diyos ang sumanib kay Saul, at siya'y nanghula sa gitna ng bahay…"* At

sinubukan nga ni Saul na patayin si David habang nagpopropesiya sa ilalim ng pagpapahid nitong ng masamang espiritu.

Pagkatapos nito, tumakas si David mula kay Saul at napunta sa propetang si Samuel upang maproteksyunan. Sa 1 Samuel 19:18-24 sinasabi sa atin na si Haring Saul ay nagpadala ng mga kawal upang arestuhin si David, ngunit ang Banal na Espiritu ay bumaba sa kanila at hindi nila natupad ang inutos sa kanila. Kung kaya't si Saul mismo ang naparoon upang arestuhin si David, ngunit ang Espiritu ng Diyos ay bumaba kay Saul at nagsimula siyang mag-propesiya sa ilalim ng pagpapahid ng Banal na Espiritu. Muli nagtanong ang mga tao, "*Si Saul ba ay isa sa mga propeta*?"

Habang si Saul ay muling nagpopropesiya sa ilalim ng tunay na pagpapahid ng Diyos, ang mga tao marahil ay lubha ng nalilito. Si Saul ba ay isa pa ring alagad ng Diyos – marahil isa pang propeta? Sa pag-aaral lamang natin ng kabuuan ng kanyang buhay higit na nagiging malinaw na ang pagpopropesiya ni Saul ay hindi tanda na ang Diyos ay nalugod sa kanya at pinanumbalik siya. Hindi, ito ay dahil ang Diyos ay nalulugod kay *David* kaya si Saul ay muling pinahiran– upang pigilan siya na patayin si David! Matapos ang panahong iyon, si Saul ay patuloy na nasa ilalim ng impluwensiya ng masasamang espiritu, katulad nang pagpatay niya sa mga saserdote ng Diyos, paulit-ulit na pagtugis kay David, pagtanong sa isang mangkukulam, at sa huli ay nagpakamatay. Ngunit kahit sa mga taon na ito ng kanyang pagtalikod, pinangunahan pa rin ni Haring Saul ang bayan ng Diyos at madalas mangusap na katulad ng isang relihiyosong tao. Marahil ay napakahirap para sa mga tao na magpasya kung si Saul ba ay isa pa ring alagad ng Diyos o isang tumalikod na pinuno. At sa maraming pagkakataon ang ganitong uri ng pagkahalo at pagkalito ay umiiral pa rin sa Katawan ni Kristo ngayon. At kung hahayaan natin na ang kasalanan ay gumapang sa ating sariling buhay, tayo rin ay nasa panganib ng pagkawala ng pagpapahid ng Banal na Espiritu. Sa halip, maaari tayong magulumihanan sa masasamang espiritu na magsisikap na sirain ang bawat mabubuting bagay na ginawa ng Diyos sa atin at sa pamamagitan natin!

Sa maraming taon, nagkaroon ako ng pribilehiyo na makatrabaho ang maraming dakilang mga lalaki at babae ng Diyos. Karamihan sa kanila ay isang kagalakan na makilala at makapaglingkod. Gayunpaman, may mga nakilala din akong mga makapangyarihang lingkod na iniwanan ang mga daraanan ng katuwiran, at sa halip ay napahiran ng masasamang kapangyarihan. Ang isa sa mga tukso ni Satanas sa Panginoong Hesus ay ang inalok Siya ng kapangyarihan at kaluwalhatian ng mga kaharian ng mundo kung sasambahin Niya si Satanas. Dahil ginamit ang taktikang ito upang tuksuhin ang Panginoon mismo, kailangan nating mabalaan na tutuksuhin rin ni Satanas ang mga lingkod ng Diyos sa katulad na paraan.

Tatlumput-tatlong taon na ang nakalipas nang ang aking pamilya ay lumipat sa isang liblib na lugar sa isla ng Palawan sa Pilipinas. Wala pang kalsada, kuryente, telepono, o kahit anong modernong teknolohiya ang magagamit roon. Ang mga tao ay naninirahan sa maliliit na nayon o kaya naman ay nasa kagubatan. Wala ring doktor o medikal na lunas na magagamit, kaya ang mga lokal na naninirahan ay umaasa sa mga albularyo sa tuwing kailangan nila ng lunas.

Maraming gabi pagkaraan na dumating kami doon, isang pinuno ng tribo ang dumating mula sa kagubatan patungo sa bahay na aming tinitirahan. Daan-daang mga tagasunod niya ang nasa kanyang likuran. Sa kanyang pagdating upang ako ay bisitahin, inilagay niya ang isang bato na maraming tapyas sa aking kamay. Sa bawat tapyas ay may mga kataka-takang larawan at sulat. Pagkatapos ay sinalita niya sa akin ang kanyang salita lamang: *"Kung tatanggapin mo ito, ibibigay ko sa iyo ang kapangyarihan upang pagalingin ang bawat may sakit na misyonero na ipapanalangin mo."*

Sa oras na iyon, binuksan ng Panginoon ang aking mga mata upang maunawaan na itong pinuno ng tribo ay hindi isang tao, kundi isang espiritu. Naunawaan ko rin na ang bato ay isang anting-anting na maaaring magbigay sa akin ng masamang kapangyarihan. Ang espiritu ng takot sa Diyos ay bumaba sa akin, at inihagis ko ang anting-anting na ito ng may buong lakas, kasabay ng pag-sigaw na "Hindi!" bilang aking sagot. Ang takot sa Diyos na bumalot sa aking puso ang nag-ingat sa akin sa pagkakaroon ng anumang sakim na pagnanaisna maaaring tumanggap ng napakasamang pagkakataon upang maparangalan at maging makapangyarihan sa komunidad ng mga misyonero!

Ang bawat likas na katauhan natin ay may mga kahinaan at makasalanang pagnanasa. Ngunit sa ating pagsunod sa Panginoon itong makasalanang katauhang mula kay Adan ay unti-unting mapapakong kasama ni Kristo. Ang kadalisayan ng paglago ng katauhan ni Kristo ay makapagbibigay sa atin ng kakayahan na maging mananagumpay, ngunit hanggangang pagbabagong-anyo ay makumpleto, ang takot sa Panginoon ay makakatulong sa atin na lumayo sa pagkahulog sa tukso at kasalanan.

## PAGPAPANUMBALIK NG PAGPAPAHID

Tulad ng nakita natin, maaaring mawala ng mga mananampalataya ang pagpapahid ng Banal na Espiritu sa kanilang buhay. Ngunit kung ito ay mangyari madalas ang Panginoon ay gumagamit ng kahatulan upang hikayatin sila sa pagsisisi at pagpapanumbalik.

Atin nang isinaalang-alang kung paano nawala ni Samson ang kapangyarihan ng Diyos at naging bulag na alipin sa kulungan ng mga Filisteo. Napakalaking hamon nang pagpapakumbaba ang dumating kay Samson! Wala siyang kalaban-laban at inalispusta habang ang diyos ng mga Filisteo ay inihayag na matagumpay. Gayunpaman, hinayaan ni Samson ang ganitong napakapagpababang karanasan upang kumilos ang pagsisisi at pagbabalik-loob sa kanyang buhay. Habang ang kanyang buhok (ang simbolo ng pagtatalaga niya sa Diyos) ay tumutubong muli, gayun din naman ang kanyang pananampalataya at kabanalan. Napanumbalik niya ang pagpapahid ng Espiritu ng Diyos sa huling bahagi ng kanyang buhay upang makamit ang kanyang pinakamalaking tagumpay habang ibinabagsak niya ang templo ni Dagon, Hukom 16:21-30. Hindi lamang napanumbalik ni Samsom ang pagpapahid, kundi tiniyak din niya ang isang dako sa walang hanggan para sa kanyang sarili sa "Bulwagan ng Katanyagan" sa Hebreo 11 na mga bayani ng pananampalataya. Mula sa matinding kabiguan nagawa pa rin niyang magkaroon ng isang huling marangal na patotoo para sa kanyang buhay.

Si David ay nahulog sa kasalanan at espirituwal na pagkahalo sa panahon ng kanyang buhay noong siya ay naging nasa hustong gulang na hari. Marahil ay naudyukan siya ng masasamang espiritu nang ipapatay niya ang asawa ni Bathsheba, at malinaw na nagkaroon ng ganitong pagbubuyo nang pilitin siya ni Satanas na kuninang sensus ng Israel sa 1 Cronica 21:1. Ngunit napanumbalik niya ang kanyang pamumuno at ang kanyang katayuan sa harapan ngDiyos sa pamamagitan ng mga paghihirap na ito.

Nang unang isiniwalat ng propetang Nathan ang mga kasalanan ni David at nagpropesiya ng kahatulan ng Diyos, sumagot si David ng may pagtatapat at pagsisisi sa kanyang kasalanan, 2 Samuel 12:5-20. Sa ating pagbasa sa Awit 51 mas makikita natin kung paano niya sinikap na magkaroon ng malinis na puso at nagsumamona huwag alisin ng Diyos ang Kanyang Banal na Espiritu sa kanya. Maaari rin nating mapag-aralan kung paanong buong pagpapakumbabang tumugon si David sa Diyos sa mga sumunod na taon ng paghahatol, sa pamamagitan ng pagtanggap sa mga parusa ng Diyos, at sa pamamagitan ng paghahanap saDiyos, 2 Samuel 12-19 at 1 Cronica 21. Ang resulta ay ang espirituwal na pagkahalo ay naalis sa buhay ni David. Hindi lamang niya napanatili ang kanyang pamumuno at pagpapahid hanggang sa dulo ng kanyang buhay, kundi maging sa mga panahon na darating. Dahil kapag pinag-aralan natin ang mga propesiya tungkol sa darating na sanlibong taong kaharian ni Kristo dito sa lupa, makikita natin na si David ay mamamahalang muli bilang hari ng Israel, (pag-aralan ang Jeremias 30:9 at Ezekiel 37:24-25). Habang si David ay nagdusa nang labis sa kanyang mga kasalanan, bilang lalaki na ayon sa puso ng Diyos ay nagawa niya pa ring tamaan ang marka ng mataas na pagkatawag ngDiyos sa kanyang buhay at sa walang hanggan.

Inihahambing ng Kasulatan ang ating mga puso sa mga hardin. Kailangan nating maging maingat sa ating itinatanim, dahil atin itong aanihin, mabuti man o masama. Galacia 6:7-8 ay naghahayag, "*Huwag ninyong hayaang kayo ay mailigaw. Hindi mo maaaring libakin ang Diyos sapagkat anuman ang inihasik ng isang tao, iyon din ang kaniyang aanihin· Ang naghahasik sa kaniyang laman ay mag-aani ng kabulukang mula sa laman…"* Makikita natin kung paano naganap ang tuntuning ito sa buhay ni Haring David. Minsan lamang siyang nakagawa ng pangangalunya, ngunit ito ay bumalik sa kanya ng makasampung ulit, 2 Samuel 12:11-12 at 16-21-22. Isang tao lamang ang kanyang pinatay; ngunit dalawa sa kanyang mga anak na lalaki ang walang awang pinatay habang ang digmaan ay laganap sa kanyang kaharian, 2 Sam 12:9-10, 13:28-29, at 18:5-15. Si David ay umani ng napakaraming parusa at pasakit, ngunit ang mga kahatulang ito ng Diyos ay Kanya ring habag upang tulungang makapagdala ng buong pagsisisi at paglilinis kay David.

## PANATILIHIN ANG MALINIS NA PUSO

Habang ang kahatulan ay makatutulong na magkapagdala ng pagsisisi at panunumbalik sa isang masuwaying mananampalataya, ang Diyos ay may mas mainam na plano para sa mga lubusang susunod sa Kanya. Ang planong iyon ay ang hindi na tayo magkakaroon pa ng panahon upangtumalikod. Ibig ng Panginoon na tayo ay dalhing magpatuloy sa ating buong buhay "mula sa kaluwalhatian tungo sa kaluwalhatian" at "mula sa kalakasan tungo sa kalakasan," 2 Corinto 3:18 at Awit 84:7. Ginawa ng Panginoon ang lahat ng mga bagay na kakailanganin natin upang tayo ay maging mga mananagumpay sa bawat pagsubok ng buhay. Maaari nating mapanatili ang malinis na puso at mapanatili ang dalisay na pagpapahid ng Banal na Espiritu.

Sinabi ng Panginoong Hesus sa Juan 14:30, "*ang prinsipe ng sanlibutang ito ay dumarating. Tunay na wala siyang bahagi sa akin*." Kung mayroon tayong malinis na puso, tulad ni Hesus, ang Diyablo ay walang makikitang anuman sa atin na maaari niyang hawakan. Kahit na noong araw sa krus ang Panginoong Hesus pa rin ang nanatiling may kontrol habang buong puso Niyang ibinigay ang Kanyang buhay upang magdala ng kaligtasan sa sangkatauhan. Tayo rin ay maaaring maging palaging higit na mananagumpay sa lahat ng mga paghihirap ng buhay kung papanatilihin lamang natin ang isang malinis na puso na puno ng Kanyang Espiritu.

Binabanggit ng Hebreo 1:9 ang dalawang dahilan kung bakit si Kristo ay binigyan ng isang dakilang pagpapahid. Mababasa natin doon, "*Inibig mo ang katuwiran at kinapootan mo ang hindi pagkilala sa kautusan ng Diyos. Dahil dito ay pinahiran ka ng Diyos, na iyong Diyos, ng langis ng kaligayahan higit sa iyong mga kasama*." Ang Panginoong Hesus ay nagkaroon nitong pinakamataas na pagpapahidsapagkat kapwa Niya minahal ang katuwiran at kinamumuhian ang kasamaan. Ito rin ay mga importanteng susi sa atin upang tayo ang mabigyan ng dakilang pagpahid at magkaroon ng kagalakan ng Panginoon bilang ating kalakasan. Hindi lamang sapat na mahalin natin ang katuwiran-maraming tao ang nagmamahal sa katuwiran ngunit mahal rin nila ang kasalanan! Halimbawa, si Samson at Solomon ay kapwa mahal ang Diyos ngunit mahal rin nila ang mga babaeng hindi mananampalataya. Kailangan nating mahalin ang katuwiran at kamuhian ang kasamaan kung ibig nating makuha, mapanatili, at mapalago ang pagkilos ng Banal na Espiritu sa ating mga buhay.

# Kabanata 10

# PAGPAPAUNLAD NG ESPIRITUWAL NA PAGKAUNAWA

Dahil sa espirituwal na pagkahalo na kumakalat sa katawan ni Kristo napakahalaga para sa ating Kristiyanong paglago na tayo ay mahubog sa espirituwal na pagkilala (*spiritual discernment*). Binibigyan tayo ng Diyos ng panahon na ating kailangan upang matupad natin ang Kanyang kalooban at mabago ayon sa wangis ni Kristo. Gayunpaman, kung tayo ay nalihis sa pamamagitan ng mga walang bungang espirituwal na mga gawain mawawalan tayo ng napakahalagang oras na maaaring pumigil sa ating kakayahan upang maabot ang sangdaang pamumunga at maging ganap na mga Kristiyano.

Ang unang susi tungo sa pagkilala sa espirituwal na pagkahalo ay ang maunawaan na kailangan nating espirituwal na suriin ang lahat ng mga bagay. 1 Tesalonica 5:21 ay sinasabi sa atin, *"Suriin ninyo ang lahat ng mga bagay. Hawakan ninyo ang mabuti."* Sa Unang Juan 4:1 pinapahayag na, "*Mga minamahal, huwag ninyong paniwalaan ang bawat espiritu, sa halip, subukin muna ninyo ang mga espiritu kung sila ay mula sa Diyos.*" Sa Hebreo 5:14 ay sinasabi pa sa atin na ang mga Kristiyanong ganap espirituwal ay ang mga "*dahil sa pagsagawa ay nasanay na nila ang kanilang mga kaisipan upang makilala ang masama at mabuti."*

Ang ilang mga Kristiyano ay hindi itinuturing na tama na dapat nilang suriin ang espirituwal na mga bagay. Ang isang dahilan ay ang hindi nila nararamdaman na sapat na silang may gulang espirituwal. Ngunit sabi sa Hebreo 5:14, na ang isang paraan upang maging ganap ay ang magsanay sa pagkilala. Gamitin ang pagkilala na mayroon ka, at katulad ng pag-ehersisyo sa ating kalamnan, ito ay magiging mas malakas. Hindi ito nangangahulugan na ang isang bagong Kristiyano ay dapat subukan na maghanap ng demonyo na nakatago sa likod ng bawat upuan!

Gayunpaman, maaari tayong manalangin sa bawat espirituwal na kahayagan na ating nakikita. Maaari nating saliksikin ang kasulatan upang magkaroon ng karunungan, at makipag-usap sa mas may gulang espirituwal na mga Kristiyano upang matuto mula sa kanilang pagkilala.

Ang ibang mga Kristiyano minsan ay nag-aatubiling suriin o hatulan ang mga espirituwal na bagay dahilan sa turo ni Hesus nang sabihin Niyang, "*Huwag kayong hahatol upang hindi kayo hatulan*." Mateo 7:1. Bagaman totoo na hindi tayo dapat humatol sa mga tao sa paraan ng pamamaratang, ang salita ng Diyos

ay nagtuturo din sa atin na "*Ang taong sumusunod sa Espiritu ay nakakasiyasat ng lahat ng mga bagay*," 1 Corinto 2:15.

Habang sinisikap nating subukan espirituwal ang lahat ng bagay makikita natin na ang iba't ibang karanasan sa buhay ay magtuturo sa atin ng mahahalagang aral sa pagkilala. Maaari nating makita ito sa natural. Ang isang bata ay nagsisimula sa napakakaunting pagkaalam tungkol sa kanyang katawan, ngunit ang isang matanda ay dumaan na sa maraming sakit at aksidente. Ang mga ito ay maaaring nagturo sa kanya na kilalanin ang marami pang bahagi ng kanyang katawan, katulad marahil ng kanyang puso, mga kidni, baga o suklob-tuhod. Ang isa pang bahagi kung saan ang isang kabataan ay maaaring matuto ng natural na pagkilala ay kapag una nilang naamoy ang isang bagay – marahil cinnamon, o kaya ay rosas, o naiwang dumi ng aso na natapakan nila! Pagkatapos nilang unang maiugnay ang isang tiyak na amoy sa isang tanging bagay, madalas ay makikilala na nila ang bagay na iyon kahit na lumipas ang maraming taon kapag muli nilang masinghot ang kaparehong amoy.

Sa katulad na paraan maaari rin nating mapaunlad ang ating espirituwal na pagkilala sa pamamagitan ng iba't ibang mga sitwasyon sa buhay. Marahil ay nakadalo ka sa isang napakagandang gawain kung saan naranasan mo ang kakaibang presensya at kung saan may isang nagkaroon ng pangitain ng mga anghel. Kung nalaman mo na ang kakaibang presenya na iyong naramdaman ay nauukol sa mga anghel, sa susunod na maramdaman mo ang katulad na presensya ay makikilala mo na na may mga anghel doon, kahit na walang may nakakita ng pangitain. Marahil ay masisimulan mong matututunan ang iba-ibang pagpapahid ng Banal na Espiritu habang denidebilop mo ang iyong buhay pananalangin. Maaari mong matutunan ang tungkol sa iba't ibang uri ng mga espiritu ng demonyo mula sa pagkikila ng mga taong naalihan ng demonyo, o sa mga panahon ng espirituwal na labanan.

Ang ikalawang susi tungo sa pagkilala sa espirituwal na pagkahalo ay ang kailangan nating matutunan na husgahan ang espirituwal na ministeryo sa pamamagitan ng bunga nito, at hindi sa mga kaloob nito. Sa Mateo 7:15-17 sinabi sa atin ng Panginoong Hesus na malalaman natin ang mga bulaang propeta sa pamamagitan ng kanilang masamang bunga. Ang isang mabuting ministeryo na nagdadala ng Banal na Espiritu ay nagdudulot ng mabuting bunga, habang ang mga nagmiministeryo mula lamang sa kanilang sariling espiritu o sa masasamang espiritu ay magdadala ng masamang bunga katulad ng kalituhan, pagkabaha-bahagi, pang-aapi, at kasalanan. Kaya nga kailangan muna nating tingnan ang mga buhay ng mga taong nagmiministeryo – sila ba ay matutuwid, mapagmahal, at maayos na nagpapasakop sa katawan ni Kristo? Ang kanila bang mga pananalapi at pamilya ay nasa mabuting kaayusan? Pagkatapos ay

kailangan din nating suriin ang bunga ng kanilang ministeryo. Ano ang nagiging resulta ng kanilang ministeryo sa kanilang lokal na iglesiya? Ang kanila bang pangangaral ay tamang doktrina? Kapag sila ay naglalakbay sa ibang mga lugar ang kanila bang ministeryo ay nag-iiwan ng pangmatagalang biyaya o mga problema?

Napakahalaga na hatulan natin ang mga tagapaglingkod sa pamamagitan ng kanilang bunga sa halip na mga kaloob sapagkat ang ilang mga taong may likas na kaloob sa espirituwal ay maaaring mukhang may mga kahanga-hangang ministeryo. Ngunit ang kaloob ay hindi nagsasabi sa atin ng tungkol sa tao na *nagtataglay* sa kanila kung gaanong ang mga kaloob ay nagsasabi sa atin tungkol sa taong *nagbigay* sa kanila! Ang mga espirituwal na kaloob ay nagsasabi sa atin tungkol sa kabutihan ng Diyos na nagbigay sa kanila, samantalang ang bunga na lumalago mula sa buhay ng tao ay nagsasabi sa atin tungkol sa kabutihan (o kasamaan) ng kanilang sariling personal na katauhan. Kung ang karakter ng isang tao ay masama o makasalanan, kahit gaano pa man kahanga-hanga ang angking galing nila, magdudulot pa rin ito ng espirituwal na pagkakahalo sa kanilang ministeryo. Sa Kasulatan makikita natin ang mga makapangyarihang kaloob sa pagpropesiya at mga pagpapahid sa mga tao tulad nila Haring Saul, Balaam, at Samson, ngunit nakita rin natin ang mga pagkukulang sa kanilang mga karakter na naging mapanganib at nakamamatay.

Sa Mateo 7: 21-23 ang Panginoong Hesus ay nangusap tungkol sa isang malaking grupo ng mga tao na nagpropesiya, nagpalayas ng demonyo, at gumawa ng maraming himala. Gayunpaman, sa Araw ng Paghuhukom, sasabihin sa kanila ng Panginoon na "*Hindi ko kayo nakikilala. Lumayo kayo sa akin, kayong hindi kumikilala sa kautusan ng Diyos!*" Dito ay makikita natin na ang Panginoon ay humahatol sa pamamagitan ng karakter at hindi sa mga kaloob, at kung ibig nating maging katulad ni Kristo ay kailangan din nating gawin ito.

Gayunpaman, ang paghuhusga sa bunga ng ministeryo ay hindi palaging magkapagbibigay sa atin ng kinakailangan nating tulong upang makilala ang espirituwal na pagkahalo. Ito ay dahil madalas kakailanganin pa ng mahabang panahon para sa isang bunga na lumaki at maging kapansin-pansin. Kaya naman ang pangatlong susi tungo sa pagkilala sa espirituwal na pagkahalo ay kailangan natin maging sensitibo sa pagkilos ng Banal na Epsiritu sa ating mga puso. Ang Colosas 3:15 ay nagsasabi sa atin, *"Ang kapayapaan ng Diyos ang siyang maghari sa inyong mga puso."* Ang salitang isinalin dito na *maghari* ay maaari din maisalin bilang ampayr o reperi. Ang Banal na Espiritu, na naninirahan sa puso ng bawat mananampalataya, ay kikilos bilang ampayr o reperi. At paano nga ba kumikilos ang isang reperi? Habang

ang labanan ay nilalaro ng maayos, ang reperi ay magiging tahimik habang pinapanood niya ang laro. Ngunit kung ang panuntunan ay hindi sinunod, aabalahin at pahihintuin ng reperi ang palaro. Pipito siya, itataas ang kard, o itataas ang bandila. Kapag pinatigil niya ang palaro, ang lahat ay hihinto habang ang reperi ay magpapaliwanag kung ano ang naging pagkakamali at pagkatapos ay itatama ito. Pagkatapos nito ay maaari na muling ituloy ang laro habang ang reperi ay nananatiling tahimik.

Sa katulad na paraan ang Banal na Epsiritu ay nagbibigay ng kapayapaan sa ating puso habang ang lahat ng bagay ay maayos na nagpapatuloy. Ngunit kung may maling nangyari– kung may masamang espiritu ay nahayag, o kung ang isang tao ay nagmiministeryo ng mali mula sa kanyang sariling espiritu na walang pagdaloy ng Banal na Espiritu – kung magkagayon ay aalisin ng Banal na Espiritu ang Kanyang kapayapaan sa ating puso. Ang pagkabagabag na ito ng ating espiritu ay upang sabihin sa atin na may mali! At kung tayo ay magiging sensitibo sa patnubay na ito, alamin kung ano ang naging kamalian, at itama ang mga bagay, ang Banal na Espiritu kung gayon ay muling pupunuin ang ating puso ng kapayapaan.

Ang isang pagsasalarawan dito ay makikita sa Gawa 16 mula noong si Pablo at ang kanyang mga kasama ay nagpapahayag ebanghelyo sa lungsod ng Filipos. Mababasa natin sa talata 16-18, *"Nangyari na nang kami ay patungo sa pook-dalanginan, sinalubong kami ng isang dalagitang may espiritu ng panghuhula. Malaki ang kinikita ng kaniyang mga panginoon sa pamamagitan ng kaniyang panghuhula. Siya ay sumunod kay Pablo at sa amin. Sumisigaw siya na sinasabi: Ang mga lalaking ito ay mga alipin ng Kataas-taasang Diyos. Ipinangangaral nila sa atin ng daan ng kaligtasan.* [18]*Maraming araw na ginagawa niya ang ganito. Ngunit si Pablo, na nabagabag, ay humarap at sinabi sa espiritu: Iniutos ko sa iyo sa pangalan ni Jesucristo, lumabas ka sa kaniya. At ito ay lumabas agad sa oras ding iyon."*

Ang mensaheng ipinahayag sa propesiya nitong batang babae ay tila talagang tama, at si Pablo at ang kanyang mga kasamahang ebanghelista ay maaaring tanggapin ang magandang paanunsiyo. Ngunit habang ang lahat sa natural na antas ay tila maayos, makikita nating si Pablo ay nagsimulang kumilos sa mas mataas na antas. Ang kanyang espiritu ay nabagabag sa kung anong sinasabi nitong batang babae. Inalis ng Banal na Espiritu ang Kanyang kapayapaan mula sa puso ni Pablo at binalaan siya na may isang bagay na mali. Inabot si Pablo ng "maraming araw" bago niya lubos na naunawaan at inayos ang problema, ngunit nang ginawa niya iyon, ang pagkakalaya ng batang babae sa masamang espiritu ay naging mahalagang punto ng pagbabago patungo sa pagtatag ng isang iglesiya sa lunsod na iyon. Maingat nitong naalis ang panganib na itong batang babae at ang kanyang huwad na kaloob ay maaaring malugod

na tinanggap sa batang iglesia, kung saan pagkatapos na umalis ni Pablo ay maaaring naging sanhi rin ng maraming pagkawasak.

Maraming taon na ang nakalipas ay tinuruan ako ng Panginoon ng magkatulad na aral kung paano na ang patotoong kapayapaan ng Banal na Espiritu ay maaaring maging kapakinabangan sa pagkilala sa espirituwal ng pagkahalo. Ako ay naanyayahan na mangaral sa isang simbahan kung saan ang pastor ay nagmamayabang na ang isa niyang miyembro ay isang dakilang propeta. Isinusulat nito ang kanyang mga propesiya, at mayroong maglalagay nito sa kanilang de-kandadong kahon sa banko, at matapos ang ilang panahon, pinabubuksan nila ang kahon at babasahin ang propesiya pagkatapos na ito ay matupad. Matapos marinig ito, ay naging interesado akong makilala ang taong ito na may likas na kaloob upang makausap ko siya pagkatapos ng gawain.

Mula sa aming pag-uusap ay masasabi kong siya ay isang espirituwal na babae, ngunit ang Banal na Espiritu sa aking kalooban ay lubhang balisa. Naramdaman ko na may isang bagay sa babaeng ito na sadyang mali. Ang kanyang mga salita ay lahat tila espirituwal, at ang kanyang mga propesiya ay tama at napatunayan– ngunit ang Banal na Espiritu ay "pumipito" at sinasabing may mali! Kaya habang kami ay nag-uusap, nagsimula akong manalangin sa aking puso, at tahimik kong inutusan ang masamang espiritu sa pangalan ni Hesus na ipakita ang kanyang sarili. At sa puntong iyon ay bigla niyang pinalitan ang kanyang sinasabi, at nagsimula siyang magsalita tungkol sa kanyang namatay na asawa may anim na buwan ang nakararaan. Sinabi niya na pumupunta siya sa libingan nito araw-araw, kung saan siya ay nakikipag-usap dito at sumasagot naman ito sa kanya! Sa mga sandaling iyon, ang Banal na Espiritu ay nangusap sa aking puso na ang masamang espiritu na kumikilos sa kanyang "ministeryo" ay inihayag na, na siya ay isang espiritista, at hindi isang propeta ng Banal na Espiritu. Ngunit habang binalaan ko ang pastor tungkol sa espirituwal na pagkahalo sa kanyang buhay, ang pastor ay hindi nakinig sa aking babala at sa marami pang ibang mga babala na tinanggap niya tungkol sa babae. Ang resulta ay nagdulot ang babaeng ito ng napakalaking pinsala sa iglesiya.

Ang ika-apat na susi tungo sa pagkilala sa espirituwal na pagkahalo ay ang kaloob ng Banal na Espiritu na pagkilala sa mga espiritu, 1 Corinto 12:10-11. Ito ay isang mabiyayang kaloob ng Banal na Epsiritu na ibinigay sa ilan, kung saan maaari nilang makilala kung saan nanggagaling ang espirituwal na paghahayag. Habang kumikilos ang kaloob na iyon ang isang tao ay maaring makakita, makarinig, at makaramdam, makaamoy o makalasa ng isang bagay na magpapahayag ng pinanggagalingan ng espiritu na kumikilos sa isang sitwasyon. Marahil ang isang panaginip o pangitain ay maaaring magpahayag ng espirituwal na

kapangyarihan na kumikilos sa isang sitwasyon (katulad ng nasa 2 Cronica 18;18-22 at Zacarias 4). Marahil sila ay makadinig ng naririnig na salita mula sa Banal na Espiritu o sa masamang espiritu, o maaari din nilang marinig kung ano ang tahimik na sinasabi ng isang tao sa kanyang sariling espiritu, Mk. 2:6-8. Minsan ang ibang tao ay makakaramdam na ang buhok sa kanilang batok ay nakatayo kung ang masamang espiritu ay nariyan sa kasalukuyan, tulad ng nasa Job 4:15, o kaya ay malalasahan nila o maamoy ang isang bagay na napakabaho o amoy asupre. Sa ibang pagkakataon ang ibang tao ay nakalasa o amoy ng isang bagay na kamangha-mangha, na nagpapakita ng pagkilos ng Diyos, Awit 34:8, Hebreo 6:4, at Awit 141:2. Ang mga kapahayagang ito ay maaaring dumating sa pamamagitan ng pagpapahintulot sa ng kaloob ng pagkilala sa mga espiritu na pahiran ang anuman sa limang natural na pandamdam ng isang tao, upang bigyan sila ng hindi pangkaraniwang pandama.

Maraming beses na ang kaloob ng pagkilala sa mga espiritu ay nakatulong sa akin na maunawaan ang espirituwal na mga kapangyarihan na kumikilos sa likod ng iba't ibang mga sitwasyon. Sa ilang pagkakataon ay nagamit ko ang kaloob na iyon sa aking sariling buhay, o nakatanggap ako ng kapahayagan mula sa isang tao na alam kong mayroong ganoong espirituwal na kaloob. Minsan ang Banal na Espiritu ay nakikilala na kumikilos na tulad ng isang kalapati, apoy o hangin. Sa ibang pagkakataon ang mga anghel o demonyo ay nakikita. Paminsan-minsan ang aking sariling espiritu ay naririnig kung ano ang tahimik na sinasabi ng isang tao sa kanyang puso (basahin Marcos 2:6-8 at Lukas 9:47). Bawat isa sa mga pagkakataong ito na nagdala sa akin ng kamalayan sa mga espirituwal na kapangyarihan na kumilos sa iba't ibang sitwasyon ay nakatulong sa akin upang lalong maging mabunga sa ministeryo – kung ito man ay tumulong na padaluyin ang pagkilos ng Banal na Espiritu, hadlangan ang pagkilos ng mga demonyo, o tumulong na itama ang problema sa puso ng isang tao.

Pagkatapos tayong bigyan ng listahan ng mga espirituwal na kaloob sa 1 Corinto 12:28-30, sinasabi sa atin ni Apostol Pablo na "*higit ninyong hangarin ang pinakamabuting kaloob*" sa talata 31. Ang pagkilala sa mga espiritu ay isang napakahalagang kaloob para sa ating espirituwal na paglago, at karapat-dapat para sa atin na saliksikin ang Panginoon para dito. Habang nasa makapangyarihang pagpapasya pa rin ng Diyos kung ano ang mga kaloob na ibibigay niya sa kung kaninong mananampalataya, totoo rin na ang Panginoon ay madalas ibinibigay ang kanyang mga kayamanan sa mga taong lubos na magpapahalaga at gagamit sa mga ito.

Ang ikalimang susi tungo sa pagkilala sa espirituwal na pagkahalo ay ang kailangang hayaan natin ang mga espirituwal na lider na mabilang sa isang sitwasyon at ibigay ang kanilang pinagkasunduan, o ang

kanilang pinagsama-samang pagkilala, tungkol sa sinuring espirituwal na paghahayag. Sa 1 Corinto 14:29 isinulat ni Pablo, "*Papagsalitain ang dalawa o tatlong propeta at hayaan silang hatulan ng iba,"* habang sa Kawikaan 24:6 sinasabi sa atin, *"sa karamihan ng mga tagapayo ay may kaligtasan."* Kung ang isang propesiya o espirituwal na paghahayag ay naihayag habang may gawain ito ay responsibilidad ng mga lider doon kung ito ba ay tatanggapin o tatanungin ang pinanggalingan at kung ito ay tama. Ito ay maaring mangyari sa pamamagitan ng tahimik na pagtanggap ng mga lider, o sa pamamagitan ng pagsasabi nila ng "Amen" o "purihin ang Panginoon." Ang isang banayad na pagtatanong sa sitwasyon ay maaaring gawin sa pamamagitan ng pagtatanungan ng mga lider sa isa't isa at pagkatapos ay sabihin sa mikropono "ating ipanalangin ang bagay na iyan" o "marahil iyan ay galing sa Panginoon." Kung ang mga lider ay nakaramdam ng labis na kabalisahan tungkol sa isang espirituwal na paghahayag na nangyari, isang karunungan para sa kanila ang dalhin ang gawain sa ibang direksyon, at pagkatapos (marahil sa isang pribadong pag-uusap) ay magkaroon ng pagpapayo o gawaing pagpapalaya sa tao na nagdulot ng masamang kahayagan.

Sa Efeso 4:11-14 sinabi sa atin na si Kristo ay naglagay ng mga ministeryo sa katawan ni Kristo upang tulungan ang iglesiya na maging ganap, *"Ito ay upang hindi na tayo maging mga bata na sinisiklot at tinatangay kung saan-saan ng bawat hangin ng katuruan. Ito ay sa pamamagitan ng pandaraya ng mga tao…"* Ang salitang *hangin* sa talatang ito ay maaari din isalin bilang *espiritu*. Ngayon kung ating titingnan ang mga posibleng espirituwal na panggalingan nitong mga hangin ng doktrina, malinaw na ang hangin ng Banal ng Espiritu ay hindi tinutukoy. Sa halip ang mga katuruang ito ay maaaring kinasihan ni Satanas, na tinawag ni Pablo na "*pinuno ng kapamahalaan ng hangin*" sa kabanata 2:2. Ang mga hangin ng doktrinang ito ay maaari ring maging hindi balanseng katuruan na di-wastong naitataas ng mga sariling espiritu ng tao, katulad ng iminumungkahi sa kasabihang *"sa pamamagitan ng pandaraya ng mga tao.*" Gayunpaman itong mga ministeryo ng mga apostol, mga propeta, mga ebanghelista, at ng mga pastor at mga guro ang makatutulong sa atin na maging ganap upang hindi tayo madaya ng bawat hangin, o espiritu. Hindi natin gugustuhin na maging katulad ng isang barko na nadadala ng bawat hangin, ngunit nagiging lagalag lamang at hindi kailanman nakakarating sa ninanais nitong puntahan. Nais nating maging katulad isang dalubhasang piloto na alam kung paano maglayag pasalungat sa mga hangin upang dalhin ang barko (ang iglesiya) sa ninanais nitong tunguhin. (kaganapan at tagumpay).

Ang ating ika-anim na susi ay kailangan nating suriin ang bawat espirituwal na bagay sa pamamagitan ng Kasulatan. Sa Isaias 8:19-20 sinabi sa atin, "*At pagka kanilang sasabihin sa inyo, 'Hanapin ninyo silang nakikipagsanggunian sa masamang espiritu at mga manghuhula, na nagsisihuni at nagsisibulong;' hindi*

*ba marapat na sanggunian ng bayan ang kanilang Dios? ... Sa kautusan at sa patotoo! kung hindi sila magsalita ng ayon sa salitang ito, tunay na walang liwanag sa kanila."* Ang 'kautusan at patotoo' na tinutukoy dito ay ang mga kasulatan sa Lumang Tipan na salita ng Diyos na mababasa na sa panahon ni Isaias. Kung ang isang tao na may likas na kaloob espirituwal ay hindi nagsasalita ayon sa Kasulatan, ito ay dahil walang tunay na liwanag ng Banal na Espiritu ang kumikilos sa pamamagitan nila. Mangyari ay ibang mga espiritu ang kumikilos.

Bilang isang halimbawa nito, sa mga nakaraang taon ay nagkaroon ng isang aklat na kumalat sa buong mundo na naging isa pang pinaka mabenta sa ibang mga bansa. Ito ay patotoo ng isang babae na nagsasabing siya ay dinala na sa langit ng maraming beses. Sinasabi niya rin na dinadalaw siya ni Hesus linggo-linggo sa loob ng maraming taon, at kinokontrol ng Banal na Espiritu ang kanyang katawan sa hindi pangkaraniwang mga paraan. Ngunit kung ihahambing mo ang kanyang mga pangitain sa Kasulatan, makikita natin na hindi sila magkatugma.

Ang nasa katamtamang gulang na babaeng ito ay nagsasabi na sa mahabang panahon ang Panginoong Hesus ay dinadala siya tuwing lunes ng umaga sa isang binagong katawan sa tabing-dagat. Sa kanyang aklat sinasabi niya na sa kanyang binagong katawan, habang siya ay naglalakad kasama ni Hesus, siya ay halos nasa edad ng 15 hanggang 16 na taon. Naglalakad sila sa tabing-dagat, madalas ay magkahawak kamay, habang ang Panginoon ay paulit-ulit siyang tinatawag na, *"Sweetheart."* Hinahawakan ng Panginoon ang kanyang buhok at sinasabi sa kanya na siya ay maganda. Tuwing Lunes sa tabing-dagat ay sumasayaw siya para sa Panginoon, at "pagkatapos ng sayaw, ang Panginoon ay magbibigay ng napakaraming nakamamanghang papuri sa akin na madalas kong maramdamang napapahiya ako." At bago siya pabalikin ng Panginoon sa kanyang tahanan bawat linggo, sila ay magkayakap munang maghihiwalay.

Kung ating isaalang-alang ang Kasulatan, mayroon bang naisulat tungkol sa mga tao na nakakita kay Hesus bawat linggo sa isang pangitain, hawak ang Kanyang kamay, at tinatawag na "*Sweetheart,"* at magkayakap na maghihiwalay? Nakita ni pablo si Kristo sa daan patungo sa Damascus minsan – at siya ay nagpatirapa, nabulag at nagsisi, Gawa 9:3-9. Ang Apostol Juan ay nakita ang Kristong binuhay na muli, at nagpatirapa sa Kanyang paa na parang patay, Pahayag 1:17. Ang lahat ng mga banal na pagtatagpo sa Bibliya ay nagpahayag ng isang maluwalhati at pagkamangha na nagdadala sa mga taong magpatirapa sa lupa, hindi humahawak sa kamay at yumayakap sa "*Heavenly Sweetheart"!*

Ang babaeng ito ay sumulat rin ng napakalawak tungkol sa kung paanong ang kanyang katawan ay napapailalim sa kontrol ng "Banal na Espiritu." Gayunpaman, ang kanyang pagsasalarawan tungkol sa kung paano siya nawawalan ng kontrol sa kanyang katawan ay nagpapakita na siya ay inaalihan ng demonyo. Muli, ang kanyang pagkakalarawan ay hindi naaayon sa kahit anong pagtutularan sa Bibliya sa kung paano kumilos ang Banal na Espiritu. Ngunit napakaraming mga Kristiyano ang nagbabasa sa kanyang aklat bilang isang banal na kapahayagan mula kay Hesus sa halip na makita ito bilang isang huwad na gawa ng demonyo! Sa nakalipas na 40 taon nakita ko ang maraming bilang ng katulad na pangyayari kung saan sumulat ang mga tao ng mga patotoong aklat tungkol sa langit, impiyerno, o iba't-ibang mga espirituwal na karanasan na kanilang sinasabi, ngunit sa kalaunan ay mapatutunayan lamang na ito ay mapanlinlang o makademonyo.

Kaya kung ibig nating hatulan ang mga espirituwal na bagay ay napakahalaga nga na ito masuri kung ito ba ay naaayon sa Bibliya. Ganito kung paano tinalo ng ating Panginoon Hesus ang unang dalawang pagtukso ni Satanas, na nakasulat sa Lukas kabata 4. Tinanggihan ni Kristo ang kaniyang mga mungkahi (na gawing tinapay ang bato at sambahin si Satanas) na hindi naaayon sa Bibliya, habang binabanggit ang mga kasulatan sa kabaligtaran.

Gayunman, sa pangatlong pagtukso ay lalong pinahirap ng Diyablo ang mga bagay noong sinubukan nito ang ibang taktika. Nung tinukso niya si Kristo na tumalon mula sa templo, Si Satanas ay nagbanggit ng dalawang mga talata na nagsasabing si Kristo ay iingatan ng mga anghel. Kaya samantalang natalo ni Kristo ang Diyablo sa unang dalawang pagtukso sa pamamagitan ng pagbanggit ng mga talata ng bibliya, ay natagpuan din naman natin si Satanas na bumabanggit ng mga talata pabalik habang nagnanais na talunin si Kristo.

Ang paraan na napagtagumpayan ni Kristo itong pangatlong pagtukso ay sa pamamagitan ng pagsagot ng talata mula sa biblia na siyang angkop sa natatanging sitwasyon: "*Huwag ninyong tutuksuhin ang Panginoon ninyong Dios*," mula sa Deutoronomo 6:16. Sa paraang ito makikita natin na hindi lamang natin dapat alam kung ang isang bagay ay nasa Bibliya, kundi pati na rin kung ito ay isang balanseng aplikasyon ng Kasulatan. Iyan ang dahilan kung bakit sinabihan ni Apostol Pablo ang kabataang si Timoteo, "*Pagsikapan mong mabuti na iyong iharap ang iyong sarili na katanggap-tanggap sa Diyos, isang manggagawa na walang dapat ikahiya, na itinuturo ng tama ang salita ng katotohanan,*" 2 Tim. 2:15. Kapag mali ang ating pagbalanse at hindi maging angkop ang pag gamit natin sa mga talata ng Bibliya, katulad ng ginawa ng Diyablo sa panahon ng kanyang ikatlong pagtukso kay Kristo, makikita

natin ang ating mga sarili na hindi pinagtibay ng Diyos at mapapahiya . Ito ang dahilan kung bakit kailangan natin maging masigasig sa pag-aaral ng Bibliya, upang hindi tayo malilinlang habang itatanong natin ang dalawang katanungan sa bawat espirituwal na sitwasyon, "Ito ba ay nasa Bibliya?" at pati na, "Ito ba ang balanseng pag gamit ng mga talata?"

Kasabay ng pangangailangang ito para sa atin upang manatiling balanse, ang pinakahuling ikapitong susi upang mapatatag ang espirituwal na pagkilala ay hindi natin dapat ituon ang ating pansin sa "madilim na panig" at palaging maghanap ng mga demonyo. Ang ilang tao ay naghahanap ng demonyo sa likod ng bawat upuan o bawat puno – ngunit ang isang taong lumalago sa Diyos ay kailangang laging hinahanap ang higit pa mula kay Jesus! Si Kristo ang dapat na pokus ng ating buhay, at bagaman maaaring paminsan-minsan ay maibabaling Niya ang ating pansin sa isang bagay na masama, gayunpaman ang ating pananatili ay nasa Kanya. Habang ang ating mga puso ay umaasang naghihintay para sa pagkilos ng Banal na Espiritu, hindi tayo mabibigo o mawawala sa balanse. Ngunit kung ang isang tao ay parating maghahanap ng masasamang espiritu, ay napakaraming mga demonyo ang magboboluntaryo upang gambalain sa sila!

Ang mga iglesiya at mga ministeryo na palagiang may gawain sa pagpapalayas ng demonyo ay madalas makitang ang parehong mga tao ang umuulit ng parehong pagpapalaya sa paulit-ulit na pagkakataon. Ang mga taong ito ay madalas hindi progresibong napapalaya mula sa kanilang dating suliranin sa demonyo, ngunit sa halip ay inuulit lamang nila sa parehong pagpapalaya, o kaya naman ay mas dinadagdagan pa ng mga bagong demonyo na kailangang palayasin!

Itunuro ng ating Panginoong Hesus sa Lukas 11:24-26 na kung ang masamang espiritu ay aalis sa isang tao ito ay maaaring bumalik muli. Kung ang buhay ng tao ay hindi napuno ng Diyos – kung ang buhay ng tao ay katulad pa rin sa dati nung bago siya napalaya – kung gayon ang masamang espiritu ay maaaring bumalik at magdadala pa ng mas maraming demonyo kasama niya. Ngunit kung ang isang tao ay sisikapin na ituon ang kaniyang buhay na mas lalong mapuspos ni Kristo at ng Kanyang katuwiran, maraming pagkakataon na ang mga panggugulo ng demonyo sa kanyang buhay ay tuluyan nang nawawala, hindi dahil sa isang gawain ng pagpapalaya mula sa demonyo, ngunit dahil sa wala ng silid na natitira upang makapanatili ang masasamang espiritu sa buhay ng taong iyon!

Mayroon akong isang kamag-anak na nagtrabaho sa bangko ng maraming taon. Noong unang siyang nagsimula, ginugol niya ang isang linggo upang matutunan ang tunay na pera sa anyo, pakiramdam at tunog nito. Hindi siya tinuruan kung ano ang itsura ng pekeng pera – siya ay sinanay sa tunay. Pagkatapos

na mas natutunan niya ang tunay, mas naging natural para sa kanya na makita kung alin ang peke kung sila man ay dumarating. Ang katulad na karunungan ay magtuturo sa atin ng mabuti sa pagpapaunlad ng ating espirituwal na pagkilala.

Sa 2 Hari 6:15-17 mababasa natin ang tungkol sa alipin ni Elisha na natakot dahil nakita niya kung paano sila pinapalibutan ng kaaway. Sa halip magkaroon tayo ng balanseng pangitain at pananampalataya ni Eliseo. "*At nang ang lingkod ng alagad ng Dios ay bumangon ng maaga, at lumabas, narito, isang hukbo na may mga kabayo at mga karo ay nakalibot sa bayan. At ang kaniyang lingkod ay nagsabi sa kaniya, Sa aba natin, panginoon ko! Ano ang ating gagawin? At siya'y sumagot, Huwag kang matakot: sapagka't ang sumasaatin ay higit kay sa sumasa kanila. At si Eliseo ay nanalangin, at nagsabi, Idinadalangin ko sa iyo, Panginoon, na idilat ang kaniyang mga mata, upang siya'y makakita. At idinilat ng Panginoon ang mga mata ng binata; at siya'y nakakita, at narito, ang bundok ay puno ng mga kabayo at ng mga karo ng apoy na nakapalibot kay Eliseo.*"

Alam ni Eliseo na ang ipinadalang mga karagdagang anghel sa kanya ay di hamak na mas marami kaysa sa kaaway, at sa tahimik na pananalig ay nakikita niya ang kapangyarihan ng Diyos na magdadalala ng tagumpay. Sa katulad na paraan kailangan nating alalahanin na tayo ay nasa matagumpay na panig! At habang tayo ay sumusunod sa ating matagumpay na Panginoon pangungunahan Niya tayo sa isang dalisay na espirituwal na buhay at ministeryo na magtatag ng kalikasan ni Kristo sa ating buhay.

# Kabanata 11

## ANG PAKIKIPAG-ISA SA KANYANG PAGHIHIRAP

Ang isa pang mahalagang aspeto ng ating pagiging katulad ayon sa wangis ni Kristo ay tungkol sa ating paghihirap kasama Niya. Mababasa natin sa Roma 8:16-18: "*Ang Espiritu ang siyang nagpapatotoo, kasama ng ating espiritu, na tayo ay mga anak ng Diyos. Yamang tayo nga ay mga anak, tayo ay mga tagapagmana. Tagapagmana tayo ng Diyos at kasamang tagapagmana ni Cristo. Yamang tunay na naghirap tayo na kasama niya, tayo ay luluwalhatiin ding kasama niya."*

Upang tayo ay makapasok sa pamana sa atin bilang mga anak ng Diyos, tayo ay binigyan ng isang kondisyon. Ang ating pamana ay kondisyonal – ang pag-asa ng Kristiyano ay hindi pa nakakamtan. Ang kinakailangan ay *kung* tayo ay maghihirap kasama si Kristo. *Kung* tayo ay papasok sa Kanyang mga paghihirap, kung magkagayon tayo ay magiging kasamang tagapag-mana na luluwalhatiin kasama si Kristo. Ang ating pagpasok dito sa pag-asa ng kaluwalhatian ay nakasalalay dito.

Ang gawain ng krus sa ating buhay ay isang napakahalagang paghahanda upang makamit ang espirituwal na kaganapan at makapasok sa ating walang hanggang mana. Ang Apostol Pablo ay nagnais na malaman ang *"pakikipag-isa sa Kaniyang mga paghihirap"* upang siya ay makapasok sa kanyang mataas na pagkatawag sa Panginoon. Mababasa natin sa Filipos 3:10-14, *"Ito ay upang makilala ko siya at ang kapangyarihan ng kaniyang muling pagkabuhay at ang pakikipag-isa sa kaniyang mga paghihirap, upang matulad ako sa kaniya, sa kaniyang kamatayan. At sa anumang paraan ay makarating ako sa muling pagkabuhay ng mga patay. Hindi sa natamo ko na, o ako ay naging ganap na. Inangkin ako ni Cristo Jesus para sa isang layunin at nagsusumikap ako upang aking maangkin ang layuning iyon. Mga kapatid, hindi ko ibinibilang na naangkin ko na ngunit isang bagay ang ginagawa ko. Nililimot ko na ang mga bagay na nasa likuran ko at pinagsisikapang maabot ang mga bagay na nasa harap ko. Pinagsisikapan kong maabot ang hangganan ng takbuhin para sa gantimpala ng mataas na pagkatawag sa akin ng Diyos na na kay Cristo Jesus."*

Dito ay sinulat ni Pablo ang kung paano siya nagsusumikap na maabot ang gantimpala ng mataas na pagkatawag sa kanya ng Diyos. Siya ay nakapasok na sa kanyang pagkakatawag ng pagiging isang dakilang apostol na nagdala ng pagpapanibagong-buhay o *revival* sa mga bansa. Gayunpaman, alam ni Pablo na may higit pang isang mas mataas na pagkatawag kaysa sa kung ano ang kanyang napasok sa

kanyang buhay dito sa lupa. Nais niyang maging karapat-dapat para sa muling pagkabuhay mula sa mga patay.

Hindi nagsasalita rito si Pablo tungkol sa pangkahalatang muling pagkabuhay ng mga patay sa Araw ng Paghuhukom, sa pagkatapos ng sanlibong taon na paghahari ni Kristo sa mundo (tingnan sa Pahayag 20:11-13). Sa panahong iyon ang lahat ng mga namatay ay bubuhayin upang tumayo sa harapan ng Diyos, kapwa ang masasama at mga matutuwid. Walang espesyal na pagkamarapat ang kinakailangan upang maging isang bahagi sa muling pagkabuhay na iyon. Ang *New King James Version* ng Filipos 3:11 na ating sinipi sa itaas ay nagsasabing nais ni Pablo na maging karapat-dapat para sa muling pagkabuhay *mula* sa mga patay at hindi *kasama* ng mga patay. Ang orihinal na Griyego ay nagbibigay ng kalinawan dito nang ipinahayag na nais ni Pablo na makamit ang pagkabuhay-muli mula sa mga patay. Sinasabi niya na nais niyang makapasok sa unang muling pagkabuhay na mangyayari sa pasimula ng sanlibong taon. Mababasa natin ito sa Pahayag 20:4-6, "*At nakita ko ang mga luklukan. Nakaupo rito ang mga tao at binigyan sila ng kapamahalaan upang humatol. Nakita ko ang mga kaluluwa ng mga lalaking pinugutan ng ulo dahil sa pagpapatotoo tungkol kay Jesus at dahil sa salita ng Diyos. At nakita ko ang mga hindi sumamba sa mabangis na hayop o sa kaniyang larawan. Hindi nila tinanggap ang kaniyang tatak sa kanilang mga noo at sa kanilang mga kamay. Ang mga taong ito ay nabuhay at nagharing kasama ni Cristo sa loob ng isang libong taon. Ngunit hanggang sa matapos ang isang libong taon, ang mga natira na mga namatay ay hindi muling nabuhay. Ito ang unang pagkabuhay muli. Pinagpala at banal ang mga kabilang sa unang pagkabuhay muli. Ang ikalawang kamatayan ay walang kapamahalaan sa mga taong ito. Ngunit sila ay magiging mga saserdote ng Diyos at ni Cristo at sila ay maghaharing kasama niya sa loob ng isang libong taon.*"

Alam ng Apostol Pablo na siya ay tumatakbo sa isang takbuhin, nagsisikap na makapasok sa pataas at pataas na mga pagkakatawag bilang bahagi ng kanyang Kristiyanong pag-asa at mana. Pagkatapos niyang matupad ang kanyang buhay dito sa lupa at ministeryo, nais niyang maging karapat-dapat sa unang pagkabuhay na muli. Gayunpaman, nilinaw ni Pablo ang kailangan kung paano makakamtan ang mataas na pagkakatawag na ito: ito ay sa pamamagitan nang pagpasok sa pakikipag-isa sa paghihirap ni Kristo at matulad sa Kanya, sa kanyang kamatayan, Filipos 3:10.

Ang isang Kristiyano na nagnanais nang mabilis at masaganang pagpasok sa pag-asa ng Kristiyano ay kailangang matutong yakapin ang gawain ng krus sa kanilang mga buhay. Katulad ng ipinahayag ng ating Panginoong Hesus sa Mateo 16:24-25, "*Nang magkagayon, sinabi ni Jesus sa kaniyang mga alagad:*

*Kung ang sinuman ay ibig sumunod sa akin, tanggihan niya ang kaniyang sarili, pasanin niya ang kaniyang krus at sumunod sa akin. Ito ay sapagkat ang sinumang ibig magligtas ng kaniyang buhay ay mawawalan nito. Ngunit ang sinumang mawalan ng kaniyang buhay alang-alang sa akin ay makakasumpong nito."*

Natutunan ni Apostol Pablo kung paano pasanin ang kanyang krus. Isinulat niya sa 1 Corinto 15:31, "*namamatay ako araw-araw*." Sa Galacia 2:20 isinulat niya ang mga walang-kamatayang salita, "*Napako ako sa krus na kasama ni Cristo, gayunman ako ay nabubuhay. Ngunit hindi na ako ang nabubuhay kundi si Cristo na ang nabubuhay sa akin. Ang buhay na ikinabubuhay ko ngayon sa laman ay ikinabubuhay ko sa pananampalataya ng Anak ng Diyos na siyang umibig sa akin at nagbigay ng kaniyang sarili para sa akin*." Kahit noong siya ay nabubuhay pa sa lupa si Pablo ay nakapasok na sa isang makapangyarihang karanasan kung paano nabubuhay si Kristo sa kanya at sa pamamagitan ng kanyang buhay, dahil natutunan niya kung paano manatili sa pagkakapako sa krus kasama si Kristo.

## TATLONG URI NG PAGHIHIRAP

Kung ating isaalang-alang kung paano makapasok sa pakikipag-isa sa paghihirap ni Kristo, kailangan muna nating makita na mayroong iba't-ibang uri ng paghihirap. Hindi sila lahat mga paghihirap ni Kristo. Marami sa mga paghihirap na tinitiis natin sa ating paglalakbay sa lupa ay mga bunga ng ating sariling kasalanan at pagsuway. Ang iba ay maaring gawain ng kaaway, na madalas ay humahadlang sa gawain ng Diyos sa buhay ng mga Kristiyano.

Ang unang uri na ating isasaalang-alang ay paghihirap dahil sa ating mga kasalanan. Marami sa paghihirap na ating nararanasan ay nanggagaling dito. Ito ay maaring kasing-natural na proseso nang pagtatanim at pag-aani. Sa Galacia 6:8 binabalaan tayo na, "*Ang naghahasik sa kaniyang laman ay mag-aani ng kabulukang mula sa laman."* Kung paulit-ulit mong ginagawa ang isang kasalanan, ito ay magbubunga ng kaukulang paghihirap. Ang mga naninigarilyo ay madalas nakakakuha ng kanser sa bagà, habang ang mga manunugal ay maaaring magdusa sa kahirapan. Ang mga tsismosa ay pagtsisismisan din, at ang mga marahas na tao ay madalas magdusa sa karahasan!

Ang pagtitiis sa mga paghihirap na ito na inani mula sa ating mga kasalanan ay hindi makakatiyak sa atin ng anumang garantisadong gantimpala o katuwiran. Maaari nila tayong hikayatin na magsisi at hanapin

ang Panginoon para sa muling pagpapanumbalik; datapuwat sa kanilang mga sarili ang mga paghihirap na ito ay walang kapangyarihan o biyaya na makapagpabago sa atin.

Ang pangalawang uri ng paghihirap ay nagmumula sa pagpapahirap ni Satanas. Ang bawat Kristiyano ay haharap sa pagsalungat mula sa mga pwersa ng Diyablo. Ang masasamang espiritu ay maaring magtangkang umatake sa atin sa bawat bahagi ng ating natural at espirituwal na buhay. Kapag tayo ay nagdurusa mula sa pagpapahirap ng kaaway, hindi tayo dapat magpasailalim sa bawat pag-atake at mahinang sasabihin na, *"Mangyari nawa ang kalooban ng Diyos!"*

Kapag nakita natin ang ating mga sarili na inaatake ng mga masasamang espiritu, sinasabi sa atin sa Santiago 4:7 na ang unang bagay na dapat nating gawin ay "magpasakop sa Diyos". Dapat tayong tumingin sa Diyos at magtanong, "Panginoon, bakit po ninyo pinayagang dumating ang pag-atake na ito? Kung may anumang bagay sa ating buhay na hindi maayos na isinuko sa pagkapanginoon ni Kristo, ang bahaging iyon nga ay wala sa proteksyon sa pagpapala ng Diyos.

Kapag ang isang bahagi ng ating buhay, pagsasamang mag-asawa, o pamilya ay inaatake, nais ipakita ng Panginoon sa atin ang dahilan kung bakit pinahintulutan Niya ang mga pag-atake na dumating sa atin. Ang unang bagay na dapat nating gawin sa mga pagkakataong ito ay muling ipasakop ang ating mga sarili sa Diyos. Subalit pagkatapos nating ipasakop ang ating mga sarili sa Diyos, sinasabi ni Santiago sa atin na "*labanan ninyo ang diyablo at siya ay lalayo sa inyo."* Hindi tayo dapat magsa-walang kibo sa demonyo, kundi ay "*magpakatibay kayo sa Panginoon at sa Kaniyang makapangyarihang lakas. Isuot ninyo ang buong baluti ng Diyos upang kayo ay makatayo laban sa mga lalang ng diyablo,*" Efeso 6:10-11. Muli, ang ganitong uri ng paghihirap ay walang kapangyarihan upang gawin tayong banal. Datapuwat kung tayo ay babangon sa mga pag-atake na ito at labanan sila ng maayos, kung magkagayon, ang aspeto ng kalikasan ni Kristo bilang isang "*Ang Mandirigma*" ay mabubuo sa ating katauhan (tingnan sa Exodo 15:3).

Ang pakikibahagi sa mga paghihirap ni Kristo ay ang pangatlo at pinaka-ibang uri ng paghihirap. Ito ay bunga nang pagpasan natin ng ating krus sa ating pagsunod sa Panginoon. Tayo ay pumapasok sa ganitong uri ng paghihirap, hindi dahil sa ito ay ipinilit sa atin mula sa ating nakaraan o mula sa diyablo; kundi isang pagpili na kusang-loob nating tinanggap. Maaari nating tanggihan ang ating mga sarili sa pamamagitan ng Espiritu at pumasok sa mga paghihirap ni Kristo, o tanggihan ang maluwalhating pagkakataon na ito at sa gayon ay manatiling isang karnal na Kristiyano.

Sa tuwing yayakapin natin ang mga paghihirap ni Kristo, ang ating sariling kagustuhan ay 'nababalewala'. Ito ay dahil pinipili natin na sundin ang Espiritu ng Diyos habang pinapangunahan Niya tayo patungo sa pagtupad sa kalooban ng Diyos. Ang pagpapasya sa bawat pagkakataon na *"hindi ang aking kalooban, kundi ang Iyong kalooban,"* ay ang ating Getsemane na magdadala sa atin patungo sa krus, Marcos 14:36.

Itong pangatlong uri ng paghihirap, ang pakikiisa sa paghihirap ni Kristo, ay ang pinakamahirap at masakit sa lahat. Ito ay maihahambing sa natural na paghihirap sa krus, kung saan ito ang pinakamasakit na uri nang pag-bitay ng mga Romano.  Ito ay hindi isang paghihirap na nararapat para sa atin. Hindi ito isang pagmamalupit na maaari nating labanan. Ngunit ang mga kinahantungan ay maluwalhati habang ang biyaya at kapangyarihan ng Diyos ay dumadaloy sa pamamagitan ng ating kusang-loob na pagsunod.

Kapag pinipili natin na tanggapin ang pakikiisa sa paghihirap ni Kristo, ang mga hindi matutularang kasasapitan nito ay darating sa ating mga buhay. Sa pamamalakad ng Diyos, ang krus ay laging naghahanda ng daan tungo sa muling pagkabuhay! Ang ilang mga talata na makakatulong sa pagpapaliwanag dito ay ang mga sumusunod:

> * *"Ito ay sapagkat yamang tayo ay nakasama sa wangis ng kaniyang kamatayan, magiging gayundin tayo sa kaniyang pagkabuhay muli."* Roma 6:5
>
> * "*Taglay naming lagi sa aming katawan ang kamatayan ng Panginoong Jesus upang maipakita rin sa aming katawan ang buhay ni Jesus…Kaya nga, ang kamatayan ay gumagawa sa amin, ngunit ang buhay ay gumagawa sa inyo…Ito ay sapagkat ang panandaliang kagaanan ng aming paghihirap ay magdudulot sa amin ng lalong higit na timbang ng walang hanggang kaluwalhatian."* 2 Corinto 4:10, 12, 17.
>
> * *"Ito ay sapagkat itinuturing ko na ang mga paghihirap sa kasalukuyan ay hindi karapat-dapat ihalintulad sa kaluwalhatiang ihahayag na sa atin."* Roma 8:18
>
> * *"Kung tayo ay maghihirap, tayo rin naman ay maghaharing kasama niya."* 2 Timoteo 2:12
>
> * *"Ito ay sapagkat kung sa kahinaan, siya ay ipinako sa krus, siya naman ay nabubuhay sa kapangyarihan ng Diyos. Ito ay sapagkat sa kaniya tayo ay totoong mahina, ngunit mabubuhay tayong kasama niya sa kapangyarihan ng Diyos sa inyo."* 2 Corinto 13:4.

> * *Ito ay upang makilala ko siya at ang kapangyarihan ng kaniyang muling pagkabuhay at ang pakikipag-isa sa kaniyang mga paghihirap, upang matulad ako sa kaniya, sa kaniyang kamatayan. At sa anumang paraan ay makarating ako sa muling pagkabuhay ng mga patay."* Filipos 3:10-11.

Habang lalo nating nauunawaan ang walang-hanggang gawain ng biyaya at kaluwalhatian na ginaganap sa ating buhay sa pamamagitan ng ating pagyakap sa pakikiisa sa paghihirap ni Kristo, ay lalo nating pahahalagahan at hahangarin ang dakilang pribilehiyong ito.

Sa unang siglo ng unang Iglesiya, wala nang ibang pinakamataas na karangalan sa mga Kristiyano maliban sa maging martir. Sa ating makabagong, maunlad na lipunan, napakaraming mga Kristiyano ang magpapalagay na wala nang maaaring maging napakahangal o napakasayang na mamatay kundi ang mamatay bilang isang Kristiyanong martir! Datapuwat ang lawak ng ating walang hanggang pamana, ang sukatan kung saan tayo ay papasok sa pag-asa ng Kristiyano, ay natutukoy sa kung gaano natin lubos na niyayakap ang krus at pumasok sa pakikiisa sa Kanyang paghihirap.

## PAANO PAGTIISAN ANG MGA PAGHIHIRAP NI KRISTO

Habang ang anumang uri ng paghihirap ay isang pagsubok na maaaring magpahina at sumira ng ating loob, tayo ay binibigyan ng ilang mga susi sa Hebreo 12:1-3 kung paano natin matagumpay na pagtitiisan ang mga paghihirap ni Kristo. Mababasa natin mula roon, "*Kaya nga, tayo rin naman ay napapalibutan ng gayong makapal na ulap ng mga saksi. Ating isaisangtabi ang bawat bagay na humahadlang sa atin at ang kasalanang napakadaling bumalot sa atin. Takbuhin nating may pagtitiis ang takbuhing inilaan sa atin. Ituon natin ang ating mga mata kay Jesus na siya ang nagpasimula at nagpapaging-ganap ng ating pananampalataya. Siya ay nagbata ng krus alang-alang sa kagalakang itinalaga sa kaniya at hinamak niya ang kahihiyan. Pagkatapos ay umupo sa kanang kamay ng trono ng Diyos. Dapat ninyo siyang isaalang-alang na mabuti upang huwag kayong manlupaypay at huwag manghina ang inyong kaluluwa, dahil siya ay nagtiis ng labis na pagsalungat mula sa mga taong makasalanang laban sa kaniya."*

Ang unang susi na binanggit sa mga talatang ito ay tungkol dito sa *"makapal na ulap ng mga saksi."* Ito ay ang mga dakilang lalaki at babae ng pananampalataya na binanggit sa naunang kabanata ng Hebreo 11. Hinihikayat nila tayong takbuhin ang ating Kristiyanong takbuhin nang may pagtitiis, katulad ng ginawa

nila. Marami sa kanila ay nagtiis ng matinding paghihirap, gayunman ay nagtagumpay upang makapasok sa isang maluwalhating walang-hanggang mana. Ang una, si Abel, namatay bilang isang martir. Ang pangatlo, si Noah, ay nagtiis ng mga pang-aalipusta at panganib ng maraming taon mula sa mga makasalanan at marahas na henerasyon. Ang sumunod na bayani ng pananampalataya, si Abraham, ay naging isang manlalakbay at estranghero habang sumunod siya sa Diyos. Nariyan din si Jose, na ipinagkanulo ng kanyang mga kapatid at ng asawa ng kanyang amo upang maging alipin at bilanggo. Ang lahat ng mga nagdaang bayani ng pananampalataya na ito ay nagtagumpay laban sa matitinding mga paghihirap upang makapasok sa kanilang gantimpala. Ngayon, katulad ng mga manonood sa isang palaro na sumisigaw at pumapalakpak sa mga manlalaro, ang kanilang matagumpay na halimbawa ay hihikayat sa atin sa ating pagtakbo sa takbuhin na inihanda sa ating harapan. Ang mga pagsubok na kailangan nating tiisin ay madalas tila mas maliit at mas madali kapag isinaalang-alang natin ang kanilang pinagdaang magtagumpay!

Kasunod nito, tayo ay hinihimok na tumingin kay Hesus. Ito ay magbibigay sa atin ng ilang susi upang magpanibangong muli ang biyaya ng Diyos sa ating buhay. Ang unang susi ay makikita kung ating isaalang-alang kung paano nagtagumpay si Kristo. Nabasa natin na, "*alang-alang sa kagalakang itinalaga sa kaniya,"* ang ating Panginoon ay nagbata ng krus. Walang anumang nakagagalak noong araw na si Cristo ay ipinako. Gayunpaman, ay nakayanan ng ating Panginoon na tumingin *sa kabila* ng kanyang paghihirap at kahihiyan upang makita ang isang nakasisiyang kahihinatnan. Nakita niya ang maraming tao na maliligtas sa pamamagitan ng Kanyang sakripisyong kamatayan. Nakita ni Kristo kung paanong ang kapangyarihan ni Satanas ay nawasak sa pamamagitan ng gawa ng krus. Alam din Niya na kukunin Niya ang mga susi ng kamatayan at ng impiyerno, upang umakyat muli sa kalangitan at umupo ng matagumpay sa Kanyang maluwalhating trono! Dahil ang Kanyang pangitain ay tumingin sa kabila ng mga pagdurusa ng Kanyang kamatayan upang makita ang nakagagalak na mga resulta, na angkin ni Kristo ang kinakailangang lakas upang matiis ang krus.

May mga pagkakataon din sa ating buhay na tayo ay nagdurusa, at ang ating kasalukuyang kalagayan ay walang kagalakan. Ito ang pagkakataon kung saan ay kailangan din nating itaas ang ating pangitain at tumingin sa kabila sa ating mga kasalukuyang paghihirap. Ang Nehemiah 8:10 ay nagsasabi sa atin na ang kagalakan ng Panginoon ay ating kalakasan. Katulad ni Kristo, tayo rin ay maaaring magkamit ang kalakasan na bathin ang krus kung ating makikita ang mga nakagagalak na kahihinatnan ng ating kasalukuyang paghihirap.

Nang tayo ay sinabihan na "*tumingin kay Hesus*," isa pang susi ang ibinibigay sa atin kung ating mauunawan ang mga kaugalian ng mga paligsahan noong panahon ng Imperio ng Roma. Kapag malapit na ang mga mananakbo sa hangganan ng takbuhin, makikita nila ang hukom ng palaro na nakatayo roon, hawak ang gantimpala ng mananalo. Kaya't kung ang Kristiyano ay mananatiling nakatingin sa dulo ng takbuhin, makikita niya ang Panginoon na nakatayo roon upang gantimpalaan ang magtatagumpay. At ano ang Kanyang gantimpala? Dito ay tinawag si Kristo na "*nagpasimula at nagpapaging-ganap ng ating pananampalataya."* Tatapusin Niya ang ginagawa Niya sa atin kapag narating natin ang dulo ng ating takbuhin mula rito sa lupa patungong langit. Ang ating pag-asa ng kaluwalhatian ay ating makakamit!

# Kabanata 12

# MAMASDAN ANG PANGINOON

Tinapos natin ang ating huling kabanata sa pamamagitan ng pagsasaalang-alang sa kahalagahan ng "*pagtingin kay Hesus*." Ang ating kaunawaan sa katotohanang ito ay higit pang lalawak habang patuloy nating pag-aaralan ang tungkol sa pagtingin sa Panginoon. Masusumpungan natin na ang bahaging ito ng karunungan ay isa pang mahalagang paghahanda para sa ating pagpasok sa pag-asa ng Kristiyano. Gayunpaman, maraming iba't ibang pananaw kung saan ay maaari nating makita ang masaganang mga mapagkukunan na nakapaloob sa katotohanang ito.

Marahil ang pinakamadaling paraan upang maunawaan ang kapangyarihan ng katotohanang ito ay ang pagtinginsa 1 Juan 3:2. Sinabihan tayo doon, *"Mga minamahal, ngayon ay mga anak na tayo ng Diyos bagaman hindi pa nahahayag kung magiging ano tayo. Ngunit alam natin na kapag mahahayag Siya, tayo ay magiging katulad Niya sapagkat makikita natin Siya kung ano ang anyo Niya."* Dito ay makikita natin na ang paraan upang tayo ay maging katulad ni Kristo ay kung makikita natin Siya. Kapag si Kristo ay inihayag sa Kanyang kaluwalhatian at kapangyarihan, ang kapahayagang iyon ay may kapangyarihang makapagpabago upang tayo ay maging katulad Niya!

### SA IKALAWANG PAGPARITO

Ang isang pangunahing katuparan ng talatang ito ay magaganap para sa mga makakakita kay Kristo sa Kanyang ikalawang pagparito. Sinasabi sa atin ng Kasulatan kung paanong ang pangyayaring ito ay magpapabago sa mga banal na sasalubong sa kanya sa himpapawid. Sa 1 Tesalonica 4:16-17 mababasa natin, "*Ito ay sapagkat ang Panginoon din ang siyang bababa mula sa langit na may isinisigaw na utos, na may tinig ng pinunong-anghel at may trumpeta ng Diyos. Ang mga patay kay Cristo ay unang magbabangon. Pagkatapos nito, tayong mga buhay at naririto pa ay kasama nilang aagawin sa mga alapaap upang salubungin natin ang Panginoon sa hangin."*

At tulad nito sa1 Corinto 15:51-53 mababasa din natin, *"Lahat ay babaguhin sa isang iglap, sa isang kisap mata, sa huling pagtunog ng trumpeta dahil ang trumpeta ay tutunog at ang mga patay ay*

*ibabangong walang kabulukan at tayo ay mababago. Ito ay sapagkat kinakailangang ang may kabulukang ito ay maging walang kabulukan at ang may kamatayang ito ay maging walang kamatayan."*

Kapag si Kristo ay naihayag sa pangalawang pagbabalik, ang lahat ng mga banal na nabubuhay ay aagawin upang salubungin Siya sa himpapawid, at babaguhin sa isang kisap mata. Ang kapangyarihan ng muling nabuhay na si Kristo ang magbabago ng kanilang mga likas na katawan sa walang kamatayang muling binuhay na mga katawan. Ang kaluwalhatian ng Anak ng Diyos ang siya ring magbabago sa kanilang mga espiritu, at magdadala sa mga anak ng Diyos sa kaluwalhatian! Katulad ng sinabi ni Apostol Juan, "*Ngunit alam natin na kapag mahahayag Siya, tayo ay magiging katulad Niya sapagkat makikita natin Siya kung ano ang anyo Niya,"* 1 Juan 3:2.

## PAGKATUTO KUNG PAANO MAMASDAN ANG PANGINOON NGAYON

Gayunpaman, may isa pangnapakahalagang katuparan ng 1 Juan 3:2 na hindi na kailangang maghintay ng ikalawang pagbabalik. Maaari na nating makita si Hesus ngayon! Habang lalo nating nakikita ang Panginoon, ay lalotayong nababago upang maging katulad Niya – ngayon na. Ating mababasa sa 2 Corinto 3:18, "*Ngunit makikita nating lahat, ng walang takip sa mukha, ang kaluwalhatian ng Panginoon. Tulad sa isang salamin, makikita nating lahat na tayo ay matutulad sa gayong anyo mula sa kaluwalhatian tungo sa kaluwalhatian. Ito ay tulad ng nagmula sa Panginoon na siyang Espiritu*." Ito ay isang bagay na dapat ay kasalukuyan nang nagaganap sa ating paglagong Kristiyano habang natututunan nating lumakad kasama ang Panginoon araw-araw.

Tayo ay lalong nababago ayon sa wangis ni Kristo sa tuwing pinagmamasdan natin Siya. Sa ating pansariling pakikipagtagpo sa Diyos, mga gawain sa iglesiya, at sa kahit anong oras na tayo ay tumitingin sa Panginoon, nais natin Siyang makita nang higit na malinaw at malawak na paraan. Ito naman ang magbabago sa atin "*mula sa kaluwalhatian tungo sa kaluwalhatian."* Ito ay dahil sa kapag ipinahayag ang Kanyang kaluwalhatian, maaari itong lumaganap at baguhin ang ating espiritu upang maging katulad Niya.

Kapag sinasabi sa atin ng 2 Corinto 3:18 na tayo ay nababago habang nakikita natin ang Kanyang kaluwalhatian, ang salitang "nababago" mula sa orihinal na Griyego ay 'metamorphoo.' Mula dito ay makukuha natin ang salitang Ingles na *'metamorphosis.*' Ang salitang ito ay ginagamit upang isalarawan ang higad na binago upang maging paru-paro. Katulad ng isang abang higad na maaaring mabago upang

maging isang magandang paru-paro, tayo rin ay maaaring mabago mula sa isang makalupang kalikasan ni Adan tungo sa isang makalangit na kalikasan ni Kristo!

Ang parehong salita na isinalin sa 2 Corinto 3:18 na *"nababago"* ay ang parehong salita rin na isinalin sa Mateo 17:2 bilang *"nagbagong anyo."* Doon ay mababasa natin ang tungkol kay Kristo sa Bundok ng Pagbabagong-anyo, *"Nagbagong-anyo siya sa harap nila. Nagliwanag ang kaniyang mukha na parang araw. Pumuti ang kaniyang mga damit na gaya ng busilak ng liwanag."* Kaya nga hindi lamang na ito ay naaayon sa bibliya kapag sinabi na ang mga banal ay sumasailalim sa *metamorphosis*(pagbabagong-anyo) habang mas lubos natin Siyang nakikita, kundi masasabi rin natin na tayo ay magbabagong anyo tungo sa kaluwalhatian ng Kanyang wangis!

Sa Isaias 6:1-8, si Isaias ay nabago nang makita niya ang Panginoon sa Kanyang kaluwalhatian. Ang kanyang makasalanang labi ay nalinis, at siya ay nabago upang maging isang propeta. Ito ay isang bahagi ng larawan ni Kristo na pinasukan niya sa panahong iyon, sapagkat si Kristo ay *ang* Propeta.

Sa Lucas 5:4-11 mababasa natin ang kwento kung kailanibinigay ni Kristo ang kanilang unang himala nang paghuli ng isda. Nang nakita ni Pedro ang higit na sulyap kung sino si Hesus, siya ay nagpatirapa sa Kanyang paanan at sinabi, *"Panginoon, lumayo ka sa akin sapagkat ako ay isang taong makasalanan!"* Pagkatapos nga ay malumanay na nagsalita ang Panginoon kay Pedro, at binago siya mula sa isang mangingisda tungo sa isang mamalakaya ng mga tao! Dito, si Pedro ay nabago sa pamamagitan *ng* Ebanghelista, upang makibahagi sa Kanyang kalikasan at maging isang ebanghelista.

Sa mga Ebanghelyo, mababasa natin kung paanong si Apostol Juan ay unang tinawag na "Anak ng Kulog" upang ilarawan ang kanyang likas na katangian (tingnan sa Marcos 3:17). Ngunit habang si Juan ay lumakad kasama ni Kristo ang kanyang katauhan ay nabago, hanggang sa ang Iglesia kalaunan ay nagbigay sa kanya ng titulong, "Ang Apostol ng Pag-ibig", Si Juan ay pumasok sa bahaging ito ng kalikasan ni Kristo, dahil nakita niyana si Kristo ay Diyos, at ang "Diyos ay Pag-ibig" 1 Juan 4:8.

Ang Panginoon ay maaaring magpasya na ihayag ang Kanyang sarili sa pamamagitan ng Espiritu kailanman Niya piliin. Maaaring ito aysa mga panahon ng ating pagsamba at pananalangin. Katulad ni Pedro, ito ay maaaring panahon ng ating pangingisda! Kailanman Niya piliing magpakita sa atin ay nais nating maging sensitibo upang makita Siya, at tumugon sa kung ano ang nais Niyang gawin sa ating buhay.

Gayunpaman, ang isang pangkaraniwang paraan ng Panginoon na ipahayag ang Kanyang sarili sa atin ay sa ating pribadong debosyonal na buhay. Hindi natin nais na magkaroon lamang ng isang pormal na oras ng araw-araw na pananalangin at pagbabasa ng Bibliya. Nais nating makita si Hesus! Ngunit higit pa sa ating hangarin na makita Siya, ay ang hangarin Niyangipahayag ang Kanyang sarili sa atin. Kapag Siya ay kumakatoksa pintuan ng ating puso at inaanyayahan tayong makipagniig sa Kanya, kailangan natin matutong tumugon kaagad. Hindi tayo dapat maging katulad ng babaing ikakasal na mabagal na tumugon sa paanyaya ng kanyang kasintahan na makipagkita sa kanya. Sinabi niya sa Awit ni Solomon 5:2-6, *"Ako'y nakatulog, nguni't ang aking puso ay gising: ang tinig ng aking sinta ang siyang tumutuktok, na kaniyang sinasabi, pagbuksan mo ako, kapatid ko, sinta ko, kalapati ko, sakdal ko: sapagka't ang aking ulo ay basa ng hamog, ang aking mga kulot na buhok ay ng mga patak ng gabi. Aking hinubad ang aking suot; paanong aking isusuot? Aking hinugasan ang aking mga paa paanong sila'y aking dudumhan? Isinuot ng aking sinta ang kaniyang kamay sa butas ng pintuan, at nakilos ang aking puso sa kaniya. Ako'y bumangon upang pagbuksan ang aking sinta; at ang aking mga kamay ay tutulo ng mira, at ang aking mga daliri ng malabnaw na mira. Sa mga tatangnan ng trangka. Aking pinagbuksan ang aking sinta: nguni't ang aking sinta ay umurong at nakaalis, napanglupaypay na ako ng aking kaluluwa nang siya'y magsalita: aking hinanap siya, nguni't hindi ko nasumpungan siya; aking tinawag siya, nguni't hindi siya sumagot sa akin."*

Dito ay makikita natin nanapakabagal nang pagtugon ng babaing ikakasal sa kanyang minamahal noong siya ay dumating upang makipagtagpo sa kanya. Dahil dito, siya ay nakaalis na bago pa niya nagawang anyayahan ito na pumasok. Ito ay naglalaman ng mahalagang katotohanang espirituwal para sa atin. Si Kristo na ating Minamahal ay hindi napasailalim ng anumang pananagutan na makipagtagpo sa atin sa ating piniling oras, o sa paraang ayon sa gusto natin. Hindi tayo ang Panginoon, at hindi Siya ang ating alipin! Totoo na Siya ay mabiyaya upang tayo ay katagpuin sa kabila ng ating mga kahinaan at mga pagkukulang. Gayunpaman, Siya ay ang Panginoon, at tayo ang kailangang matuto kung paano tumugon sa Kanya! Kung Siya ay tatawag sa atin sa kalagitnaan ng gabi, hindi tayo dapat maging katulad ng babaing ikakasal at sasabihin, 'Panginoon, kalagitnaan ng gabi at kailangan ko ng tulog! Paano ako makakatayo sa mula sa mainit kong higaan at makipagtagpo sa Iyo ngayon?'. Kapag kinikilos ng Panginoon ang ating espiritu sa kalagitnaan ng araw, upang dalhin tayo sa tabi at maglaan ng panahon kasama Siya, hindi tayo dapat sumagot ng, 'Panginoon, ang aking normal na oras ng pananalangin ay bago ako matulog!' Ang ating lumalagong pakikipagtagpo at pakikipagniig kay Kristo ay nakasalalay sa ating pagtugon sa Kanya kung pinipili Niyang makipagtapo sa atin. Ang pagkatuto sa aral na ito nang

mabilis ay makatutulong sa atin na makipatagpo sa Kanya sa mga dakilang kaparaananna magbabago sa atin upang lalong maging katulad Niya.

## PAGKILALA SA PANGINOON SA KANYANG KATAWAN

Bukod pa rito, may iba pang mga paraan na makikita natin ang Panginoon at ang Kanyang nagbabagong kaluwalhatian. Sa Juan 17:22 sinabi ng Panginoon Hesus sa Ama, "*Ang kaluwalhatian na ibinigay Mo sa Akin ay ibinigay Ko sa kanila upang sila ay maging isa tulad natin na isa.*" Kung paanong ang kaluwalhatian ni Hesus ay maaari tayong pagkaisahin sa Kanya, maaari din nitong pagkaisahin ang lahat ng Katawan ni Kristo. Kaya, saan natin makikita ang kaluwalhatiang ito nanagbubuklod? Makikita natin ito sa bawat isa! Habang nakikita natin ang kaluwalhatian ni Kristo sa bawat tunay na mananampalataya, ang pangitaing iyon ang magbabago sa ating lahat upang maging katulad Niya.

Sa Kawikaan 17:6 mababasa natin, *"Ang kaluwalhatian ng mga anak ay ang kanilang ama."* Ang isang pagpapaliwanag ng katotohanang ito ay ang ating mga espirituwal na ama ang ating kaluwalhatian. Habang nakikita natin si Hesus sa kanilang mga buhay at ministeryo, tayo ay nababago upang lalongmaging katulad ng Panginoon.

Sa 1 Tesalonica 2:19-20 sinabi rin ni Apostol Pablo ang tungkol sa kanyang mga napagbalik-loob, *"Sapagkat ano nga ba ang aming pag-asa, o kagalakan o putong ng kagalakan? Hindi ba kayo sa harapan ng ating Panginoong Jesucristo sa kaniyang pagbabalik? Ito ay sapagkat kayo ang aming kaluwalhatian at kagalakan."* Dito ay mauunawaan natin na ang ating mga espirituwal na anak ay maaari din nating maging kaluwalhatian. Ang bawat ganap naKristiyanong isa ng espirituwal na ama o ina ay tumatanggap ng isang sukat ng kaluwalhatian sa pamamagitan ng mga alagad na sumusunod sa kanila.

## ANG KATAWAN NI KRISTO, NAGKAKAISA AT GANAP

Sapinakadulo ng Lumang Tipanmay isang propesiya tungkol sa kung paano ihahanda ng Panginoon ang Kanyang bayan para sa kanyang pagbisita. Sa Malakias 4:5-6 mababasa natin, "*Narito, aking susuguin sa inyo si Elias na propeta bago dumating ang dakila at kakilakilabot na kaarawan ng Panginoon. At kaniyang papagbabaliking-loob ang puso ng mga ama sa mga anak, at ang puso ng mga anak sa kanilang mga magulang; baka ako'y dumating at saktan ko ang lupa ng sumpa*." Ito ay bahagyang natupad sa unang pagparito ni Kristo. Habang ang anghel na si Gabriel ay nagbigay ng propesiya tungkol kay Juan Bautista,

"*Siya ay yayaon sa harapan ng Panginoon sa espiritu at kapangyarihan ni Elias 'upang ibalik ang mga puso ng mga ama sa mga anak.'"* Lukas 1:17. Si Juan ay pinahiran ng espiritu ni Elias upang mangaral ng pagsisisi. Ang pagsisising ito ang nagbuklod sa bayan ng Diyos, habang ang mga puso ng mga ama at mga anak ay nanumbalik sa isa't isa. Pagkatapos ay ano ang kahahantungan? Ayon sa Isaias 40:3-5, ito ay upang ihayag ang kaluwalhatian ng Panginoon!

Gayunpaman, ang propesiya sa Malakias 4:5-6 ay makakasumpong ng isang mas kumpletong katuparan ng husto sa katapusan ng Panahon ng Iglesiya. Ito ay dahil ang *'dakila at kakilakilabot na araw ng Panginoon'* na sinasabi sa Malakias ay hindi ang una, kundi ang ikalawang pagdating ni Kristo. Upang ihanda ang bayan ng Diyos sa Kanyang ikalawang pagdating, muling ibabangon ng Panginoon ang ministeryo ng mga propeta sa espiritu at kapangyarihan ni Elias. Sa buong daigdig, ang mensahe ng pagsisisi at pagpapanumbalik ay maghahanda sa Iglesiya para sa kaluwalhatian ng Panginoon na mahahayag! Habang ang mga puso ng espirituwal na mga ama at mga anak ay manunumbalik sa isa't isa, wala nang pagkakahati-hati, paninibugho, pagmamataas, o alitan sa mga mananampalataya. Ang katawan ni Krito ay magkakaisa upang magpalakasan sa isa't isa at babangon patungo sa kaganapan, ayon sa maluwalhating wangis ni Kristo.

Katulad ng sinabi ni Apostol Pablo sa Efeso 4:12-14, ang mga lingkod (o espirituwal na mga ama) ay magpapagal, *"Ito ay upang maging handa ang mga banal para sa gawaing paglilingkod at para sa ikatitibay ng katawan ni Cristo. Ito ay hanggang sa maabot nating lahat ang pagkakaisa ng pananampalataya at ng kaalaman sa Anak ng Diyos, hanggang sa tayo ay maging sakdal, hanggang sa tayo ay lumaki sa pinakasukat ng kataasan ng kapuspusan ni Cristo. Ito ay upang hindi na tayo maging mga bata na sinisiklot at tinatangay kung saan-saan ng bawat hangin ng katuruan. Ito ay sa pamamagitan ng pandaraya ng mga tao at ng katusuhan na naghahatid patungo sa mapanlinlang na kaparaanan."* Ang Katawan ni Kristo ay babangonsa lubos na kaganapan at ang kaluwalhatian ng Diyos ay mahahayag! Ang bawat mananampalataya ay magkakamit ng pag-asa ng Kristiyano. Si Kristo na nasa iyo (na sa kasalukuyan ay ang ating hinaharap na pag-asang kaluwalhatian) ay magiging Kristo na ipinahayag sa kaluwalhatian, sa buong kawalang-hanggan, sa buhay ng bawat tinubos na banal! Patungo sa pangitain na ito, nawa ang bawat isa sa atin aylubos namaihandog ang ating mga buhay sa Panginoon. Sa pamamagitan ng Kanyang karunungan nawa ang bawat isa sa atin ay maghanda rin para sa mabilis at masaganang pagpasok tungo sa maluwalhating pag-asa ng Kristiyano.

*"Kay lalim ng kayamanan ng katalinuhan at karunungan ng Diyos.Walang makakasaliksik ng kaniyang mga kahatulan. Walang makakasunod sa kaniyang landas! ...Ito ay sapagkat ang lahat ng mga bagay ay mula sa kaniya. Ang mga bagay ay sa pamamagitan niya at para sa kaniya. Sumakaniya nawa ang kaluwalhatian magpakailanman. Siya nawa."*

- Roma 11:33, 36